# Mithiin para sa Pagbabago: Sama-sama sa Pagsusulong ng Malinis na Hangin at Katarungan sa Kapaligiran

> "Para sa akin, ang katarungan sa kapaligiran ay isang usapin ng kung sino ang makakasilong sa isang mayabong at magandang puno sa panahon ng tag-init.".
>
> - Michael Tubbs, may-akda ng *The Deeper the Roots* at Special Advisor ni Gobernador Gavin Newsom para sa Mobility ng Ekonomiya at ang tagapagtatag ng End Poverty in California (EPIC).

Hindi lahat sa Bay Area ay "makakasilong sa isang mayabong at magandang puno sa panahon ng tag-init." Tulad ng hindi lahat ay may pribilehiyong makalanghap ng malinis na hangin.

Sa loob ng halos pitumpung taon, pinangunahan ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang daan tungo sa mas malinis na hangin para sa mga taong nakatira sa Bay Area. Kami ay may mga ipinapatupad na makabagong regulasyon sa mga negosyo at industriya, nagpondo ng mas malilinis na sasakyan at truck, at nakipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan na gumawa ng mas malinis na kapaligiran. Sa mga pagsisikap na ito, nag-transform at luminis ang kalangitang puno ng smog. Sa kasamaang-palad, hindi naging pantay ang pakikibahagi ng lahat sa mga pagpapahusay na ito.

Mula pa noong 1955, nakatuon na ang ating mga pagsisikap sa mga panrehiyong solusyon sa nararanasan ng marami bilang mga lokal na problema. Ang mga komunidad malapit sa mga freeway, kalsadang maraming dumaraan, distribution center, at malalaking pang-industriyang pasilidad ay nalalantad sa mas mataas na antas ng polusyon sa hangin kumpara sa iba pang nasa Bay Area. Kadalasan pa, mga community of color na may mas mababang kita ang mga komunidad na ito.

Patuloy na nakakaranas ang mga community of color na ito ng mas mataas na antas ng polusyon sa hangin na hindi nagkataon lang. Ang mga komunidad gaya ng West at East Oakland, Richmond, North Richmond, San Pablo, at Bayview-Hunters Point ay ilan taon nang nagtitiis sa mga mapagbukod at mapandiskriminang patakaran ng pamahalaan, na nagresulta sa matagal nang kawalan ng katarungan sa kapaligiran. Humantong ang mga nasabing kawalan ng katarungan sa mga antas ng polusyon na mas mataas kaysa sa average, hindi magagandang resulta sa kalusugan, at mas maikling inaasahang haba ng buhay sa mga komunidad.

Kaya bagama't napaganda ng ating mga pagsisikap sa nakalipas na pitong dekada ang pangkalahatang kalidad ng hangin sa antas ng rehiyon, kailangan ay mas marami pa tayong magawa para sa mga komunidad na patuloy na nakakaranas ng lokal na polusyon sa hangin at kawalan ng katarungan sa kapaligiran. Ilang dekada ng pinsala ang kailangan nating itama. Dapat ay pagkatiwalaan tayo

**Layunin**

*Pinapaganda ng Distrito ng Hangin ang kalidad ng hangin para maprotektahan ang kalusugan ng publiko, mabawasan ang mga dati na at kasalukuyang hindi pagkakapantay-pantay sa kapaligiran, at mapagaan ang pagbabago ng klima at ang mga epekto nito.*

**Mithiin**

*Sa susunod na 5 taon, ita-transform ng Distrito ng Hangin ang workforce, operasyon, pakikipag-ugnayan sa komunidad, at mga programa nito para mapaganda ang kalidad ng hangin, madagdagan ang tiwala ng publiko, at magpakita ng mahusay na pamamalakad sa pangangalaga ng kapaligiran na nakatuon sa pagkakapantay-pantay.*



DRAFT

ulit ng mga komunidad na ilang henerasyon nang binabalewala ng mga ahensya ng pamahalaan. Dapat nating ituon ang ating mga pagsisikap sa pagtiyak na mapapakinggan ang mga komunidad na napinsala ng polusyon, at makuha nila ang malinis na hangin at mas mabuting kalusugan na madalas ay hindi napapahalagahan ng ibang bahagi ng rehiyon.

Para makamit ito, kakailanganin ng pagbabago sa organisasyon. Kailangan nating maging mas handa at tumuon sa pagkamit ng mga mas makabuluhan at nasusukat na pagpapaganda sa lokal na kalidad ng hangin, at magawa ito sa pakikipagtulungan sa mga komunidad. Kailangan nating maging mas cohesive at inclusive, na Iisang Distrito ng Hangin na may iisang layunin, na may malinaw na landas at mga naaayong resource. Kailangan nating maging mas efficient, epektibo, at transparent, nang may kakayahang tugunan ang mga pangangailangan ng Bay Area at ng mga komunidad nito, lalo na ng mga dati nang epekto ng kawalan ng katarungan sa kapaligiran.

## Saklaw ng Estratehikong Plano

Responsibilidad ng Distrito ng Hangin na pangasiwaan ang mga stationary na source ng polusyon sa hangin sa San Francisco Bay Area. May mga ipinapasa at ipinapatupad kaming iba't ibang regulasyon sa mga industriya, negosyo, at aktibidad, mula sa pagsusunog ng kahoy sa mga fireplace hanggang sa pag-refine ng mga fossil fuel, para matiyak na mababawasan ang polusyon sa hangin. Namamahagi rin kami ng mahigit sa $150 milyong incentive na pondo ng estado at pederal bawat taon para mabawasan ang polusyon sa hangin mula sa mga mobile na source, gaya ng mga sasakyan, truck, school bus, equipment sa port at konstruksyon, equipment sa bakuran at hardin, at kalan at fireplace na gumagamit ng kahoy.

Ang pangunahing gawain na ito ng Distrito ng Hangin ay napakahalaga sa aming mga pagsisikap na bawasan ang polusyon sa hangin, protektahan ang kalusugan ng mga tao, at pagaanin ang pagbabago ng klima. *Ang 2024-2029 Estratehikong Plano* ay tungkol sa kung paano namin ita-transform ang gawaing ito para mas epektibong matugunan ang mga isyu sa kalidad ng hangin, nang nakatuon sa mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon sa hangin. Tungkol din ito sa kung paano namin ita-transform ang aming organisasyon para mas umayon sa aming pangunahing prinsipyo na katarungan sa kapaligiran, pagkakapantay-pantay, integridad, pakikipagtulungan, transparency, at tiwala.

## Transformation na May Inspirasyon

Ang *2024-2029 Estratehikong Plano* ay isang mahalagang hakbang sa paglalakbay tungo sa katarungan sa kapaligiran ng Distrito ng Hangin. Bagama't may ilan nang pagsisikap sa katarungan sa kapaligiran sa komunidad na sinalihan ang Distrito ng Hangin sa nakalipas na ilang dekada, hindi iyon naging sapat. Hangarin naming i-transform ang aming organisasyon mula sa isang lumulutas ng mga problema sa kalidad ng hangin sa antas ng rehiyon, tungo sa isang nakikipagtulungan sa mga komunidad para mabawasan ang polusyon sa hangin sa lokal na antas. Hangarin naming aktibong isulong ang katarungan sa kapaligiran sa aming ginagawa. Ang hangaring ito ay bunga ng aming mga pakikipagtulungan sa mga komunidad sa nakalipas na limang taon na gumawa ng mga plano para mabawasan ang hindi patas na pagkakalantad sa lokal na polusyon sa hangin, at sa kakatalaga lang na Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad.

***Pakikipagtulungan sa Komunidad Kaugnay ng Batas ng Estado***

Noong Setyembre 2017, binago ng isang batas ng estado, ang Panukalang-batas ng Asembleya 617, kung paano nagpaplano ang mga lokal na distrito ng hangin para sa kalidad ng hangin. Inaatasan ng batas ang mga lokal na distrito ng hangin na makipagtulungan sa mga komunidad na gumawa ng mga plano para sa pagsubaybay at pagbabawas ng polusyon sa kanilang mga komunidad. Ang mga komunidad na pinili para sa pakikipagtulungan ay ang mga komunidad na may mas mataas na antas ng polusyon sa hangin kumpara sa iba pang bahagi ng Bay Area, at may mga kahinaan sa kalusugan, gaya ng mataas na rate ng hika, sakit sa puso, at posibilidad ng cancer. Ito rin ang mga komunidad na apektado ng mga mapandiskriminang patakaran ng pederal, estado, at lokal kasama ang redlining, urban renewal, konstruksyon ng highway, at lokal na kodigo ng zoning na nagpapahintulot sa mga industriyang nagdudulot ng polusyon na lumipat sa o malapit sa mga residensyal na komunidad. Nakaranas na ang mga komunidad na ito ng disinvestment, limitadong access sa mga serbisyo sa kalusugan at masustansyang pagkain, hindi magandang kalidad ng edukasyon, at iilan lang na lokal na parke at bukas na espasyo. Kadalasan, sila ay mga community of color na may mababang kita.

Mula nang maipasa ang batas, dalawang plano sa pagbabawas ng emisyon at isang plano sa pagsubaybay ang pinagtibay na sa Bay Area. Ang *Owning Our Air* ay ginawa kasama ng West Oakland Environmental Indicators Project at isang Steering Committee ng Komunidad. Ang planong ito ay may kasamang 84 na estratehiya sa pagbabawas ng polusyon sa hangin at pagkakalantad sa polusyon sa hangin sa West Oakland. Gumawa ng plano sa pagsubaybay ng komunidad at binuo ang plano sa pagbabawas ng emisyon na Daan Tungo sa Malinis na Hangin kasama ng komunidad ng Richmond, North Richmond, at San Pablo. Ang *Daan Tungo sa Malinis na Hangin* ay may 31 estratehiya at 140 pagkilos para mabawasan ang polusyon sa hangin. Nakikipagtulungan kami ngayon sa East Oakland at BayviewHunters Point-Southeast San Francisco na gumawa ng mga katulad na plano.

***Pakikinig ng Konseho sa Boses ng Komunidad sa Pagpapasya***

Ang Konseho sa Pagpapayo ng Lungsod ng Distrito ng Hangin, na binubuo ng 17 lider at eksperto sa komunidad na nakatira o nagtatrabaho sa mga komunidad na lubos na apektado ng lokal na polusyon sa hangin, ay binuo noong. Nagbibigay ang konseho ng gabay sa Lupon ng Mga Direktor tungkol sa mga programa at patakarang nakakaapekto sa lahat ng komunidad, pati sa mga lubos na apektadong komunidad. Nagbibigay sila ng mga rekomendasyon sa Distrito ng Hangin tungkol sa usapin ng pagkakapantay-pantay at katarungan sa kapaligiran para mapaganda ang kalidad ng hangin sa lahat ng komunidad, nang isinasapriyoridad ang mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon sa hangin.

Mula nang simulan nilang magpulong noong Enero 2022, tinalakay na ng Konseho sa Pagpapayo ng Lungsod ang mga konsepto ng katarungan sa kapaligiran at mga posibleng pagkilos sa pamunuan at mga empleyado ng Distrito ng Hangin sa buong organisasyon. Gumawa ang konseho ng hanay ng Mga Priyoridad ng Katarungan sa Kapaligiran na magsisilbing pundasyong gabay habang binubuo ng Distrito ng Hangin ang estratehikong plano nito. Ang mga pakikipag-usap sa konseho tungkol sa pangunahing gawain ng Distrito ng Hangin at kung paano ito puwedeng mag-shift para isaalang-alang ang pangunahing prinsipyo na katarungan sa kapaligiran ang ginawang batayan at

nagpahusay sa mga estratehiya sa *2024-2029 Estratehikong Plano*. Sa mga pakikipagtulungang ito sa komunidad at sa Konseho sa Pagpapayo ng Lungsod, patuloy kaming natuto tungkol sa katarungan sa kapaligiran. Natutunan na naming pahalagahan ang boses at kaalaman ng komunidad, at ang ugnayan namin sa kanila. Ngayon, alam na naming dapat naming unahin ang komunidad, katarungan sa kapaligiran, at pagkakapantay-pantay sa aming trabaho sa mga susunod pang taon at dekada.

## Sama-samang Pagpaplano para sa Pagbabago

Ginawa ang *2024-2029 Estratehikong Plano*, sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga lider ng komunidad, empleyado ng Distrito ng hangin, Lupon ng Mga Direktor at mga miyembro ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad, kinatawan mula sa mga pinaghihigpitang industriya, at aming mga partner sa pamahalaan. Sa loob ng ilang buwan, tinalakay namin ang mga kailangang baguhin, ang mga nagagawa namin nang maayos, at ang mga puwede pa naming pagbutihin. Pinag-usapan namin ang mga internal na kalakasan at kahinaan ng Distrito ng Hangin, at ang mga external na oportunidad at banta. Nagsagawa kami ng mga ensayo sa mithiin para malaman kung ano ang gusto naming maging sa katagalan, at ang inaasahan naming makamit nang mabilisan. Nakipag-collaborate kami sa mga layunin at estratehiya at layuning kinakailangan para sa tunay na pagbabago.

Ang natutunan namin ay mahalaga sa mga tao ang mas lalong pagtuon ng Distrito ng Hangin sa katarungan sa kapaligiran at sa pakikipag-ugnayan sa komunidad. Kinikilala nila ang aming kaalaman at teknikal na husay, at ang pagpapahalaga namin sa agham. Narinig namin ang tungkol sa aming mga internal na pagsubok, gaya ng hindi magandang internal na komunikasyon at mga bureaucratic na prosesong hindi nakakatulong sa pagbabago, inobasyon, at pakikipag-collaborate. Nalaman naming may kakulangan pa rin sa tiwala sa Distrito ng Hangin, partikular na sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon. Mayroon ding lugar para sa oportunidad. Ang pagbibigay ng permit at pagpapatupad sa aming mga regulasyon sa mga industriya, gasolinahan, generator, at iba pang stationary na source ay puwede pang maging mas transparent, efficient, at isang mekanismo sa

**Mga Pangunahing Prinsipyo**

**Katarungan sa Kapaligiran**: Isasaalang-alang namin ang mga prinsipyo ng katarungan sa kapaligiran sa lahat ng aspeto ng aming trabaho, at hangarin naming pabutihin pa ang mga resulta ng katarungan sa kapaligiran para sa mga pinakaapektadong komunidad.

**Pagkakapantay-pantay**: Hangarin namin ang pagkakapantay-pantay at tiyakin na ang kultura ng aming organisasyon ay sumusuporta ng diverse na workforce na sumasalamin sa aming mga komunidad.

**Integridad:** Kumikilos kami nang may integridad, at naglilingkod kami bilang matatapat at responsableng steward ng mga pampublikong resource, ibinabatay namin ang aming mga pagkilos sa batas at agham, at nagpapasimula kami ng mga epektibo at makabagong solusyon sa pakikipagtulungan sa mga komunidad na pinaglilingkuran namin.

**Pakikipagtulungan:** Mahalaga sa amin ang mga partner, at ang makabuluhang internal at external na pakikipag-collaborate para makamit ang iisang layunin.

**Transparency**: Hangarin naming magbigay ng ganap na transparency sa pagpapanagot sa amin para sa aming mga pasya at pagkilos.

**Tiwala:** Nakukuha namin ang tiwala ng publiko sa pamamagitan ng pagbabatay ng aming mga programa at patakaran sa batas, agham, at aktwal na karanasan ng aming mga komunidad.

pagsusulong ng katarungan sa kapaligiran. May oportunidad rin ang mga tao na gumamit ng bagong teknolohiya at mga source ng pondo para makamit ang aming mga layunin sa kalidad ng hangin.

Sa partikular, naniniwala ang mga komunidad, miyembro ng Lupon, at empleyado na ang Distrito ng Hangin ay isang lider sa kalidad ng hangin, sa California, at sa buong bansa. Gayunpaman, kapag sinabing lider, ibig sabihin, kailangan ay patuloy kaming maging matapang at mapangarapin para matiyak na may patas na access ang lahat ng komunidad sa malinis na hangin.

## Layunin 1: Magkaroon ng Makabuluhang Epekto

Sa ilalim ng Layunin 1, makakamit namin ang makabuluhang epekto sa pamamagitan ng pagpapahusay sa aming pamamaraan sa pagpaplano ng kalidad ng hangin. Habang patuloy naming binabawasan ang pambuong-estadong polusyon sa hangin, titiyakin naming kumpleto at tumpak ang kaalaman namin sa lokal na polusyon sa hangin, kung saan kasama ang karanasan at mga pananaw ng komunidad sa lokal na polusyon sa hangin.

Para makamit ang makabuluhang epekto, papahusayin din namin ang aming mga regulasyon, mga patakaran sa pagbibigay ng permit at pagpapatupad, at kung paano namin pinapanagot ang industriya kapag nalalabag ang aming mga regulasyon. Makikipagtulungan din kami sa mga komunidad para baguhin ang pamamahagi namin sa pondo ng estado at pederal para sa mga de-kuryenteng sasakyan at charging station sa aming mga pinakaapektadong komunidad. Gagawa kami ng mga makabagong panrehiyong solusyon sa pagbabago ng klima. Susuportahan pa namin ang aming mga partner sa lokal na pamahalaan at ang iba pang ahensya sa kanilang mga pagsisikap na pagaanin ang pagbabago ng klima.

Mga gustong makamit:

- Bawasan ang Mga Epekto sa Kalusugan ng Polusyon sa Hangin
- Papanagutin ang Mga Lumalabag
- Pagaanin ang Pagbabago ng Klima at ang Epekto Nito

## Layunin 2: Isulong ang Katarungan sa Kapaligiran

Sa ilalim ng Layunin 2, isusulong natin ang katarungan sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagsuporta, pakikipagtulungan, at pagtataguyod ng mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon, nang sa gayon ay magawa nating magtulungan para matukoy at mabawasan ang mga hindi patas na pagkakaiba sa pagkakalantad sa polusyon sa hangin.

Para makolekta ng mga komunidad ang sari-sarili nilang data ng polusyon sa hangin, tutulong kaming hasain ang kanilang mga kakayahan at kaalaman sa pangongolekta ng data. Ibibigay rin namin ang mga instrumentong kailangan nila para ma-access at mas maunawaan ang dati nang data ng polusyon sa hangin.

Papahusayin namin ang aming proseso sa pagrereklamo ng kalidad ng hangin para matiyak na epektibo at transparent ito. Direkta kaming makikipag-ugnayan sa mga komunidad tungkol sa mga aktibidad sa pagsunod at pagpapatupad, pati tungkol sa mga kamakailang insidente o iba pang paglabag sa polusyon sa hangin, aming tugon sa pagpapatupad, tindi ng pinsala sa publiko, at mga legal na pagkilos na puwede naming gawin.

Makikipagtulungan kami sa mga komunidad na tukuyin ang mga hindi patas na pagkakaiba sa polusyon sa hangin at mas maunawaan ang polusyon sa hangin sa kani-kanilang komunidad. Gagamitin namin ang impormasyong ito para makagawa ng mga mas epektibong estratehiya para mabawasan ang polusyon mula sa mga source na pinakanakakaapekto sa mga ito.

Bubuo kami ng prosesong pinapangunahan ng komunidad kung saan magagawa ng mga komunidad na makibahagi sa mga pasya sa paggasta sa multang ibinabayad ng mga ilegal na polluter ng hangin nang sa gayon ay makinabang ang mga komunidad. Sisikapin naming baguhin ang mga batas na humahadlang sa Distrito ng Hangin at sa iba pa na isulong ang katarungan sa kapaligiran, at na magsusulong at magsasapriyoridad sa aming pagsunod sa mga batas sa mga karapatang sibil, at mas mahusay na tutugon sa mga cumulative na epekto.

Mga gustong makamit:

- Bumuo ng Mga Ugnayan at Kapasidad sa Komunidad
- Tukuyin ang Mga Hindi Patas na Pagkakaiba
- Bawasan ang Mga Hindi Patas na Pagkakaiba

## Layunin 3: Isulong ang Cohesion at Inclusion

Sa ilalim ng Layunin 3, isusulong namin ang cohesion at inclusion sa pamamagitan ng pagsisikap na gawing mas diverse ang workforce ng Distrito ng Hangin, at pagtiyak na sinasalamin nito ang mga komunidad na pinaglilingkuran namin. Para sa mas cohesive na organisasyon, titiyakin naming nauunawaan at iginagalang ng lahat ng nasa organisasyon ang kahalagahan ng diverse na workforce, na bukas sa lahat.

Tayo ay magiging Iisang Distrito ng Hangin, kung saan nakikiisa ang mga empleyado at nauunawaan at pinapahalagahan nila kung paano nakakatulong ang iba't ibang background at kaalaman sa pagsuporta sa hangarin at mithiin ng organisasyon. Mas magtutulungan din kami sa aming layunin na isulong ang katarungan sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagpapalaki sa kapasidad at pagtataguyod sa pagiging epektibo ng mga empleyado, miyembro ng Lupon, at lupon ng pagpapayo para maisaalang-alang ang katarungan sa kapaligiran sa lahat ng aspeto ng aming ginagawa. Papalawakin namin ang internal na kaalaman ng lahat ng empleyado sa Distrito ng Hangin, at gagawa kami ng mas maraming oportunidad para sa pagbuo ng ugnayan sa pagitan ng mga empleyado.

Para madagdagan ang morale at maging mas epektibo ang organisasyon sa pangkalahatan, mas mahusay naming kikilalanin ang mga kontribusyon ng mga empleyado. Papalawakin namin ang mga oportunidad para sa propesyonal na development para bigyang-daan ang pagtatagumpay, ma-boost ang morale ng mga empleyado, at mas maraming mapanatili sa workforce.



DRAFT

Mga gustong makamit:

- Magpakita ng Diversity, Pagkakapantay-pantay, Inclusion, at Pakikiisa
- Maging Iisang Distrito ng Hangin

## Layunin 4: Maging Epektibo, Responsable, at Nakatuon sa Customer

Sa ilalim ng Layunin 4, magpapanatili kami ng organisasyong epektibo, responsable, at nakatuon sa customer, na maghahatid ng napakahuhusay na serbisyo sa transparent at efficient na paraan. Papahusayin namin ang aming mga proseso ng pagbibigay ng permit, pagsubaybay, at pagpapatupad. Gagawin naming mas napapanahon ang mga pasya sa permit at gagawin naming mas transparent ang proseso sa mga aplikante at sa publiko. Titiyakin naming ang mga panuntunan ng Distrito ng Hangin at ang mga inilalabas naming permit sa kalidad ng hangin ay malinaw, consistent, at naipapatupad para mabawasan ang polusyon sa hangin na nakakaapekto sa mga komunidad.

Papahusayin namin ang pagsubaybay sa hangin at ang mga nauugnay na system sa pamamahala ng data. Gagawin naming mas maaasahan at efficient ang mga ito, papahusayin namin ang kalidad ng data, at gagawin namin itong mas accessible, para suportahan ang aming mga pagsisikap na maunawaan ang lokal na pagkakalantad sa kalidad ng hangin. Gagawin pa naming mas efficient at epektibo ang aming mga resource sa pag-iinspeksyon at pag-iimbestiga para mapataas ang rate ng pagsunod at mapalaki ang epekto ng aming mga programa sa pagpapatupad.

Papalawakin namin ang aming komunikasyon sa publiko para mahikayat ang publiko na suportahan ang mga pagsisikap sa pagbabawas ng polusyon sa hangin at pagpapagaan sa pagbabago ng klima. Hahasain namin ang mga kakayahan sa komunikasyon, at papalawakin namin ang kaalaman sa organisasyon. Papahusayin din namin ang aming programa ng pagtugon sa insidente, sa pakikipagtulungan sa mga partner sa pamahalaan.

Para matiyak na matutupad namin ang aming mga pangako, inaayon namin ang mga resource at taunang badyet ng Distrito ng Hangin sa mga priyoridad ng organisasyon at komunidad, na nakasaad sa *2024-2029 Estratehikong Plano*, at iniuulat namin ang aming pag-usad.

Mga gustong makamit:

• Pahusayin ang Pagbibigay ng Permit, Pagsubaybay, at Pagpapatupad

• Bumuo ng Mga Ugnayan at Pagbutihin ang Mga Komunikasyon

• Maging Responsable

# Kabanata 2: Pagtuon sa Katarungan sa Kapaligiran

Sa *2024-2029 Estratehikong Plano*, hangarin ng Distrito ng Hangin na aktibong isulong ang katarungan sa kapaligiran sa aming ginagawa. Ayon sa Mga Priyoridad sa Katarungan sa Kapaligiran ng Konseho sa Pagpapayo ng Lungsod, “para epektibong maisulong ang katarungan sa kapaligiran nang matagalan, dapat tayong maging restorative sa katarungan sa pamamagitan ng paggawa ng mga patakaran, kasanayan, pamamaraan, at norm na kumikilala sa trauma at mga hindi kanais-nais na epektong dulot ng racism sa kapaligiran, at dapat nating kilalanin ang emosyon at inilalaang oras ng mga staff at lider sa komunidad para sama-sama at epektibong maisulong ang katarungan sa kapaligiran.”

Para maisulong ang katarungan sa kapaligiran, gagawin namin ang kinakailangan para maunawaan ang kasaysayan at ibig sabihin ng katarungan sa kapaligiran, ayon sa minimithi ng mga tagapagsulong. Layunin naming unawain at kilalanin na mga mapaminsalang patakaran ng pamahalaan at **racism sa kapaligiran** ang pangunahing sanhi ng kawalan ng katarungan sa kapaligiran. Layunin ng Distrito ng Hangin na sanayin ang mga empleyado, ehekutibong pamunuan, at ang Lupon ng Distrito ng Hangin sa mga isyung ito para matiyak na ganap naming nauunawaan ang kaakibat ng pagsusulong ng katarungan sa kapaligiran sa aming trabaho. Bubuo kami ng ugnayan sa mga komunidad na may mga alalahanin sa katarungan sa kapaligiran, at isasaalang-alang namin ang mga prinsipyo ng katarungan sa kapaligiran para matiyak na magagawa namin ang dapat naming gawin “kasama ng komunidad at hindi sa komunidad.”

## Ano ang Katarungan sa Kapaligiran?

Ang Kilusang Katarungan sa Kapaligiran ay maiuugnay sa kilusan sa Mga Karapatang Sibil at Farm Labor noong 1960 at 1970. Sinimulan ng mga lokal na aktibista, lider sa komunidad at pananampalataya, at akademiko ang kilusan bilang tugon sa hindi patas na paglalagay ng mga pasilidad na nagdudulot ng polusyon at malawakang hindi pagkakapantay-pantay sa pagpapatupad kaugnay ng kapaligiran at mga proteksyon sa pampublikong kalusugan para sa mga komunidad na may mababang kita, Indigenous na Tao, at community of color.

Racism, “othering,” at white supremacist na pag-uugali ang pinakadahilan kung bakit mga community of color ang may pinakamabigat na pinapasan sa kapaligiran. Ang mga epekto ng kawalan ng katarungan sa kapaligiran, gaya ng hindi magandang kalidad ng hangin, hindi patas na epekto sa kalusugan, at mga pagkakaiba sa kalidad ng buhay ay mga resulta batay sa pundasyong ito sa racism sa kapaligiran.

Sa lathalain ng landmark na ulat na “Toxic Waste and Race in the United States” na inilimbag ng United Church of Christ Commission for Racial Justice noong 1987, iniugnay ang konseptong ito ng kawalan ng katarungan at racism sa kapaligiran sa usaping pambansa. May dalawang pangunahing uri ng kahulungan ang katarungan sa kapaligiran – ang isang uri ay nagmula sa komunidad ng adbokasiya at ang isa naman ay nagmula sa Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos noong 1992. Parehong mahalaga ang mga ito sa pag-unawa sa katarungan sa kapaligiran.

DRAFT

- **Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran:** "Ang katarungan sa kapaligiran ay ang patas na pakikitungo at makabuluhang pakikibahagi ng lahat ng tao anuman ang kanilang lahi, kulay, pinagmulang bansa, o kita, kaugnay ng paggawa at pagpapatupad ng mga batas, regulasyon, at patakaran sa kapaligiran. Makakamit ang layuning ito kapag pareho ang proteksyong natatanggap ng lahat mula sa mga paganib sa kapaligiran at kalusugan, at kapag may patas na access ang lahat sa proseso ng pagpapasya para magkaroon ng malinis na kapaligiran para sa paninirahan, pagkatuto, at pagtatrabaho."

- **Ayon kay Dr. Bunyan Bryant, na Iskolar sa Pagsusulong ng Katarungan sa Kapaligiran:** "Ang Katarungan sa Kapaligiran... ay tumutukoy sa mga kasanayan at paniniwala sa kultura, panuntunan, regulasyon, gawi, patakaran, at pasya na sumusuporta ng mga sustainable na komunidad kung saan magagawa ng mga taong makipag-ugnayan sa isa't isa nang may kumpiyansa na ligtas, mapagkalinga, at produktibo. Nagkakaroon ng katarungan sa kapaligiran kapag natutukoy ng mga tao ang kanilang pinakamataas na potensyal... kung saan iginagalang at lubos na pinapahalagahan ang kultural at biological na diversity, at kung saan umiiral ang katarungan sa pamamahagi."

## Katarungan sa Kapaligiran: Pagtuon ng Estratehiya

Sa nakalipas na dalawa at kalahating taon, pinapayuhan na ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ng Distrito ng Hangin ang Distrito ng Hangin tungkol sa ibig sabihin ng katarungan sa kapaligiran at sa dapat isaalang-alang sa pagtuon ng ating ginagawa sa katarungan sa kapaligiran.

Para matulungan kaming maunawaan ang mga diskarte at pagkilos tungo sa mga mas patas na resulta sa mga komunidad, bumuo ang konseho ng Ad Hoc na komite sa Patakaran sa Katarungan sa Kapaligiran noong huling bahagi ng 2022 para direktang makipag-ugnayan sa pamunuan at mga empleyado ng Distrito ng Hangin. Sinasalamin ng *2024-2029 Estratehikong Plano* ang pakikipagtulungang ito. Sinasalamin din nito ang kaalaman mula sa ating maraming pag-uusap sa konseho at iba pang miyembro ng komunidad tungkol sa dapat nating gawin para maisulong ang katarungan sa kapaligiran.

Ginawa ang mga estratehiya sa planong ito hindi lang sa pamamagitan ng pagkonsulta sa Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad, kung hindi pati na rin sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa kanilang Mga Priyoridad sa Katarungan sa Kapaligiran. Mahigit sa tatlong quarter ng mga estratehiya sa planong ito ang direktang nauugnay sa isa o higit pa sa mga priyoridad ng Konseho sa Pagpapayo ng Lungsod.

Sa mga pagkilos para maipatupad ang *2024-2029 Estratehikong Plano*, mas mauunawaan at mababasawan natin ang mga hindi patas na pagkakaiba sa pagkakalantad sa polusyon sa hangin. Papahalagahan namin ang boses at kaalaman ng komunidad sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa kaalamang iyon at sa data na nakalap sa komunidad sa aming pagpapasya. Hangarin naming makipagtulungan sa, at suportahan at itaguyod ang, mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin. Mahigpit naming ipapatupad ang aming mga permit at regulasyon. Ibabahagi namin ang ilang porsyento ng anumang pondong matatasa sa pamamagitan ng mga multa sa mga komunidad kung saan nangyari ang mga paglabag para suportahan ang mga

proyektong makakatulong sa mga komunidad, at pipiliin ang mga ito sa pamamagitan ng prosesong nakatuon sa komunidad. Magbibigay kami ng impormasyong mas transparent nang sa gayon ay magawa ng mga komunidad na makabuluhang makibahagi, at titiyakin namin sa mga komunidad na tutuparin namin ang aming mga pangako. Magpapatupad kami ng mas mahihigpit na panuntunan, patakaran, at pagkilos sa pagpapatupad na nagsasaalang-alang sa katarungan sa kapaligiran at mga cumulative na epekto.

Bagama't mistulang mapangarap ang mga diskarte at pagkilos na ito, hangarin naming magsilbing sentro ang katarungan sa kapaligiran sa aming ginagawa. Sa pamamagitan nito, mababago at magiging tunay na madiskarteng organisasyon ang Distrito ng Hangin. Gagamitin namin ang aming limitadong resource para matugunan ang mga problema sa kalidad ng hangin na pinakanangangailangan ng atensyon at makamit ang aming bagong Mithiin: "Sa susunod na 5 taon, ita-transform namin ang aming workforce, operasyon, pakikipag-ugnayan sa komunidad, at programa para mapaganda ang kalidad ng hangin, madagdagan ang tiwala ng publiko, at magpakita ng mahusay na pamamalakad sa pangangalaga ng kapaligiran na nakatuon sa pagkakapantay-pantay." Kakailanganin namin ang patuloy na pakikipagtulungan, panghihimok, panghihikayat, at pagpapanagot sa amin ng mga komunidad at kanilang mga ally. Kailangan namin ang kaalaman, mga pananaw, at karanasan ng komunidad para magtagumpay. Kaya naman hinihingi at pinapahalagahan namin ang kanilang pakikipagtulungan sa pag-usad namin tungo sa katarungan sa kapaligiran.

**Mga Priyoridad ng Katarungan sa Kapaligiran ng Konseho sa Pagpapayo ng Lungsod**

**1: Isulong ang Katarungan sa Kapaligiran**

Para epektibong maisulong ang katarungan sa kapaligiran nang matagalan, dapat maging restorative sa katarungan ang Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng paggawa ng mga pambuong-estadong patakaran, kasanayan, pamamaraan, at norm na kumikilala sa trauma at mga hindi kanais-nais na epektong dulot ng racism sa kapaligiran, at dapat nating kilalanin ang emosyon at inilalaang oras ng mga staff at lider sa komunidad para sama-sama at epektibong maisulong ang katarungan sa kapaligiran."

Gagawin ng Distrito ng Hangin ang sumusunod, pahalagahan ang mga boses, aktwal na karanasan, at pamunuan ng mga komunidad para sa katarungan sa kapaligiran, gumawa ng magagalang na ugnayan at partnership sa mga komunidad na ito, mag-hire sa mga komunidad na ito, tingnan ang mga komunidad na ito bilang resource, magbigay ng kabayaran para sa kanilang oras at kaalaman, kunin ang kanilang input, gamitin ang input na iyon bilang batayan sa pagpapasya, at gumawa ng mga pormal na proseso sa pakikibahagi para sa pagtugon at pagpapatupad sa input ng komunidad at pagpapalaki sa responsibilidad ng ahensya sa mga komunidad.

Intersectional at interdisciplinary ang larangan ng Katarungan sa Kapaligiran. Kaya naman dapat buwagin ng Distrito ng Hangin ang mga internal silo sa pamamagitan ng pag-reorganize at pag-restructure para makagawa ng istruktura at kultura ng ahensya na sumusuporta ng cross-divisional na gawain.

Para mas maipatupad ng mga staff ang katarungan sa kapaligiran, dapat yakapin ng Distrito ng Hangin ang kultura ng pagiging makabago, pagkatuto sa halip na paggawa, at dapat ay linawin nito ang ibig sabihin ng katarungan sa kapaligiran at pagkakapantay-pantay (pati ng mga nauugnay na termino) na batay sa input ng komunidad.

**2. Makabuluhang Suporta ng Ahensya**

Para matanggap ng mga staff at lider ng komunidad ang makabuluhang suporta sa ahensya na kinakailangan para maisulong ang Katarungan sa Kapaligiran, dapat gawin ng pamunuan ng Distrito ng Hangin ang mga sumusunod: Magbigay ng malinaw na mithiin at pamamaraan sa pagkamit ng katarungan sa kapaligiran at pagtiyak na

makakalanghap ang mga community of color ng malinis na hangin; pangunahan ang pagbago sa mga internal na patakaran, kasanayan, at pamamaraan nang isinasaalang-alang ang pagkakapantay-pantay; at pangunahan ang pagbago sa mga patakaran, kasanayan, at pamamaraan na nauugnay sa misyon nang isinasaalang-alang ang katarungan sa kapaligiran.

**3. Isaalang-alang ang Katarungan sa Kapaligiran sa Mga Pangunahing Function**

Dapat isapriyoridad ng Distrito ng Hangin, sa mga pangunahin nitong function, ang pagsama sa mga sumusunod na usapin sa katarungan sa kapaligiran: agham sa komunidad at real-time na pagsubaybay sa hangin at pangongolekta ng data, mga pagsasaalang-alang sa pampublikong kalusugan, pagsusuri ng cumulative na epekto, pagsusuri ng hindi patas na epekto at pagsunod sa mga karapatang sibil, at pagkilala sa mga dati nang epekto at pinsala pati sa pangangailangan ng mga restorative na hakbang.

**4. Ipatupad ang Pinakamahuhusay na Kasanayan sa Katarungan sa Kapaligiran sa Maging Makabago**

Ang Distrito ng Hangin ay dapat gumawa at magpatupad ng estratehiya para sa pagsasaalang-alang ng pinakamahuhusay na kasanayan ng katarungan sa kapaligiran at pagiging makabago sa mga pang-araw-araw nitong operasyon at pangunahing function -- kasama ang pangongolekta at pagsusuri ng data, pagsukat, at pagsubaybay, pagbibigay ng permit, pagsusuri sa kapaligiran, mga pag-iinspeksyon, pagpapatupad, mga legal na pagkilos kasama ang litigation, mitigation, pagpaplano, paggawa ng panuntunan, at pagpopondo ng mga incentive.

**5. Makipag-ugnayan sa Malinaw at Transparent na Paraan at nang May Integridad**

Dapat malinaw, transparent, at may integridad na ipabatid ng Distrito ng Hangin sa mga komunidad para sa katarungan sa kapaligiran ang tungkulin, mga responsibilidad, at limitasyon ng ahensya, pati ang mga puwede pang pahusayin at pagandahin, at maghatid ito ng transformational na pagbabago sa singil sa pangangasiwa ng ahensya.

**6. Pagpapalaki sa Kapasidad ng Mga Staff at Miyembro ng Lupon na Isaalang-alang ang Katarungan sa Kapaligiran**

Dapat mag-invest ang Distrito ng Hangin sa pagpapalaki sa kapasidad ng mga staff at miyembro ng Lupon para maisama ang katarungan sa kapaligiran sa kanilang mga pang-araw-araw na tungkulin at responsibilidad, paggawa ng mga komunidad at antas ng middle management sa mga bagong patakaran, kasanayan, at pamamaraan, pagtatakda sa katarungan sa kapaligiran bilang pangunahing competency para sa mga staff, pagbibigay ng priyoridad sa pag-hire, pagpapanatili, at pag-promote ng mga staff na may aktwal na karanasan sa paninirahan at/o pagtatrabaho sa mga komunidad para sa katarungan sa kapaligiran na nasa frontline, at matiyak na ang mga staff at pamunuan, sa lahat ng antas ng ahensya, ay sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng mga komunidad na pinaglilingkuran ng ahensya.

**7. Pagpapalaki sa Kapasidad ng Mga Komunidad at Organisasyon para sa Katarungan sa Kapaligiran**

Dapat mag-invest ang Distrito ng Hangin sa pagpapalaki sa kapasidad ng mga komunidad at organisasyon para sa katarungan sa kapaligiran na epektibong makipagtulungan sa Distrito ng Hangin sa pagbabago sa sistema, paggawa ng mga benepisyo sa ekonomiya at oportunidad sa workforce sa mga komunidad na ito, at sa pagbibigay-daan sa mga komunidad na ito na i-access at pamahalaan ang mga resource para matugunan ang mga hindi patas na pagkakaiba.

**8. Humiling ng Mga Naaangkop na Legal na Remedyo at Makipagtulungan sa Mga Komunidad para sa Katarungan sa Kapaligiran**

Ang Distrito ng Hangin ay dapat humiling ng mga naaangkop na legal na remedyo, makipag-collaborate, at makipagtulungan sa mga komunidad para sa katarungan sa kapaligiran sa mga remedyong iyon, magpataw ng mga may kalakihang multa, at makipagkasundo sa mga lumalabag nang isinasaalang-alang ang deterrence; dapat tiyakin ng Distrito ng Hangin na nakikinabang ang mga komunidad para sa katarungan sa kapaligiran sa paggamit ng mga nauugnay na pondo, at puwede silang magbigay ng feedback sa paggamit ng mga ito.

**9. Magbigay ng Teknikal na Tulong sa Mga Lokal na Pamahalaan**

Ang Distrito ng Hangin ay dapat magbigay ng teknikal na tulong sa mga lokal na pamahalaan para magawa nilang mas epektibong isaalang-alang ang pagsusuri para sa katarungan sa kapaligiran sa kanilang lokal na paggamit ng lupa, pagpaplano at pagpapasya sa zoning at mga kasanayan sa pagbibigay ng permit, at dapat din silang magbigay ng feedback sa mga framework ng katarungan sa kapaligiran na ginagawa ng mga lungsod at county sa siyam na hurisdiksyon ng county ng Bay Area bilang bahagi ng kanilang pangkalahatang plano, para maisaalang-alang ang patakaran sa katarungan sa kapaligiran at makabuo ng plano para sa pagpapatupad.

DRAFT

**Mga Prinsipyo ng Katarungan sa Kapaligiran**

Binuo ang kilusang katarungan sa kapaligiran noong 1987, noong naglabas ang United Church of Christ Commission for Racial Justice ng pag-aaral na nagpapakitang sa buong bansa, nasa o malapit sa mga komunidad ng mga Black, Brown, at Indigenous na Tao ang maraming waste facility na mapanganib at nakakasama sa kalusugan. Noong 1991, na-draft at pinagtibay ng First National People of Color Environmental Leadership Summit ang ***Principles of Environmental Justice,*** at nagsilbi ito bilang ang gabay na dokumento at mga pangunahing organizing principle para sa pagsusulong ng katarungan sa kapaligiran.

**1 Kinikilala ng katarungan sa kapaligiran** ang pagiging sagrado ng Inang Kalikasan, ang ecological unity at interdependence ng lahat ng species, at ang karapatang maging malaya sa ecological na pagkasira.

**2 Hinihingi ng katarungan sa kapaligiran** na ibatay ang pampublikong patakaran sa paggalang at katarungan sa lahat ng tao, nang walang anumang diskriminasyon o bias.

**3 Minamandato ng katarungan sa kapaligiran** ang karapatan sa mga paggamit ng lupa at renewable na resource na naaayon sa etika, balanse, at responsable para maging sustainable ang planeta para sa mga tao at iba pang nabubuhay rito.

**4 Humihingi ang katarungan sa kapaligiran** ng pangkalahatang proteksyon mula sa nuclear na pagsusuri, extraction, produksyon at pagtatapos ng mga waste at lason na mapanganib at nakakasama sa kalusugan, at nuclear na pagsusuri na banta sa karapatan sa malinis na hangin, lupa, tubig, at pagkain.

**5 Kinukumpirma ng katarungan sa kapaligiran** ang karapatan sa pampulitika, pang-ekonomiya, pangkultura, at pangkapaligiran na self-determination ng lahat ng tao.

**6 Hinihingi ng katarungan sa kapaligiran** na itigil ang produksyon ng lahat ng toxin, mapanganib na waste, at radioactive na materyales, at papanagutin sa mga tao ang lahat ng nakaraan at kasalukuyang producer para sa detoxification at containment sa punto ng produksyon.

**7 Hinihingi ng katarungan sa kapaligiran** ang karapatang makibahagi bilang mga kapantay na partner sa bawat antas ng pagpapasya, pati sa pagtatasa ng mga pangangailangan, pagpaplano, pagpapatupad, at pagsusuri.

**8 Kinukumpirma ng katarungan sa kapaligiran** ang karapatan ng lahat ng manggagawa sa isang ligtas at maayos na lugar ng trabaho, nang hindi sila napipilitang pumili sa pagitan ng hindi ligtas na hanapbuhay at kawalan ng trabaho. Kinukumpirma rin nito ang karapatan ng mga nagtatrabaho sa bahay na maging malaya sa mga panganib sa kapaligiran.

**9 Pinoprotektahan ng katarungan sa kapaligiran** ang karapatan ng mga biktima ng kawalan ng katarungan sa kapaligiran na makatanggap ng kabayaran at reparation para sa pinsala, pati ng de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan.

**10 Itinuturing ng katarungan sa kapaligiran** ang mga pagkilos ng pamahalaan na kawalan ng katarungan sa kapaligiran bilang paglabag sa internasyonal na batas, Universal Declaration on Human Rights, at United Nations Convention on Genocide.

**11 Dapat kilalanin ng katarungan sa kapaligiran** ang espesyal na legal at natural na ugnayan ng Mga Native na Tao sa pamahalaan ng U.S. sa pamamagitan ng mga treaty, kasunduan, compact, at covenant na nagpapatibay ng soberanya at self-determination.

**12 Kinukumpirma ng katarungan sa kapaligiran** ang pangangailangan ng mga urbal at rural na ecological na patakaran para malinis at ma-rebuild ang ating mga lungsod at rural na lugar nang may balanse sa kalikasan, nang kinikilala ang integridad ng kultura ng lahat ng ating komunidad, at nagbibigay ng patas na access sa lahat sa kumpletong hanay ng mga resource.

**13** **Hinihiling ng katarungan sa kapaligiran** na mahigpit na ipatupad ang mga prinsipyo ng may-kabatirang pahintulot, at itigil ang mga pang-eksperimento na reproductive at medikal na pamamaraan at pagbabakuna sa people of color.

**14** **Tutol ang katarungan sa kapaligiran** sa mga mapanirang operasyon ng mga multi-national na kumpanya.

**15** **Tutol ang katarungan sa kapaligiran** sa military occupation, repression at exploitation ng lupa, tao, at kultura, at iba pang life form.

**16** **Hinihiling ng katarungan sa kapaligiran** na turuan ang henerasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap, na nagbibigay-diin sa mga isyu sa lipunan at kapaligiran, batay sa aming karanasan at sa pagpapahalaga sa iba't ibang pananaw sa kultura.

**17** **Iniaatas ng katarungan sa kapaligiran** na tayo, bilang mga indibidwal, ay gumawa ng mga personal at pang-consumer na pasyang bawasan ang paggamit natin sa mga resource ng Inang Kalikasan, at bawasan ang ating waste hangga't posible; at sikaping hamunin at isapriyoridad ang ating paraan ng pamumuhay para matiyak ang kalusugan ng natural na mundo para sa henerasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap.

DRAFT

# Kabanata 3: Mga Layunin at Estratehiya

Nakatuon ang *2024-2029 Estratehikong Plano* sa apat na pangunahing layunin: 1. Magkaroon ng makabuluhang epekto, 2. Isulong ang katarungan sa kapaligiran, 3. Bigyang-daan ang cohesion at inclusion, at 4. Magpanatili ng organisasyong epektibo, responsable, at nakatuon sa customer. Idinisenyo ang mga layunin ng plano para mas mapalapit kami sa aming pangmatagalang layunin, at pangmalapitang mithiin, na magkaroon ng transformation sa organisasyon. Ang bawat layunin ay may mga gustong makamit, estratehiya, at aming pangako sa pagkilos. Nagsama rin kami ng detalyadong naratibo para sa mga estratehiya para ilarawan kung paano isusulong ng mga ito ang mga layunin at gustong makamit ng plano

## Layunin 1: Magkaroon ng Makabuluhang Epekto

Isinaayos ang mga estratehiya sa Layunin 1 batay sa tatlong malawak na gustong makamit: **bawasan ang mga epekto sa kalusugan ng polusyon sa hangin**, **papanagutin ang mga lumalabag**, at **pagaanin ang pagbabago ng klima at ang mga epekto nito**.

Ang mga gustong makamit na ito at ang mga nauugnay na estratehiya sa mga ito ay idinisenyo para magkaroon ng tunay at nasusukat na pagbabawas sa polusyon sa hangin, nang nakatuon sa mga komunidad na patuloy na lubos na naaapektuhan ng pagkakalantad sa polusyon sa hangin.

### *Bawasan ang Mga Epekto sa Kalusugan ng Polusyon sa Hangin*

#### Estratehiya 1.1 Baguhin ang Pamamaraan sa Kalidad ng Hangin: Babaguhin namin ang aming pamamaraan sa pagbabawas ng polusyon sa hangin para mas maraming magawang makabuluhang pagpapahusay sa kalidad ng hangin sa mga komunidad, nang nakatuon sa mga pinakaapektado ng polusyon sa hangin.

Bagama't matagumpay na nabawasan ng tradisyonal na pamamaraan sa pamamahala ng kalidad ng hangin ang polusyon sa hangin sa buong rehiyon, maraming komunidad ang nahaharap pa rin sa matataas na antas ng pagkakalantad sa polusyon sa hangin kumpara sa iba. Dati nang pinagtutuunan ng mga ahensya para sa hangin sa buong estado at bansa ang pagbabawas ng mga partikular na pollutant para matugunan ang mga pamantayan sa kalidad ng hangin ng pederal at estado para sa panrehiyong polusyon sa hangin. Pagkalipas ng maraming dekada ng paglalapat sa pamamaraang ito sa Bay Area, mayroon pa ring pagbabago sa panrehiyon at lokal na polusyon sa hangin sa ilang komunidad. Ang mga komunidad kung saan mataas ang polusyon sa hangin, kadalasan, ay malapit sa mga freeway, kalsadang maraming dumaraan, o malalaking pang-industriyang pasilidad at apektado ng mahigit sa isa sa mga source na ito na polusyon. Kadalasan, sila rin ay mga community of color na may mas mababang kita.

Para mabawasan ang mga hindi patas na pagkakaiba sa polusyon sa hangin, kailangan ng ibang pamamaraan sa pagpaplano ng kalidad ng hangin. Ang estratehiyang ito ay tungkol sa ibang pamamaraang iyon. Sa ilalim ng estratehiyang ito,, hindi lang mga source na nagpapataas sa mga antas ng polusyon sa hangin sa rehiyon ang pagtutuunan namin, pagtutuunan din namin ang mga source ng polusyon sa hangin na nagdudulot ng pinakamatinding pinsaka sa mga

komunidad, at naghahatid ng pinakamalalaking hindi patas na pagkakaiba sa pagkakalantad sa polusyon sa hangin. Para maunawaan kung aling mga source ng polusyon sa hangin ang nakakapagdulot ng pinakamatinding pinsala, kailangan ng mga bagong paraan ng pagsusuri sa data ng polusyon sa hangin. Sa ilalim ng estratehiyang ito, susuriin namin ang dati nang data ng polusyon sa hangin para matukoy kung aling mga source ang may pinakamataas na antas ng polusyon at makipagtulungan sa mga komunidad para mas maunawaan ang mga source na pinakanakakaapekto sa mga ito. Magsasagawa kami ng computer modeling ng data ng mga emisyon at mangongolekta kami ng bagong data sa pagsubaybay sa at malapit sa mga source para maunawaan kung alin ang may pinakamatinding epekto. Pagtutuunan ng aming mga pagsisikap ang mga pollutant sa hangin na nagdudulot ng pinakamatitinding epekto sa kalusugan, pati ang pinong particulate matter at mga nakakalasong contaminant sa hangin. Hindi lang natin babaguhin ang pagsusuri sa data, bubuo rin tayo ng kapasidad sa komunidad para makakolekta ng data ng polusyon sa hangin. Titiyakin naming kumpleto at tumpak ang kaalaman namin sa lokal na polusyon sa hangin, kung saan kasama ang karanasan at mga pananaw ng komunidad sa lokal na polusyon sa hangin. Inilalarawan ang mga pagsisikap na ito sa **Estratehiya 2.2 Mangolekta ng Data sa Komunidad** at **Estratehiya 2.7 Unawain ang Lokal na Polusyon sa Hangin**.

Sisikapin din naming mas maunawaan kung paano namin mababawasan ang polusyon mula sa mga source na nagdudulot ng pinakamatinding pinsala. Sa computer modeling ng mga posibleng pagkilos, matutunan natin kung aling mga pagkilos ang magiging pinakaepektibo sa pagbabawas ng mapaminsalang polusyon sa mga komunidad.

Ang matututunan namin sa aming mga pagsisikap sa ilalim ng estratehiyang ito ay magsisilbing batayan sa marami ng mga estratehiya sa *2024-2029 Estratehikong Plano*. Ang mga estratehiya sa mga bagong regulasyon, pinahusay na pagpapatupad ng mga source ng polusyon sa hangin sa mga komunidad, at mas madiskarteng programa ng incentive ay ibabatay sa mga ginagawa namin para mas maunawaan ang lokal na polusyon sa hangin at ang mga pagkilos na kinakailangan para mabawasan ang polusyong iyon.

### Estratehiya 1.2 Mas Mahihigpit na Regulasyon: Gagawa kami ng mas mahihigpit na regulasyon sa mga source ng polusyon sa hangin, nang isinasapriyoridad ang mga puwedeng magpabuti sa lokal na polusyon sa hangin.

Kailangan natin ng mas mahihigpit na regulasyon sa mga aktibidad na nakakaapekto sa mga hindi patas na pagkakaiba sa lokal na polusyon sa hangin. Ang matututunan namin sa pamamagitan ng aming mga pagsisikap sa **Estratehiya 1.1 Baguhin ang Pamamaraan sa Kalidad ng Hangin** tungkol sa kung aling mga source ang may pinakamalaking epekto sa lokal na polusyon sa hangin at sa mga pagkilos na lubos na makakatulong sa pagbabawas ng polusyon ay magbibigay-daan sa amin na gawin ang mas mahihigpit na regulasyong ito.

Sa ilalim ng estratehiyang ito, para sa mga source ng polusyon sa hangin na matutukoy naming may pinakamalaking epekto sa lokal na polusyon sa hangin, susuriin namin ang mga dati nang regulasyon, kasama ang anumang dati nang pagbubukod. Titiyakin naming updated at sinasalamin ng mga regulasyong ito ang kasalukuyan naming pag-unawa sa mga problema sa kalusugan na nauugnay sa polusyon sa hangin. Titiyakin din naming kasama sa mga regulasyon ang mga pinakabago sa teknolohiya sa pagbabawas ng mga emisyon. Kung matutukoy naming hindi sapat ang naibibigay na proteksyon sa kalusugan ng mga kasalukuyan naming regulasyon, o na may mga hindi naaangkop o outdate nang pagbubukod, ia-update namin ang regulasyon. O kaya, kung kinakailangan, gagawa kami ng mga bagong regulasyon para matiyak na naaangkop ang antas ng proteksyon sa kalusugan para sa mga komunidad. Pagkatapos ng pauna naming pagsusuri, uulitin namin ang prosesong ito nang may regular na pagitan at isasapriyoridad namin ang paggawa ng mga bago o binagong panuntunan para matiyak na naaayon ang higpit ng mga regulasyon sa mga advancement sa teknolohiya at lokal na sitwasyon.

**Mga Pangako sa Mas Mahihigpit na Regulasyon**

- Suriin at i-update ang mga regulasyon para matiyak ang proteksyon sa kalusugan at na mahigpit ang mga ito.
- Regular na suriin ang mga regulasyon, para sa higpit ng proteksyon sa kalusugan.

## Estratehiya 1.3 Bawasan ang Flaring: Babawasan namin ang flaring sa mga oil refinery para mabawasan ang epekto ng flaring sa mga komunidad, kasama ang polusyon sa hangin at mga amoy.

Nababahala sa flaring ang mga taong nakatira malapit sa mga oil refinery, dahil puwedeng pana-panahong mag-release ang flaring ng hindi ligtas na dami ng polusyon sa hangin. Kasama sa flaring ang mga nakikitang apoy, usok, at amoy mula sa matataas na smokestack na may burner, na ginagamit para sirain ang mga gas mula sa mga pang-industriyang source gaya ng mga refinery, sulfur recovery plant, at hydrogen production plant. Dapat mag-operate ng mga flare system bilang panghuling device para sa kaligtasan.

Ipinagbabawal ng aming mga kasalukuyang regulasyon ang routine na flaring sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga refinery na sumunod sa taunang Mga Plano sa Pagbabawas ng Flare. Inaatasan ng mga planong ito ang mga refinery na suriin at ipatupad ang lahat ng posibleng hakbang sa pag-iingat, o ang mga pagkilos na puwedeng gawin para makatuwirang maiwasan ang nasabing flaring, gaya kapag may maintenance. Inaatasan din ng aming mga regulasyon ang mga refinery na itala ang mga flaring, subaybayan ang volume at composition ng flare gas, at sumunod sa buwanang ulat ng flaring sa Distrito ng Hangin. Naka-post sa aming website ang Mga Plano sa Pagbabawas ng Flare, buwanang ulat ng flaring, at pangkalahatang impormasyon tungkol sa flaring at mga nauugnay na emisyon

**Mga Pangakong Bawasan ang Flaring**

- I-explore ang mga paraan para mabawasan ang flaring.
- Mas makipag-ugnayan sa publiko tungkol sa flaring.
- Magbahagi ng napapanahong accessible na impormasyon.
- Dagdagan ang mga pag-iinspeksyon at pagsubaybay ng polusyon sa hangin kapag may flaring.

Sa estratehiyang ito, mag-e-explore kami ng mga bago at karagdagang paraan para mabawasan ang flaring. Kasama sa mga opsyon ang pag-automate ng pagsubaybay, pagpapatupad ng mas mahuhusay na paraan para malimitahan ang polusyong nauugnay sa mga flare system, at pagpapatibay sa aming mga regulasyon na nauugnay sa pagbabawas ng flare. Sa pag-update sa mga regulasyong ito, isasaalang-alang namin ang mga epekto sa kalusugan, pinahusay na pagpapatupad, at mas mahihigpit na kinakailangan sa flaring, na inilalarawan sa Estratehiya 1.2 Mahihigpit na Regulasyon. Daragdagan din namin ang pakikipag-ugnayan sa publiko tungkol sa flaring at mag-iisip kami ng mga paraan para makapagbahagi ng napapanahon at accessible na impormasyon sa mga apektadong komunidad. Bukod pa rito, mas papapanagutin namin ang mga refinery para sa anumang ilegal na insidente ng flaring sa pamamagitan ng higit pang pag-iinspeksyon at pagsubaybay sa kung saan nangyari ang isang insidente.

### Estratehiya 1.4 Baguhin ang Priyoridad sa Pagpopondo: Babaguhin namin ang priyoridad ng mga programa sa pagpopondo para mas makatulong ito sa mga komunidad na apektado ng polusyon sa hangin.

Ang Distrito ng Hangin ay may iba't ibang programa sa pagpopondo na available para mabawasan ang polusyon sa hangin. May available na pondo ng grant para sa mga may-ari ng fleet at equipment para ma-upgrade ang mga mas lumang engine na nagdudulot ng matinding polusyon sa mga truck, school at transit bus, equipment sa konstruksyon, sasakyang pandagat, tren, equipment para sa ground support sa paliparan, at pang-agrikulturang equipment. Mayroon din kaming pera para sa mga charging station ng de-kuryenteng sasakyan at pinansyal na suporta para sa mga makabagong solution sa teknolohiya ng klima. Puwedeng mag-apply ang mga pampublikong ahensya para sa pondo para sa paggawa ng mga center para sa malinis na hangin at para makapaglagay ng mga lane para sa bisikleta. Mayroon ding available na pondo sa mga residente para mapalitan ang kanilang mga mas lumang sasakyan ng mas malilinis na opsyon o para mapalitan ang mga kalan na gumagamit ng kahoy o fireplace insert ng mga de-kuryenteng heat pump. Puwede pa nilang i-turn in ang mga mas lumang sasakyan kapalit ng cash.

Bagama't epektibo ang mga programa sa pagpopondo na ito na bawasan ang polusyon sa hangin, may mga pagsubok. Lubos na nililimitahan ng mga kinakailangan sa pagpopondo ng estado at pederal kung sino ang puwedeng mag-apply, at ang mga uri ng mga proyektong puwedeng pondohan. Mayroon ding maiikling deadline para sa pagkumpleto ng mga proyekto. Bukod pa rito, sinasabi sa amin ng mga miyembro ng komunidad, kadalasan, na hindi direktang nakakatugon ang aming mga programa sa pagpopondo sa kanilang mga pangangailangan, o na mahirap itong i-access. Puwedeng maging mahirap at mahigpit ang mga kinakailangan sa aplikasyon at pag-uulat. Gusto rin ng mga komunidad na mas makibahagi sa mga uri ng mga proyektong pinopondohan namin.

Sa diskarteng ito, gagamitin namin ang impormasyong natutunan namin sa Estratehiya 1.1 Baguhin ang Pamamaraan sa Kalidad ng Hangin, tungkol sa kung aling mga source ng polusyon sa hangin ang nagdudulot ng pinakamatinding pinsala sa mga komunidad, at sa mga pagkilos na pinakaepektibo sa pagbabawas ng polusyon, para may magamit na batayan ang mga pagbabago sa aming mga programa sa pagpopondo. Tatanungin namin ang mga miyembro ng komunidad kung anong mga pagbabago ang gusto nilang makita, para mas maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at ang mga uri ng mga programang sa palagay nila ay direktang makakatulong sa kanila. Kung posible, babawasan namin ang mga hadlang sa pag-apply para sa pondo at gagawa kami ng mga malikhaing solusyon sa Estratehikong Plano ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area | DRAFT 38 para magpondo ng iba't ibang proyekto na tumutugon sa mga pangangailangan ng komunidad.

**Mga Pangako sa Pagbago ng Pondo**

- Tanungin ang mga miyembro ng komunidad kung anong mga pagbabago ang gusto nilang makita sa mga programa ng pagpopondo.
- Suriin ang mga programa ng pagpopondo para mabawasan ang mga hadlang sa pag-apply para sa pondo.
- Gumawa ng mga malikhaing solusyon para sa pagpopondo ng iba't ibang proyekto.
- Makipagtulungan sa mga komunidad sa mga bagong ideya sa proyekto at maghanap ng mga source ng pondo.
- Makipagtulungan sa mga komunidad sa aplikasyon sa grant at pagpapatupad.

Sa estratehiyang ito, makikipagtulungan din kami sa mga komunidad para matukoy at ma-access ang mga bagong source ng pondo na hindi mula sa Distrito ng Hangin, gaya ng mga grant mula sa estado, pederal, at iba pang grant. Makikipag-usap kami sa mga komunidad tungkol sa paglalarawan ng mga bagong ideya sa proyekto, at sa proseso ng aplikasyon sa pagpopondo. Kung posible, makikipagtulungan din kami sa mga komunidad sa pagpapatupad ng proyekto.

## *Papanagutin ang Mga Lumalabag*

### Estratehiya 1.5 Pahusayin ang Mga Imbestigasyon sa Paglabag:

Papahusayin namin ang aming mga pamamaraan para sa pag-iimbestiga ng mga paglabag sa mga regulasyon ng Distrito ng Hangin sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin para mas maprotektahan ang kalusugan ng komunidad.

Ang Distrito ng Hangin ay responsable sa pangangasiwa ng mga emisyon mula sa mga stationary source ng polusyon sa hangin, kasama ang mga oil refinery, power plants, planta para sa wastewater treatment, gasolinahan, at marami pang ibang komersyal, pang-manufacturing, at pang-industriyang aktibidad. Kung may industriya o negosyong lumalabag sa alinman sa aming mga regulasyon, mayroon kaming proseso para sa pagtukoy at pag-iimbestiga sa mga nasabing paglabag.

Sa aming mga imbestigasyon, kung minsan ay wala kami ng lahat ng impormasyong kailangan namin para ganap na maipakita ang bigat ng isang paglabag, at hindi pa namin nalalaman sa mga miyembro ng komunidad kung paano nakaapekto sa kanila ang paglabag. Posible ring

limitado ang aming impormasyon sa mga kahihinatnan sa pampublikong kalusugan ng paglabag o sa posibleng natipid ng mga lumalabag mula sa mga pagkilos na humantong sa mga paglabag. Puwedeng makatulong ang nasabing karagdagang impormasyon para gumawa ng mas mahihigpit na pagkilos sa pagpapatupad at kaugnay na pagtatasa ng multa para sa mga paglabag. Puwede nitong mapigilan ang mga industriya na lumabag sa mga regulasyon at pahusayin ang pagsunod sa hinaharap.

**Mga Pangakong Pahusayin ang Mga Imbestigasyon**

- Gumawa ng pinahusay na pamamaraan ng pag-iimbestiga para sa mga paglabag.
- Mas i-quantify ang mga ilegal na emisyon at suriin ang mga epekto sa kalusugan.
- Imbestigahan ang tagal ng mga paglabag, pinansyal na benepisyo, at naiwasang gastusin.

Sa estratehiyang ito, gagawa kami ng pinahusay na pamamaraan ng pag-iimbestiga para sa mga paglabag, partikular na sa mga paglabag sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin. Ang protocol ay may kasamang paraan para maipabatid sa amin ng mga miyembro ng komunidad kung paano nakaapekto ang paglabag sa kanila. Mas ika-quantify namin ang hangganan ng mga ilegal na emisyon sa mga komunidad at, kung posible, mas pagbubutihin namin ang pagtatasa ng mga epekto sa kalusugan ng mga paglabag. Iimbestigahan namin ang tagal ng mga paglabag at ang mga iniwasang gastos na posibleng humantong sa paglabag.

Isasapriyoridad namin ang pagpapatupad sa bagong pamamaraan ng imbestigasyon para sa anumang paglabag mula sa mga source ng polusyon sa hangin na natukoy na may pinakamatinding epekto sa kalusugan ng komunidad, na nakasaad sa **Estratehiya 1.1. Baguhin ang Pamamaraan sa Kalidad ng Hangin.**

## Estratehiya 1.6 Bagong Patakaran sa Pagpapatupad: Makikipagtulungan kami sa mga komunidad na gumawa ng patakaran sa pagpapatupad para mas maiwasan ang mga paglabag sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin.

Ang isang malaking bahagi ng ginagawa ng Distrito ng Hangin ay ang ipatupad ang mga regulasyon nito sa kalidad ng hangin. Mahalaga ang epektibong pagpapatupad sa pagtiyak na may mga tunay at nasusukat na epekto ang aming mga regulasyon sa kalidad ng hangin. Isinasagawa ang pagpapatupad sa pamamagitan ng regular na pag-iinspeksyon ng mga oil refinery, power plant, planta para sa wastewater treatment, at iba pang pang-industriyang pasilidad at negosyo na pinapangasiwaan namin. Tumutugon din ang Distrito ng Hangin sa mga reklamo, na puwedeng magpasimula ng mga imbestigasyon sa mga posibleng paglabag sa regulasyon. Nakikipagtulungan din ang Distrito ng Hangin sa estado para maipatupad ang mga regulasyon ng estado sa mga truck, equipment sa port, at iba pang mobile na source ng polusyon sa hangin.

**Pangako para sa Bagong Patakaran sa Pagpapatupad**

- Gumawa ng patakaran sa pagpapatupad na nagsasaalang-alang sa mga prinsipyo ng katarungan sa kapaligiran, at sa boses, karanasan, at pananaw ng komunidad.

Gusto ng mga komunidad na maging mas transparent at responsable kami sa pagpapatupad namin ng mga regulasyon, para makumpiyansa silang ganap naming pinapanagot ang mga lumalabag. Bagama't kumpidensyal dapat ang mga aktibong kaso ng pagpapatupad, puwede kaming hayagang gumawa ng patakaran sa pangangasiwa namin ng mga kaso sa pagpapatupad.

Sa estratehiyang ito, gagawa kami ng patakaran sa pagpapatupad na nagsasaalang-alang sa mga prinsipyo ng katarungan sa kapaligiram, at sa boses, karanasan, at pananaw ng komunidad, para magkaroon ng kumpiyansa at tiwala ang komunidad sa ating mga pagsisikap na magpatupad ng mga regulasyon sa kalidad ng hangin. Ang patakaran ay may kasama ring hanay ng mga prinsipyo na gagabay sa pagsusuri at pagpapataw ng multa ng Distrito ng Hangin, alinsunod sa batas ng estado, mga legal na remedyong nakatuon sa komunidad, pagsasaalang-alang ng paulit-ulit na paglabag, at mga uri ng mga pagpapatupad sa pagkilos na isasaalang-alang namin, gaya ng kautusan sa abatement o pakikipagtulungan sa iba pang ahensya ng pagpapatupad, gaya ng mga lokal na abugado ng distrito o ng Attorney General ng estado.

## *Pagaanin ang Pagbabago ng Klima at ang Mga Epekto Nito*

**Estratehiya 1.7 Mga Bagong Solusyon sa Klima:** Gagawa kami ng mga bagong panrehiyong solusyon para sa pagbabago ng klima at susuportahan namin ang mga partner sa pagsusulong sa pagpapapagaan ng pagbabago ng klima.

Binago ng aktibidad ng tao ang ating klima. Ang mga epekto mula sa mas mainit na planeta ay ramdam sa buong mundo, pati ang mga tumitinding heat wave, wildfire, bagyo, tagtuyot, at baha. Hindi patas ang mga epektong ito sa lahat. Ang mga komunidad na ilan taon nang nahihirapang mag-access ng malinis na hangin, ligtas na inuming tubig, masustansyang pagkain, trabahong may sapat na sahod, at abot-kayang pabahay ay ang mga tao rin na pinakaapektado ng mga epekto ng klima. Kadalasan, ang mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin at kahirapan ang may mas mataas na rate ng hika, sakit sa puso, at iba pang kundisyon sa kalusugan na dahilan para mas madali silang maapektuhan ng usok mula sa wildfire, matinding init, at iba pang epekto ng klima. Inaasahang lalo pang titindi ang mga epekto ng umiinit na klima sa mga susunod pang dekada.

Ang carbon dioxide ang pinakamaraming gas na nakaka-trap ng heat (na tinatawag ding greenhouse gas) na nakakaapekto sa pagbabago ng klima. Mabilis na dumarami ang carbon dioxide na bumabalot sa planeta, partikular na dahil sa pagsusunog ng coal, langis, at natural gas. Wala ang Distrito ng Hangin ng pampangasiwaang awtoridad na magpatibay ng mga regulasyong nakakabawas ng carbon dioxide mula sa malalaking pang-industriyang source gaya ng mga oil refinery o power plant ng natural gas. Wala rin kaming awtoridad na pangasiwaan ang mga sasakyan, truck, at iba pang mobile na source ng polusyon sa hangin; ang may awtoridad na iyon ay ang pamahalaan ng estado at pederal. Pino-produce ng mga source na ito ang mahigit sa 75 porsyento ng mga emisyon ng greenhouse gas sa rehiyon.

Gayunpaman, mayroon kaming awtoridad na pangasiwaan ang methane at iba pang greenhouse gas na mas matindi sa carbon dioxide.

Ang Lupon para sa Mga Resource ng Hangin ng California, ang ahensya na sumusubaybay sa lahat ng pagsisikap na bawasan ang polusyon sa hangin sa estado, ay may pinagtibay na pambuong-estadong plano sa klima para makamit ang layunin nito na carbon neutrality, o net zero na emisyon ng greenhouse gas, pagsapit ng taong 2045. Sa Bay Area, mahigit 80 lokal na plano ng pagkilos sa klima ang pinagtibay ng mga lungsod at county. Gumagawa at nagpapatupad ng mga plano ang mga panrehiyong ahensya ng pamahalaan, gaya ng mga ahensya ng transportasyon, para matugunan ang pagbabago ng klima. Sa kasamaang-palad, ang mga planong ito ay hindi palaging ginagawa nang may koordinasyon at pakikipagtulungan sa mga komunidad na pinakaapektado ng mga epekto ng klima. Sa parehong paraan, mayroon na ngayong mga oportunidad sa pagpopondo ng pederal na bihira sa isang henerasyon na available para sa mga lokal na pamahalaan at organisasyon sa komunidad para mabawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas, tulungan ang mga komunidad na umayon sa mga epekto ng klima, at umunlad sa carbon-neutral na ekonomiya.

**Mga Pangakong Pagaanin ang Pagbabago ng Klima**

- I-maximize ang mga benepisyo ng pagbabago ng klima ng mga regulasyon at hindi pampangasiwaang programa.
- Gumawa ng panrehiyong plano sa klima.

Sa estratehiyang ito, ima-maximize namin ang mga benepisyo ng pagbabago ng klima mula sa aming mga regulasyon at hindi pampangasiwaang programa na nauugnay sa kalidad ng hangin. Kadalasan, ang mga aktibidad na nagpo-produce ng carbon dioxide ay nagpo-produce din ng iba pang mapaminsalang polusyon sa hangin. Kasabay ng paggawa namin ng mas mahihigpit na regulasyon sa mga industriya, negosyo, at aktibidad na may pinakamalaking epekto sa lokal na polusyon sa hangin, na inilalarawan sa **Estratehiya 1.2 Mas Mahihigpit na Regulasyon**, susuriin din namin ang mga posibleng paraan para mabawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas.

Makikipagtulungan din kami sa aming mga partner sa pamahalaan ng estado, rehiyon, at lokal para makagawa ng mga panrehiyon solusyon sa pagbabago ng klima. Gagawa kami ng panrehiyong plano sa klima na naglalarawan sa kung paano puwedeng makipagtulungan ang rehiyon sa lokal at estado para makamit ang carbon neutrality. Sa paggawa sa planong ito, makikipag-ugnayan kami sa mga diverse na komunidad ng Bay Area para mas maunawaan ang kanilang mga alalahanin at priyoridad sa klima. Susuportahan ng panrehiyong plano sa klima ang mga mas may koordinasyon at mas matagumpay na aplikasyon sa pagpopondo, at ang pinahusay na pagpapatupad ng mga pagsisikap sa pagsasapriyoridad ng klima sa ngayon at sa hinaharap.

# Layunin 2: Isulong ang Katarungan sa Kapaligiran

Ginawa ang mga estratehiya sa Layunin 2 batay sa tatlong layunin: **bumuo ng mga ugnayan at kapasidad sa komunidad**, **tukuyin ang mga hindi patas na pagkakaiba**, at **bawasan ang mga hindi patas na pagkakaiba**. Ang mga gustong makamit na ito at ang mga nauugnay na estratehiya sa mga ito ay idinisenyo para matulungan kaming makipagtulungan sa mga komunidad para sa maunawaan at malutas ang mga lokal na problema sa kalidad ng hangin.

## *Bumuo ng Mga Ugnayan at Kapasidad sa Komunidad*

### Estratehiya 2.1 Pakikipagtulungan sa Komunidad: Makikipagtulungan kami sa mga komunidad para direkta silang makalahok sa mga solusyon sa mga problema sa kalidad ng hangin na nakakaapekto sa kanila.

Noong Setyembre 2017, binago ng isang batas ng estado, ang Panukalang-batas ng Asembleya 617, kung paano nagpaplano ang mga lokal na distrito ng hangin para sa kalidad ng hangin. Inaatasan ng batas ang lahat ng pangunahing lokal na distrito ng hangin sa estado na makipagtulungan sa mga komunidad na gumawa ng mga plano sa pagsubaybay ng komunidad at/o plano na bawasan ang polusyon sa hangin sa kanilang mga komunidad, kung mapipili sila ng estado na gawin iyon. Sa Bay Area, nakipagtulungan kami sa mga komunidad sa West Oakland, Richmond-North Richmond-San Pablo, East Oakland, at Bayview-Hunters Point-Southeast San Francisco para tukuyin ang mga alalahanin sa lokal na polusyon sa hangin at ang mga estratehiya para mabawasan ang polusyong iyon. Para sa Richmond, gumawa rin kami ng plano sa pagsubaybay ng komunidad, sa pakikipagtulungan sa komunidad. Itinuro sa amin ng gawaing ito na mahalaga ang pakikipagtulungan sa pagkuha ng tiwala at pagkamit ng tagumpay.

Sa lokal na pagpaplano sa kalidad ng hangin, kailangan ang detalyadong input ng komunidad, at dapat itong umayon sa mga prinsipyo ng katarungan sa kapaligiran. Ang mga taong nakatira sa mga komunidad na dati nang lubos na apektado ng polusyon sa hangin ay ang mga eksperto sa kung ano ang nakakaapekto sa kanilang mga komunidad, kalusugan, at kalidad ng buhay. Ang Distrito ng Hangin ay may kaalaman sa polusyon sa hangin, maraming data ng kalidad ng hangin, at kaalaman sa kung paano makakatulong ang iba't ibang ahensya ng pamahalaan sa lokal, estado, at pederal na tugunan ang mga problema sa komunidad. Parehong mahalaga at kinakailangan ang pamahalaan at komunidad sa pakikipagtulungan.

Dagdag pa rito, ang mga taong nakatira sa mga komunidad na matagal nang napipinsala ng polusyon sa hangin at iba pang problema sa polusyon ay dati nang ibinubukod sa makabuluhang pakikibahagi sa pagpapasya ng pamahalaan. Ang pakikipagtulungan sa mga komunidad ang isa sa maraming hakbang na kinakailangan para ma-undo at maiwasto ang pinsalang idinulot ng mga nakaraang mapandiskriminang kasanayan.

DRAFT

Kakailanganin sa karamihan ng mga estratehiya sa *2024-2029 Estratehikong Plano* na makipagtulungan sa mga komunidad. Makikipagtulungan kami sa mga komunidad para mas maunawaan ang kanilang karanasan sa polusyon sa hangin at ang mga source na nakakaapekto sa kanila, at para matukoy ang mga pagkilos sa pagbabawas ng polusyon. Makikipagtulungan kami sa mga komunidad para makagawa ng bagong patakaran sa pagpapatupad at talakayin ang pagsunod at ang mga pagsisikap sa pagpapatupad ng Estratehikong Plano | DRAFT 45 ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area, pangangailangan ng data sa kalidad ng hangin, bagong programa sa pagpopondo, at para baguhin ang priyoridad sa aming mga dati nang patakaran at programa. Sa estratehiyang ito, bubuuin namin ang mga ugnayan at pakikipagtulungan na kinakailangan para maipatupad ang mga estratehiyang ito.

**Mga Pangako sa Pakikipagtulungan sa Komunidad**

- Palawakin ang mga modelo ng pakikipagtulungan sa komunidad sa iba pang komunidad na apektado ng polusyon sa hangin.
- Makipagtulungan sa komunidad na magkaroon ng at ipakahulugan ang pakikipagtulungan sa komunidad.

Kukunin namin ang natutunan namin sa West Oakland, Richmond, East Oakland, at Bayview-Hunters Point, at papalawakin namin ang mga modelong iyon ng pakikipagtulungan sa iba pang komunidad na apektado ng polusyon sa hangin. Ang pakikipagtulungan namin sa mga komunidad ay magiging natatangi rin tulad ng mga komunidad. Makikipagtulungan kami sa mga lider sa komunidad na magkaroon ng at ipakahulugan ang pakikipagtulungan mula sa kanilang pananaw. Maraming uri ang pakikipagtulungan, mula sa paggawa ng pormal na steering committee hanggang sa regular na pagpunta ng Distrito ng Hangin sa mga standing na meeting sa komunidad. Puwede ring mag-iba ang antas ng pakikibahagi ng komunidad, depende sa kanilang mga pangangailangan. Puwedeng may ilan na gustong gumawa ng mga pormal na plano sa pagbabawas ng emisyon, gaya sa mga pinagtibay sa West Oakland at Richmond. Posible namang gusto ng iba ng mga regular na update tungkol sa kung paano namin pinapaganda ang kalidad ng hangin sa kanilang mga komunidad, access sa mga instrumento para makolekta ang sarili nilang data ng kalidad ng hangin, o magbigay ng input sa mga lokal na source ng polusyon at sa mga pagkilos na puwede naming gawin. Sa estratehiyang ito, makikipag-usap kami sa mga mismong komunidad.

DRAFT

## Pagsasakatuparan ng Pakikipagtulungan sa Komunidad

**West Oakland**

Ang West Oakland Environmental Indicators Project, na pinangungunahan ng mga tagapagtatag na sina Bb. Margaret Gordon at Brian Beveridge ay dati nang matagumpay na nag-oorganisa ng mga miyembro ng komunidad para magsulong ng mas magandang kalidad ng hangin sa West Oakland. Ginawa ang Indicators Project para mabilis at epektibong makalahok sa pagsisikap ng komunidad ng West Oakland sa pagpaplano ng pagkilos sa kalidad ng hangin, na nagsilbing halimbawa para sa mga plano sa pagbabawas ng emisyon sa buong California. Pinangunahan nina Bb. Gordon at G. Beverage ang Steering Committee para sa Plano ng Pagkilos sa

Komunidad ng West Oakland sa paggawa sa Pagmamay-ari sa Ating Hangin, na pinagtibay ng Lupon ng Distrito ng Hangin noong Oktubre 2019. Kinakatawan ng komite ang mga residente, mananaliksik, akademiko, pampublikong ahensya, nonprofit, at institusyon sa komunidad. Mula nang pagtibayin ang plano, pinagsisikapan na ng komite, sa pakikipagtulungan sa Distrito ng Hangin at iba pang pampublikong ahensya, ang pagpapatupad.

**Richmond-North Richmond-San Pablo**

Noong Marso 2021, nagpulong ang isang steering committee ng komunidad para gabayan ang paggawa ng plano sa pagbabawas ng emisyon ng komunidad para sa Richmond-North Richmond-San Pablo, ang Daan Tungo sa Malinis na Hangin. Ginawa ng komite ang plano sa pakikipagtulungan sa Distrito ng Hangin, Lupon para sa Mga Resource ng Hangin sa California, at mga lokal na pamahalaan. Kinakatawan ng mga miyembro ng steering committee ng komunidad ang mga diverse na komunidad ng Richmond-North Richmond-San Pablo, at malawak ang kanilang kaalaman at pagiging eksperto. Kinakatawan nila ang mga indibidwal na nagtatrabaho, nakatira, o lumaki sa lugar, kasama ang mga residente, lider sa komunidad, staff ng pampublikong ahensya, kinatawan ng negosyo, at non-profit na grupo. Humigit-kumulang tatlumpung indibidwal ang bumubuo sa steering committee. Noong Mayo 2024, pinagtibay ng Lupon ng Distrito ng Hangin ang pinal na Daan Tungo sa Malinis na Hangin. Patuloy na nagpupulong ang komite kasabay ng pag-usad sa pagpapatupad ng plano.

**East Oakland**

Noong 2022, nagtulungan ang Distrito ng Hangin at ang Mga Komunidad para sa Pinagandang Kapaligiran para pumili ng mga miyembro ng Steering Committee ng Komunidad na mangunguna sa paggawa ng plano ng komunidad para mabawasan ang lokal na polusyon sa hangin sa East Oakland. Kasama sa steering committee ang mga kinatawang lumaki, nakatira, o nagtatrabaho sa East Oakland. Kasama sa mga miyembrong hindi bumoboto ang isang miyembro ng komunidad ng negosyo, at ang mga kinatawan mula sa Port ng Oakland, Lungsod ng Oakland, at Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda. Ang steering committee ang pumili sa hangganan ng plano, at nag-draft ng mithiin at mga prinsipyo para sa plano. Kamakailan din ay may natapos silang proyekto sa pagmamapa para mangolekta ng impormasyon mula sa mga miyembro ng komunidad tungkol sa mga asset ng komunidad ng East Oakland at mga lokasyon ng mga alalahanin sa polusyon. Nagpupulong ang komite buwan-buwan, at kasalukuyan itong gumagawa ng mga estratehiya para mabawasan ang polusyon sa hangin sa East Oakland.

**Bayview Hunters Point-Southeast San Francisco**

Noong Pebrero 2023, pinili ng estado ang Bayview Hunters Point-Southeast San Francisco na gumawa ng plano sa pagbabawas ng emisyon sa komunidad. Ang pagsisikap sa pagnonomina ay pinagunahan ng Mga Tagapagsulong ng Komunidad ng Bayview Hunters Point at ng Marie Harrison Community Foundation. Isang steering committee na may 21 miyembro sa komunidad ang mangunguna sa paggawa ng plano ng komunidad. Kinakatawan ng komite ang diverse na komunidad na nakatira o nagtatrabaho sa Bayview Hunters Point-Southeast San Francisco. Nagsimulang magpulong sa publiko ang komite noong Enero 2024, pumili ng mga co-chair, at may pinagtibay na karta kamakailan. Kamakailan ay gumawa ang steering committee ng mga mapa na nagpapakita sa lokasyon ng mga source ng polusyon at sa mga

lugar kung saan nakatira, nagtatrabaho, naglalaro, at nagdarasal ang mga miyembro ng komunidad. Sa susunod na taon, tutukuyin ng steering committee ang mga dati na at iba pang pangangailangan sa data, at bubuuin nito ang pahayag ng mithiin at hangganan ng plano. Ang mga pagsisikap na ito ay bahagi ng paggawa ng mga layunin, estratehiya, at pagkilos para sa pinal na plano ng komunidad.

## Estratehiya 2.2 Mangolekta ng Data sa Komunidad: Bubuo kami ng kapasidad sa komunidad para makakolekta ng data ng polusyon sa hangin at matiyak na mahusay na nagagamit ng Distrito ng Hangin ang data na iyon para mabawasan ang polusyong may pinakamatinding pinsala sa mga komunidad.

Gustong maunawaan ng mga miyembro ng komunidad ang kalidad ng hangin sa kanilang komunidad. Gusto rin nilang maging bahagi ng solusyon sa pagkuha ng higit pang impormasyon tungkol sa kalidad ng hangin. Gayunpaman, kadalasan, wala ng mga instrumentong kinakailangan ang mga miyembro ng komunidad para makakolekta ng naaaksyunang data ng polusyon sa hangin. Sa mga instrumentong ito, hindi lang ang equipment para sa pagsukat ng kalidad ng hangin ang kasama, mayroon ding mga diskarte at paraan para makolekta at mabigyan ng kahulugan ang data, at matiyak na kapaki-pakinabang ito sa mga pagsisikap na bawasan ang polusyon sa hangin.

Sa pagbuo sa kapasidad ng mga miyembro ng komunidad na mangolekta at magpakahulugan ng data ng polusyon sa hangin, makakabuo rin tayo ng mas matitibay na ugnayan, at madaragdagan ang tiwala sa pagitan ng mga komunidad at ng Distrito ng Hangin. Puwede tayong magtulungan para mas maunawaan ang lokal na polusyon sa hangin.

**Mga Pangako na Kolektahin ang Data ng Komunidad**

- Bigyan ang komunidad ng mga instrumento sa pangongolekta ng data sa kalidad ng hangin.
- Magbigay ng pagsasanay sa paggamit ng mga instrumento at sa pamantayang pamamaraan ng pangongolekta ng data.
- Makipagtulungan sa mga komunidad na kolektahin ang data ng polusyon sa hangin.

Sa estratehiyang ito, bibigyan namin ang mga miyembro ng komunidad ng mga instrumento sa pangongolekta ng data sa kalidad ng hangin, pagsasanay sa pinakamahusay na paggamit ng mga instrumento, at mga pamantayang pamamaraan sa pangongolekta ng data. Makikipagtulungan kami sa mga komunidad para makolekta ang data a makakatulong sa pinahigpit na pagpapatupad, mas mahihigpit na regulasyonm mas tina-target o bagong programa sa incentive, o iba pang programa at patakaran para mabawasan ang polusyon. Ang makokolektang data ay puwedeng kabilangan ng mga halimbawa ng particulate matter na naiipon sa mga surface, reklamo sa amoy, alikabok na lampas sa mga fence line, at iba pang data ng pagsubaybay sa hangin.

Magsisimula kami sa mga komunidad na apektado ng mga refinery. Tutulong kaming sanayin ang mga miyembro ng komunidad sa mga pamamaraan sa pangongolekta ng data at pagtatabi ng talaan. Sa pamamagitan nito at ng mga katulad na pagsisikap, tutulungan namin ang komunidad na kolektahin ang data na pinakamakakatulong sa pagpapatupad ng mga dati nang regulasyon at sa paggawa ng mga pagkilos na mas nakakaprotekta sa kalusugan.

**Estratehiya 2.3: Gawing Accessible ang Data:** Ibibigay namin sa mga komunidad ang mga instrumento at data na kanilang kailangan para ma-access at maunawaan ang data ng polusyon sa hangin, nang sa gayon ay mas lumawak ang kanilang kaalaman sa anumang posibleng problema sa polusyon sa hangin.

Maraming source ng data ng polusyon sa hangin na available sa publiko, lalo na sa mga komunidad na alam nang may mataas na antas ng polusyon at malapit sa malalaking source ng polusyon sa hangin. Kasama sa mga source ng data ang sariling istasyon sa pagsubaybay sa hangin ng Distrito ng Hangin, fenceline na monitor ng hangin sa refinery, monitor ng komunidad, at mga murang network ng sensor ng polusyon sa hangin gaya ng PurpleAir. Kasama sa iba pang source ng data ang mga pagtataya sa emisyon sa antas ng pasilidad ng Distrito ng Hangin, impormasyon ng permit, at kasaysayan ng pagsunod. Dahil sa dami ng available na data, may mga kaakibat na pagsubok. Kapag may mga tanong tungkol sa kalidad ng hangin sa komunidad, puwedeng mahirapan ang mga miyembro ng komunidad na tukuyin kung aling source ng data ang gagamitin, o kung bakit may salungat o ibang data sa parehong komunidad. Bukod pa rito, ang pagtingin sa data ng polusyon sa hangin nang walang naaangkop na konteksto ay puwedeng maging nakakalito, dahil posibleng hindi matukoy ng mga miyembro ng komunidad kung paano ipapakahulugan ang data. Puwedeng hindi nila matukoy kung maituturing na mataas o mababa ang numerong nakikita nila, o kung paano ito maikukumpara sa mga pamantayan sa kalusugan, o kung hindi pangkaraniwan ang taas nito na nagpapahiwatig ng problem sa kalidad ng hangin.

**Mga Pangako na Gawing Accessible ang Data**

- Makipagtulungan sa mga miyembro ng komunidad na mas mahusay na ilarawan ang available na data at mas maunawaan kung paano nila gustong i-access ang data.
- I-customize ang pamamaraan sa pagbabahagi ng data para matugunan ang mga partikular na pangangailangan ng mga indibidwal na komunidad.

Bukod sa data ng kalidad ng hangin na available sa publiko, gusto ng mga miyembro ng komunidad ng higit pang access sa aming data sa pagbibigay ng pahintulot, mga emisyon, at aktibidad sa pagpapatupad. Hindi naa-access o mahirap hanapin ang marami sa data na ito.

Sa diskarteng ito, gagawin naming mas available, accessible, at mas madaling maunawaan ang data ng kalidad ng hangin. Makikipagtulungan kami sa mga miyembro ng komunidad na mas mahusay na ilarawan ang available na data at mas maunawaan kung paano nila ito gustong i-access. Magkakaiba ang pangangailangan sa data ng iba't ibang komunidad. Kaya gagawin namin ang lahat ng aming makakaya para ma-customize ang aming pamamaraan sa pagtugon sa mga partikular na pangangailangan ng mga indibidwal na komunidad.

**Estratehiya 2.4 Data ng Kalusugan sa Komunidad:** Bibigyan namin ang mga komunidad ng pinahusay na impormasyon sa kalusugan, para malaman nila ang mga posibleng implikasyon sa kalusugan ng polusyon sa hangin, at mas makalahok sila sa pagpapasya.

Ang ilang dekada nang diskriminasyon, hindi pag-invest, mga resulta ng redlining ng pederal na pamahalaan, at mga patakaran sa lokal na paggamit ng lupa ay nakaapekto sa malalaking pagkakaiba sa mga kahihinatnan sa kalusugan ng mga tao sa mga community of color, kumpara sa kabuuan ng Bay Area. Kadalasan, makikita ang mga komunidad na ito malapit sa malalaking

pang-industriyang pasilidad, highway, kalsadang maraming dumaraan, at port, kung saan mas mataas ang antas ng pagkakalantad sa polusyon sa hangin. Gusto ng mga taong nakatira sa mga komunidad na ito na mas maunawaan ang mga kundisyon ng kalusugan sa kanilang komunidad, at kung paano naaapektuhan ng polusyon sa hangin ang mga nasabing kundisyon ng kalusugan.

Hindi madaling gamitin ang dati nang data ng kalusugan, lalo na sa pag-unawa at pagbabawas ng kawalan ng katarungan sa kapaligiran. Available ang karamihan ng data ng kalusugan sa isang zip code, lungsod, o county, na puwedeng magtago sa mga pagkakaiba sa iba't ibang komunidad o sa ilang bahagi ng isang komunidad. Halimbawa, puwedeng may ilang malalang isyu sa kalusugan sa isang block sa komunidad na hindi nakikita sa data kapag ina-average ito sa mas mayayamang residente na nakatira nang mas malayo sa mga pangunahing source ng polusyon sa hangin. Bukod pa rito, iba't iba ang kahulugan ng available na data ng kalusugan para sa bawat kundisyon ng kalusugan. Pabagu-bago ang mga kahulugang ito, kaya mahirap i-track ang mga trend, o pagbabago sa kalusugan, sa paglipas ng panahon.

**Mga Pangako para sa Data ng Kalusugan**

- Lawakan ang mga pagsisikap sa pangongolekta, pagsusuri, at pagbibigay ng data ng kalusugan sa mga komunidad.
- Gamitin ang mga pamamaraan ng Pagtatasa ng Epekto sa Kalusugan para matukoy ang mga posibleng epekto ng iminumungkahing patakaran, programa, o proyekto sa kalusugan ng komunidad.
- Makipagtulungan sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan para magkaroon ng access sa pinahusay na data at sa mga miyembro ng komunidad para makolekta ang data ayon sa block ng komunidad.

Nakikipagtulungan kami, sa kasalukuyan, sa mga departamento ng pampublikong kalusugan at center ng kalusugan sa komunidad na magbigay ng data ng kalusugan sa mga komunidad. Kasama sa nasabing data ang rate ng hika, sakit sa puso at baga, rate ng cancer, at pagbisita sa emergency room. Sa ilalim ng estratehiyang ito, lalawakan namin ang aming mga pagsisikap sa pangongolekta, pagsusuri, at pagbibigay ng data ng kalusugan sa mga komunidad. Gagamitin namin ang mga pamamaraan ng **Pagtatasa ng Epekto sa Kalusugan** gamit ang maraming source ng data at isasaalang-alang ang input ng mga miyembro ng komunidad at iba pang tao, para matukoy ang mga posibleng epekto ng iminumungkahing patakaran, programa, o proyekto sa kalusugan ng komunidad. Makikipagtulungan kami sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan para magkaroon ng access sa pinahusay na data at sa mga miyembro ng komunidad para makolekta ang data ayon sa block ng komunidad gamit ang mga diskarte sa pag-survey.

### Estratehiya 2.5 Mga Reklamo sa Kalidad ng Hangin: Papahusayin namin ang proseso sa pagrereklamo para matiyak na epektibo at transparent ito.

Dahil sa limitadong monitor ng hangin at inspektor ng kalidad ng hangin na sumasaklaw sa Bay Area at sa daan-daang libo nitong posibleng source ng polusyon sa hangin, kadalasan, mga miyembro ng publiko ang nauunang makaalam sa mga problema o insidente sa kalidad ng hangin sa kanilang komunidad. Ang mga amoy, usok, alikabok, at particulate mula sa iba't ibang komersyal, pang-manufacturing, at pang-industriyang operasyon, portable na equipment, sasakyan at truck, at residensyal na aktibidad ay puwedeng magdulot ng polusyon sa hangin.

Kung minsan, nakikita o naaamoy ang polusyong ito, na nag-aalerto sa mga tao sa isang posibleng problema.

Ang mga miyembro ng publiko ay bahagi ng solusyon sa pag-aalerto sa amin tungkol sa mga posibleng paglabag sa kalidad ng hangin. Nakakarating sa amin ang mga alerto sa pamamagitan ng mga reklamo sa kalidad ng hangin. Mahalaga ang papel ng proseso ng pagrereklamo ng Distrito ng Hangin sa paunang pagtukoy ng mga isyu sa kalidad ng hangin, pero umaasa ito sa epektibong pakikibahagi ng publiko. Ang proseso ng pagrereklamo ay kasinghusay lang ng mga miyembro ng komunidad na nakakaalam nito at epektibong gumagamit nito. Ang pagpapabilis sa aming tugon at pagiging mas transparent ay mahalaga rin sa pagsusulong ng system sa pagrereklamo na mabilis umaksyon, na makakabawas sa lokal na polusyon sa hangin.

**Mga Pangako para sa Mga Reklamo sa Kalidad ng Hangin**

- Mag-explore ng mga bagong paraan ng pagbibigay ng impormasyon sa pagrereklamo sa publiko.
- Gawing mas transparent ang mga resulta ng reklamo at magfa-follow up din kami sa mga miyembro ng komunidad tungkol sa problema at kung paano ito nilutas.
- Tiyaking mas bibilis ang pagsagot, lalo na sa mga oras pagkatapos ng trabaho, pati tuwing gabi, weekend, at holiday.

Gayunpaman, nagpabatid na ang mga miyembro ng komunidad ng pagkadismaya sa aming system sa pagrereklamo. Pakiramdam nila ay hindi kami dumarating nang nasa oras paminsan-minsan para idokumento ang isyu, lalo na kung gabing-gabi o weekend na nangyari ang problema. Nadismaya rin sila nang hindi ma-track ng Distrito ng Hangin ang source ng problema, o nang hindi ito mag-follow up sa nangyari sa reklamo, kung natugunan ito at paano. Bukod pa rito, nalaman namin sa mga miyembro ng komunidad na mas mahusay ng aming mga monitor ng hangin ang mga posibleng problema sa kalidad ng hangin, at i-follow up o kumpirmahin ang mga problemang iyon sa pamamagitan ng pag-iinspeksyon.

Sa estratehiyang ito, mag-e-explore kami ng mga bagong paraan ng pagbibigay ng impormasyon sa pagrereklamo sa publiko. Gagawin din naming mas transparent ang mga resulta ng reklamo at magfa-follow up din kami sa mga miyembro ng komunidad tungkol sa problema at kung paano ito nilutas. Titiyakin naming mas bibilis ang pagsagot, lalo na sa mga oras pagkatapos ng trabaho, pati tuwing gabi, weekend, at holiday. Ang mga pagsisikap na gagawin namin sa estratehiyang ito ay susuportahan ng aming mga pagsisikap sa **Estratehiya 4.8 Mga Insidente sa Kalidad ng Hangin,** kung saan pagbubutihin namin ang aming programa ng pagtugon sa insidente kapag may polusyon sa hangin, sa pakikipagtulungan sa mga partner sa komunidad, para mas mahusay na matugunan at maipabatid ang mga insidente sa kalidad ng hangin.

### Estratehiya 2.6: Makipag-usap sa Mga Komunidad: Makikipagpulong kami sa mga komite tungkol sa mga problema sa polusyon sa hangin sa kanilang komunidad, kanilang mga alalahanin, kung paano namin tinutugunan ang mga ito, at kung ano pa ang kailangan nila sa amin, para mas mabilis kaming makatugon sa mga komunidad.

Hindi palaging nagtitiwala sa mga ahensya ng pamahalaan ang mga komunidad na dati nang nalalantad sa polusyon. Kaunti lang ang tiwala nila na napoprotektahan sila mula sa polusyon,

pati sa polusyon sa hangin, at gusto nila ng higit pang transparency at impormasyon sa ginagawa namin para maprotektahan sila. Gustong malaman ng mga komunidad kung paano namin pinapanagot ang mga industriya, negosyo, at iba pa para sa pagdudulot ng polusyon sa kanilang mga komunidad. Gusto rin nila ng higit pang data ng polusyon sa hangin mula sa pagsubaybay sa hangin, at malaman ang anumang legal na pagkilos na isinagawa namin laban sa mga lumalabag sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin.

Gusto ring ipaalam sa amin ng mga komunidad ang tungkol sa kanilang karanasan sa polusyon sa hangin at ang mga paglabag sa kanilang mga komunidad. Puwedeng madagdagan ng nasabing impormasyon ang aming kapasidad na magpatupad ng mga regulasyon sa kalidad ng hangin.

**Mga Pangakong Makipag-usap sa Mga Komunidad**

- Regular na makipag-usap sa mga miyembro ng komunidad tungkol sa mga aktibidad sa pagsunod at pagpapatupad, pati tungkol sa mga kamakailang insidente o iba pang paglabag sa polusyon sa hangin, tugon sa pagpapatupad, tindi ng pinsala sa publiko, at mga legal na pagkilos na puwede naming gawin.
- Magbahagi ng impormasyon tungkol sa mga aktibidad at data sa pagsubaybay sa hangin.

Bagama't nakikipagpulong kami sa ilang grupo sa komunidad para magbahagi ng impormasyon tungkol sa aming mga aktibidad sa pagpapatupad, wala kaming pormal na nakaistrukturang programa. Sa estratehiyang ito, gagawa kami ng nakaistrukturang programa para regular na makipag-usap sa mga miyembro ng komunidad tungkol sa polusyon sa hangin sa kanilang mga komunidad, pati tungkol sa mga aktibidad sa pagsunod at pagpapatupad, mga kamakailang insidente o iba pang paglabag sa polusyon sa hangin, aming tugon sa pagpapatupad, tindi ng pinsala sa publiko, at mga legal na pagkilos na puwede naming gawin. Magbabahagi rin kami ng impormasyon tungkol sa mga aktibidad at data sa pagsubaybay sa hangin sa kanilang mga komunidad.

## *Tukuyin ang Mga Pagkakaiba*

### Estratehiya 2.7 Unawain ang Lokal na Polusyon sa Hangin: Makikipagtulungan kami sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin para mas maunawaan ang polusyon sa hangin sa kanilang mga komunidad.

Sa Estratehiya 1.1 Baguhin ang Pamamaraan sa Kalidad ng Hangin, inilalarawan namin kung paano namin babaguhin ang aming pamamaraan sa pagbabawas ng polusyon sa hangin, kung saan namin itutuloy ang mga pagsisikap para matugunan ang mga pamantayan sa kalidad ng hangin ng bansa at estado, at para matiyak na nababawasan namin ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa pagkakalantad sa lokal na polusyon sa hangin. Sa estratehiyang ito, bubuo kami ng mga ugnayan sa mga miyembro ng komunidad para maisaalang-alang ang kanilang kaalaman at karanasan sa aming pag-unawa sa lokal na polusyon sa hangin. Mahalaga ang kaalaman ng komunidad para sa kumpleto at tumpak na pag-unawa sa lokal na polusyon sa hangin, lalo na sa kung

**Mga Pangakong Maunawaan ang Lokal na Polusyon sa Hangin**

- Bumuo ng mga ugnayan at makikipagtulungan kami sa mga komunidad para maunawaan ang kanilang karanasan at kaalaman.
- Gamitin ang karanasan at kaalaman ng komunidad na batayan sa karagdagang pagsubaybay sa hangin.
- Gumamit ng mga programa sa modeling para magkaroon ng mas kumpletong larawan ng lokal na polusyon sa hangin.
- Makipagtulungan sa mga komunidad para matukoy ang mga pangangailangan sa pagsubaybay ng hangin.
- Iulat ang data ng polusyon sa hangin na makokolekta namin.

aling mga source ng polusyon sa hangin ang pinakanakakaapekto sa kalusugan at kalidad ng buhay ng mga tao.

Idinisenyo ang network ng pagsubaybay sa kalidad ng hangin para tasahin ang panrehiyong kalidad ng hangin. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng limitadong bilang ng mga lokasyon ng pagsubaybay sa rehiyon na nangongolekta at sumusukat ng data sa kalidad ng hangin. Bilang resulta, may mga gap sa data tungkol sa lokal na kalidad ng hangin sa mga komunidad na walang malaking tradisyonal na istasyon sa pagsubaybay ng hangin. Bukod pa rito, nakatuon ang aming tradisyonal na pamamaraan sa pag-unawa sa kalidad ng hangin sa mga source na may sapat na laki para maapektuhan ang polusyon sa hangin sa rehiyon. Kaya naman hindi namin palaging nauunawaan nang mabuti ang mga source na puwedeng makaapekto sa polusyon sa hangin sa lokal o komunidad.

Ang mas lokal na pag-unawa sa mga epekto ng polusyon sa hangin ay makakatulong sa mga komunidad na matuto pa tungkol sa kanilang nalalanghap at, kung posible, sa mga pagkilos na puwede nilang gawin para mabawasan ang pagkakalantad nila sa polusyon sa hangin. Ang mas malinaw na pag-unawa sa mga source ng polusyon sa hangin na nakakaapekto sa mga komunidad ay makakatulong din sa Distrito ng Hangin na gumawa ng mga mas epektibong estratehiya para mabawasan ang mga epekto ng mga source na iyon.

Sa estratehiyang ito, bubuo kami ng mga ugnayan at makikipagtulungan kami sa mga komunidad para maunawaan ang kanilang karanasan at kaalaman sa lokal na polusyon sa hangin. Kakausapin namin ang mga komunidad tungkol sa polusyon sa hangin na nararanasan nila at sa kung saan ito posibleng nanggagaling. Gagamitin namin ang kanilang karanasan at kaalaman bilang batayan sa kung saan kami magsasagawa ng karagdagang pagsubaybay ng hangin, kasama ang mga pag-aaral sa mobile na pagsubaybay at panandaliang pagsubaybay. Ipapasok namin ang data ng polusyon sa hangin, pati ang data ng mga emisyon at pagsubaybay, sa mga programa sa modeling sa computer para makakuha ng mas kumpletong larawan ng polusyon sa hangin sa mga partikular na komunidad. Makikipagtulungan din kami sa mga komunidad na tukuyin ang kanilang mga pangangailangan sa karagdagang pagsubaybay ng hangin, at iuulat namin ang tungkol sa data ng polusyon sa hangin na makokolekta namin.

DRAFT

## *Bawasan ang Mga Pagkakaiba*

### Estratehiya 2.8 Pondong Nakadirekta sa Komunidad: Bubuo kami ng prosesong pinapangunahan ng komunidad kung saan magagawa ng mga komunidad na makibahagi sa mga pasya sa paggasta sa multang ibinabayad ng mga ilegal na polluter ng hangin nang sa gayon ay makinabang ang mga komunidad sa mga pinopondohang proyekto, lalo na ang mga komunidad kung saan nangyari ang ilegal na polusyon.

Kung lumalabag ang isang partikular na industriya o negosyo sa isang regulasyon ng Distrito ng Hangin, magsasagawa kami ng pagkilos sa pagpapatupad at kadalasan, magtatasa kami ng pinansyal na multa. Puwedeng maging mabigat ang pinansyal na multang ito para sa matitinding paglabag sa kalidad ng hangin. Ang perang makokolekta namin sa mga multa ay dati nang ginamit para makatulong sa pagbabayad sa programa sa pagpapatupad ng Distrito ng Hangin. Ibig sabihin, hindi direktang nabawasan ng pondo mula sa multa ang mga epekto sa kalidad ng hangin sa lokasyon kung saan nangyari ang paglabag.

**Mga Pangakong Idirekta ang Pondo sa Komunidad**

- Gumawa ng prosesong pinangungunahan ng komunidad kung saan magagawa ng mga komunidad na makibahagi sa mga pasya sa paggasta sa ilang porsyento ng pondo mula sa multa at sa Pondo ng Benepisyo sa Komunidad na ibabalik sa mga komunidad.

Noong Mayo 2024, may pinagtibay ang Distrito ng Hangin na bagong patakaran na magdidirekta sa ilang porsyento ng pera mula sa mga multa nang pabalik sa mga komunidad kung saan nangyari ang paglabag. Bukod pa rito, noong 2021, gumawa ang Distrito ng Hangin ng “Pondo ng Benepisyo ng Komunidad” na $3 milyon para sa mga proyektong direktang makakatulong sa mga komunidad. Isang oportunidad ang mga source na ito ng pondo. At gaya ng inilarawan sa **Estratehiya 1.4 Baguhin ang Priyoridad sa Pagpopondo**, gustong pagpasyahan ng mga komunidad ang paggamit sa nasabing pondo. Gusto nilang makibahagi sa mga pasya sa mga uri ng mga proyekto sa kalidad ng hangin na pinopondohan namin, at tiyaking direktang nakakatulong sa kanila ang mga proyekto.

Sa estratehiyang ito, sa pakikipagtulungan sa Konseho sa Pagpapayo ng Lungsod at mga lokal na organisasyon sa komunidad, gagawa kami ng prosesong pinangungunahan ng komunidad kung saan magagawa ng mga komunidad na makibahagi sa mga pasya sa paggasta sa ilang porsyento ng pondo mula sa multa at sa Pondo ng Benepisyo sa Komunidad na ibabalik sa mga komunidad.

### Estratehiya 2.9 Tugunan ang Mga Legal na Hadlang: Sisikapin naming baguhin ang mga batas na humahadlang sa Distrito ng Hangin na isulong ang katarungan sa kapaligiran.

Ang karamihan ng mga pagkilos na puwedeng gawin ng Distrito ng Hangin para mabawasan ang polusyon ay awtorisado, at pinaghihigpitan ng mga batas ng estado at pederal. Napapailalim sa batas ang mga source na pinapangasiwaan namin, ang pagbibigay at pagpapatupad namin ng mga permit, ang mga multang puwede naming ipataw, pati ang pagpapatakbo namin sa aming mga programa sa incentive. Puwedeng magsilbi ang ilan sa mga batas na ito na hadlang sa pagsusulong ng katarungan sa kapaligiran. Halimbawa, nagtatakda ang batas ng estado ng mga limitasyon sa multang puwede naming kolektahin para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin kaugnay ng aming mga permit at regulasyon. Kapag nakakapinsala sa mga miyembro ng komunidad ang ilegal na polusyon sa hangin, nangongolekta ng multa ang Distrito ng Hangin, ayon sa inilalarawan sa **Estratehiya 1.6 Bagong Patakaran sa Pagpapatupad**. Ayon sa inilalarawan sa **Estratehiya 2.8 Pondong Nakadirekta sa Komunidad**, puwedeng makinabang ang komunidad sa pondong ito mula sa multa. Kapag may limitasyon sa multa, nababawasan ang deterrence at pananagutan para sa mga pasilidad, at nababawasan ang pondo para sa mga komunidad para bawasan ang mga epekto ng polusyon sa hangin.

**Mga Pangakong Tugunan ang Mga Legal na Hadlang**

- Sikaping baguhin ang batas ng estado na naglilimita sa halaga ng multa na puwede naming tasahin para sa ilegal na polusyon sa hangin.
- Makipagtulungan sa lehislatura ng estado sa mga ideya at adbokasiya para sa mga pagbabago sa mga batas na puwedeng makatulong sa mga lubos na apektadong komunidad.
- Isama ang mga kinatawan ng estado at pederal sa pag-uusap.
- Ibahagi ang aming kuwento tungkol sa kung paano nagtutulungan ang Distrito ng Hangin at mga komunidad na pagandahin ang lokal na kalidad ng hangin.

Sa estratehiyang ito, sisikapin naming baguhin ang batas ng estado na naglilimita sa halaga ng multang puwede naming kolektahin para sa ilegal na polusyon sa hangin. Makikipagtulungan kami sa lehislatura ng estado sa iba pang ideya para sa mga pagbabago sa mga batas na makakatulong sa mga lubos na apektadong komunidad, at para magawa ang adbokasiyang kinakailangan para maisabatas ang mga ideya. Isasama rin namin ang aming mga kinatawan sa estado at pederal sa pag-uusap tungkol sa mga lokal na epekto sa kalusugan ng polusyon sa hangin. Ibabahagi namin ang aming kuwento tungkol sa kung paano nagtutulungan ang Distrito ng Hangin at mga komunidad na pagandahin ang lokal na kalidad ng hangin. Ang pagpapalawak sa kaalaman ng mga mambabatas tungkol sa mga epekto sa kalusugan ng polusyon sa hangin ay puwedeng makatulong sa mga mambabatas na isulong ang mga legal na pagbabagong kailangan namin. Halimbawa, kailangan namin ng higit pang pera para sa mga programa ng grant para sa mga proyektong nakakabawas ng polusyon sa hangin sa mga komunidad. Kailangan din ng mga komunidad ng higit pang direktang pondo para magawang makipagtulungan sa Distrito ng Hangin sa pagbabawas ng polusyon sa hangin at para matulungan kaming buwagin ang mga hadlang sa pagtatagumpay sa kawalan ng katarungan sa kapaligiran.

## Estratehiya 2.10 Mga Batas sa Mga Karapatang Sibil: Isusulong at isasapriyoridad namin ang pagsunod sa mga batas sa mga karapatang sibil, kasama ang pederal na Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964 at mga nauugnay na batas ng California.

**Pinagbabawalan ng Pamagat VI** ng **Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964** ang mga recipient ng pinansyal na tulong mula sa pamahalaan na mandiskrimina batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, pinagmulang bansa, o kapansanan. Naglalaman ang Kodigo ng Pamahalaan ng California seksyon 11135 ng mga katulad na pagbabawal laban sa diskriminasyon sa ilalim ng batas ng estado. Responsibilidad ng Distrito ng Hangin na tiyaking hindi mapandiskrimina ang mga pagkilos at kasanayan nito.

Ang mga kasanayan sa pakikibahagi ng publiko na inklusibo at hindi mapandiskrimina, access sa mga programa para sa mga taong may limitadong kaalaman sa Ingles, at access para sa mga taong may mga kapansanan ay bahagi ng pagsunod sa mga batas sa mga karapatang sibil. Bukod pa rito, hindi dapat mapandiskrimina ang pagbibigay ng permit, paggawa ng panuntunan, pagpapatupad, at ang iba pang pagkilos ng Distrito ng Hangin, ibig sabihin, hindi puwedeng magkaroon ang mga pagkilos ng hindi patas na epekto sa mga miyembro ng isang grupo batay sa lahi, kulang, o pinagmulang bansa.

Sa estratehiyang ito, susuriin namin kung paano kami nag-iisyu ng permit para matiyak na nakakasunod kami sa mga batas at regulasyon sa mga karapatang sibil. Noong 2022, naglabas ang Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos ng gabay para matulungan ang pamahalaan ng estado at lokal na sumunod sa mga batas sa mga karapatang sibil habang isinasagawa nila ang kanilang mga programa sa pagbibigay ng pahintulot. Ang pansamantalang gabay na ito ay panimula sa pagsusuri kung dapat bang magsagawa ng mga karagdagang hakbang sa pagsusuri ng mga pasya sa permit para sa pagsunod sa mga karapatang sibil, bilang bahagi ng **Estratehiya 4.3 Mga Consistent na Permit**. Ipapatupad rin namin ang *Plano para sa Mga Serbisyo sa Wika sa Mga Populasyong Limitado ang Kaalaman sa Ingles* ng Distrito ng Hangin para matiyak ang pagsunod sa mga batas sa mga karapatang sibil.

**Mga Karapatan sa Mga Karapatang Sibil**

- Suriin kung paano kami nag-iisyu ng permit para matiyak na nakakasunod kami sa mga batas at regulasyon sa mga karapatang sibil.
- Ipatupad ang *Plano para sa Mga Serbisyo sa Wika sa Mga Populasyong Limitado ang Kaalaman sa Ingles* ng Distrito ng Hangin para matiyak ang pagsunod sa mga batas sa mga karapatang sibil.

Idinedetalye ng planong ito ang aming pangakong magbigay ng makabuluhang access sa mahahalagang serbisyo at programa ng Distrito ng Hangin sa mga taong may limitadong kaalaman sa Ingles, kasama ang pagbibigay ng impormasyon sa maraming wika at kapag hiniling, para mahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad nang sa gayon ay makalahok sa mga programa ng Distrito ng Hangin.

## Estratehiya 2.11 Mga Cumulative na Epekto sa Kalusugan: Papalawakin namin ang aming pag-unawa sa mga cumulative na epekto ng polusyon sa hangin, at ng iba pang stressor, at gagamitin namin ang impormasyong ito para pagtuunan ang mga pagsisikap

sa pangangasiwa sa mga lugar na nakakaranas sa pinakamatinding polusyon sa hangin at mga nauugnay na cumulative na epekto sa pampublikong kalusugan.

Nagsasaliksik ang Distrito ng Hangin ng mga paraan para mas maunawan at mas epektibong matugunan ang mga cumulative na epekto sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin at iba pang pabalik-balik na stressor sa kapaligiran, kita, kalusugan, tirahan, seguridad ng trabaho, at iba pang stressor. Nagkakaroon ng mga cumulative na epekto kapag gumagawa ang mga pribadong negosyo o pamahalaan ng mga indibidwal na pasya na, kapag pinagsama-sama, puwedeng magdulot ng mga epektong naiipon sa paglipas ng panahon at makakasama sa kalusugan, kapakanan, at kalidad ng buhay ng mga tao.

**Mga Cumulative na Epekto sa Kalusugan**

- Gumawa at magbahagi ng mga paraan para mas maunawaan kung saan may mga cumulative na epekto at kung paano dapat isaalang-alang ang mga ito sa pagpapasya.
- Isaalang-alang ang mga cumulative na epekto sa aming mga programa, pati sa pagbibigay ng pahintulot, mga regulasyon, at pagsunod.
- Magbigay ng mga instrumento at gabay sa mga lokal na pamahalaan para matugunan ang mga cumulative na epekto.

May ilang partikular na komunidad at populasyon na may mas malaking posibilidad na maapektuhan ng polusyon sa hangin at ng iba pang polusyon sa kapaligiran dahil sa mga bagay gaya ng mga katangian ng komunidad, edukasyon, at kita, na mga kilalang nagpapabigat ng mga problema sa kalusugan. Ang cumulative na pagkakalantad sa polusyon at iba pang pabalik-balik na stressor ay nakakaapekto sa mga community of color na may mas mababang kita kumpara sa mga mas white na mayayamang komunidad.

Sa estratehiyang ito, mas mauunawaan ng Distrito ng Hangin kung saan may mga cumulative na epekto, at kung paano dapat isaalang-alang ang mga ito sa pagpapasya namin at ng lokal na pamahalaan. Gagawa at magbabahagi kami ng mga paraan para sa pag-unawa sa kung aling mga komunidad at miyembro ng komunidad ang pinakaapektado ng mga cumulative na problema sa kapaligiran at pabalik-balik na stressor, at kung bakit. Gagamitin namin ang impormasyong ito sa pagsasaalang-alang ng mga cumulative na epekto sa aming mga programa, pati sa pagbibigay ng pahintulot, mga regulasyon, at pagsunod.

Magbibigay rin kami ng mga instrumento at gabay sa mga lokal na pamahalaan para mas maunawaan ang mga cumulative na epekto, kasabay ng paggawa nila ng mga pasyang nakakaapekto sa kanilang mga komunidad, kasama ang mga rekomendasyon sa plano at patakaran at gabay para sa site, pagdidisenyo, at pagpapahintulot ng mga proyekto sa paggamit ng lupa

## Layunin 3: Isulong ang Cohesion at Inclusion

Ginawa ang mga estratehiya sa Layunin 3 batay sa dalawang layunin: **magpakita ng diversity, pagkakapantay-pantay, inclusion, at pakikiisa**; at **maging *Iisang Distrito ng Hangin***. Ang mga gustong makamit na ito at ang mga nauugnay na estratehiya sa mga ito ay idisenyo para gumawa ng mas diverse at bukas na lugar ng trabaho, kung saan iisa ang layunin, nang sa gayon ay matugunan ng Distrito ng Hangin ang mga priyoridad nito sa polusyon sa hangin, katarungan sa kapaligiran, at pagkakapantay-pantay.

## *Magpakita ng Diversity, Pagkakapantay-pantay, Inclusion, at Pakikiisa*

### Estratehiya 3.1 Diverse na Workforce: Sisikapin naming tiyakin na diverse ang workforce ng Distrito ng Hangin at sinasalamin nito ang mga komunidad na pinaglilingkuran namin para makuha ang tiwala ng komunidad at makagawa ng mas mahuhusay na solusyon sa mga problema sa kalidad ng hangin.

Ang ibig sabihin ng diverse na workforce ay sinasalamin ng organisasyon ang mga tao at komunidad na pinaglilingkuran nito. Kailangan ng mga matagumpay na organisasyon ng mga taong may iba't ibang background, kultura, pananaw, nagsasalita ng iba't ibang wika, o may iba't ibang karanasan sa buhay. Kailangan din nila ng mga tao mula sa iba't ibang lahi, etnisidad, kasarian, kinikilalang gender, sekswal na oryentasyon, sekswal na pagkakakilanlan, edad, bansa, status ng kakayahan, o affiliation sa kultura, pulitika, pananampalataya, o iba pang affiliation.

Ang San Francisco Bay Area ay isa sa mga pinaka-diverse na lugar sa mundo. Mahalagang hindi lang diversity ang isapriyoridad ng Distrito ng Hangin. Sa paglipas ng mga taon, ginawa naming mas diverse ang Distrito ng Hangin para mas ganap na masalamin ang aming rehiyon, pati ang mga komunidad na dati nang napipinsala ng polusyon sa hangin. Sa pagpapatupad namin sa *2024- 2029 Estratehikong Plano*, mahalagang patuloy na mag-recruit, mag-develop, at tumanggap ang organisasyon ng mga taong may aktwal na karanasan sa mga epekto ng polusyon sa hangin sa mga lubos na apektadong komunidad, na nakakaalam sa mga pagsubok at hangaring magkaroon ng solusyon.

**Mga Pangako Tungo sa Diverse na Workforce**

- Magtakda ng mga patakaran at kasanayan sa pag-recruit, pag-hire, pagpapanatili, at advancement na nagsusulong ng pagkakaiba-iba at pagsasama at alisin ang anumang structural bias.
- Gumawa ng mga programa sa development na iniangkop sa mga pangangailangan ng mga empleyado mula sa iba't ibang background.
- Gumawa ng at itaguyod ang mga grupo para sa suporta ng empleyado.
- Regular na tasahin ang rate ng pag-recruit, pagpapanatili, at promosyon para sa mga empleyadong hindi sapat ang representasyon, lalo sa mga posisyon sa pamunuan.
- Mangalap ng feedback ng empleyado at mag-adjust kung kinakailangan.

Sa estratehiyang ito, para sa lahat ng antas ng organisasyon, magtatakda kami ng mga patakaran at kasanayan sa pag-recruit, pagpapanatili, at advancement na nagsusulong ng pagkakaiba-iba at pagsasama. Susuriin at babaguhin namin ang aming mga kasanayan sa pag-hire para matiyak na inklusibo ang mga ito, at maalis ang anumang structural bias. Magpapatupad kami ng mga targeted na estratehiya sa pag-recruit para makakuha ng mga candidate mula sa iba't ibang background at karanasan sa buhay.

Para mapahusay ang pananatili, gagawa kami ng mga programa sa development na iniangkop sa mga pangangailangan ng mga empleyado mula sa iba't ibang background. Susuportahan namin ang paggawa at pagtataguyod ng mga grupo para sa suporta ng empleyado na kumakatawan ng iba't ibang demograpiko sa organisasyon. Nagbibigay ang mga nasabing grupo

ng platform para sa networking, suporta, at adbokasiya, at nakakatulong ang mga ito sa pakikiisa at pakikibahagi ng mga empleyado. Panghuli, regular naming tatasahin ang aming rate ng pag-recruit, pagpapanatili, at pag-promote para sa mga empleyadong walang sapat na representasyon, lalo na sa mga posisyon sa pamunuan, at kukunin namin ang feedback ng mga empleyado at iaayon namin ang aming mga pagsisikap kung kinakailangan.

### Estratehiya 3.2 Maging Bukas at Inclusive: Para sa mas cohesive na organisasyon, titiyakin naming nauunawaan at iginagalang ng lahat ng nasa organisasyon ang kahalagahan ng diverse na workforce, na bukas sa lahat para maging mas cohesive ang organisasyon.

Bagama't tungkol ang **Estratehiya 3.1 Diverse na Workforce** sa pagkakaroon ng workforce na mas sumasalamin sa mga komunidad na pinaglilingkuran namin, tungkol ang estratehiyang ito sa inclusive na pagtutulungan ng aming workforce, nang iginagalang at pinapahalagahan ang iba't ibang background at ideya. Dapat ay maging bukas at patas sa lahat ng tao mula sa iba't ibang lahi, katayuan sa lipunan at kultura, sekswal na oryentasyon, gender identity, o na may iba' ibang edad o pisikal na kakayahan o kakayahan sa pag-iisip. Ang pagkakapantay-pantay ay ang paggawa ng patas na access sa mga oportunidad na nag-aalis sa anumang hindi patas na pagkakaiba ayon sa demograpiko sa lahat ng aspeto ng organisasyon at lipunan. Ang inclusion ay tungkol sa pagkaramdam ng lahat ng empleyado ng pagpapahalaga, paggalang, at suporta sa pag-abot sa kanilang ganap na potensyal. Nakikita ang inclusion sa kultura, mga kasanayan, at ugnayan sa organisasyon na sumusuporta ng mga diverse na komunidad.

**Mga Pangakong Maging Bukas at Inklusibo**

- Doblehin ang mga pagsisikap na isaalang-alang ang diversity, pagkakapantay-pantay, at inclusion sa aming ginagawa, pati ang internal at external na pagpapasya, mga patakaran, pamamaraan, regulasyon, inisyatiba sa pagpopondo, outreach sa publiko, pagpaplano, at sa mga kasanayan sa pag-hire.
- Magsagawa ng taunang pagsasanay sa diversity at hindi sinasadyang bias para sa lahat ng antas ng organisasyon, nang nakatuon sa mga pasya sa pag-hire at pag-promote.

Ang layunin ng Tanggapan ng Diversity, Pagkakapantay-pantay, at Inclusion ng Distrito ng Hangin, na ginawa noong 2017, na tiyaking patas, bukas, at inklusibo ang Distrito ng Hangin para sa lahat ng empleyado. Sinusuportahan ng tanggapan ang mga pagsisikap sa pag-recruit at pagpapanatili, paggawa ng mga estratehiya sa komunikasyon, at pakikipag-ugnayan sa komunidad. Ang tanggapan ay nagbibigay-daan sa kabatiran ng kultura sa Distrito ng Hangin, sumusuporta sa development ng propesyonal, at nagdaraos ng mga event para sa paglahok ng mga empleyado para maramdaman ng lahat na kaisa sila sa organisasyon.

Sa estratehiyang ito, dodoblehin namin ang aming mga pagsisikap na isaalang-alang ang diversity, pagkakapantay-pantay, at inclusion sa aming ginagawa, pati ang internal at external na pagpapasya, mga patakaran, pamamaraan, regulasyon, inisyatiba sa pagpopondo, outreach sa publiko, pagpaplano, at sa aming mga kasanayan sa pag-hire. Magsasagawa rin kami ng taunang pagsasanay sa diversity at hindi sinasadyang bias para sa mga tao sa lahat ng antas ng organisasyon, nang nakatuon sa mga pasya sa pag-hire at pag-promote.

## *Maging Iisang Distrito ng Hangin*

### Estratehiya 3.3 Komunidad ng Iisang Distrito ng Hangin: Papalawakin namin ang internal na kaalaman sa mga aktibidad ng Distrito ng Hangin at gagawa kami ng mga oportunidad para sa pagbuo ng ugnayan para mapalalim ang pag-unawa sa kung paano nagtutulungan ang iba't ibang tungkulin at pananaw sa pagsuporta sa hangarin at mithiin ng organisasyon.

Mahalaga ang internal na cohesion at pakikipag-collaborate sa tagumpay ng anumang organisasyon. Ang cohesion sa isang organisasyon ay nangangahulugan na maayos na nagtutulungan ang lahat ng empleyado, nagkakaisa sila sa iisang mithiin, at sinusuportahan nila ang mga prinsipyo ng organisasyon. Kapag cohesive ang pagtutulungan ng mga tao, mas napagtutuunan nila ang mga plano ng organisasyon, sa halip na ang sarili lang nilang tagumpay o kaya ay ang tagumpay lang ng kanilang departamento o dibisyon.

Ang malawak na kaalaman sa operasyon ng isang organisasyon at sa kung paano napagsasama-sama ang pagiging eksperto para matugunan ang hangarin at mga layunin ng organisyon ay ang susi sa cohesion at tagumpay ng organisasyon. Ang pagbuo ng mga ugnayan sa mga departamento o dibisyon ay nakakatulong sa pagbuwag ng mga silo ng organisasyon at nagbibigay ng pakiramdam ng pakikiisa, o Iisang Distrito ng Hangin, tungo sa iisang layunin.

**Mga Pangako sa Pagiging Iisang Distrito ng Hangin**

- Palawakin ang kaalaman ng lahat ng empleyado sa Distrito ng Hangin, sa buong organisasyon.
- Dagdagan ang mga oportunidad para sa pagbabahagi ng kaalaman sa pamamagitan ng mas maraming event at oportunidad para sa paglahok.
- Gumawa ng mga oportunidad para sa pagbuo ng ugnayan sa mga dibisyon para isulong ang kulturang *Iisang Distrito ng Hangin*.
- Gumawa ng mga oportunidad sa "job shadowing."
- Gumawa ng internal na programa sa komunikasyon, na bumubuo sa kuwento ng *Iisang Distrito ng Hangin*.

May kasaksayan ang Distrito ng Hangin bilang organisasyong "may silo." Kadalasan, independent ang pagkilos ng mga dibisyon, at mayroon silang kani-kanilang agenda o priyoridad, na kung minsan ay salungat sa mga priyoridad ng ibang dibisyon, o sa mga pangkalahatang priyoridad ng ahensya. Kadalasan, limitado ang pagbabahagi ng impormasyon at pakikipag-collaborate. Marami ding empleyado ang limitado lang ang kaalaman sa nangyayari sa labas ng sarili nilang dibisyon. Bukod pa rito, kulang sila ng pangunahing kaalaman tungkol sa Distrito ng Hangin, sa function ng organisasyon, at sa mga tungkulin at responsibilidad ng bawat dibisyon.

Nagpabatid na rin ang mga empleyado ng pagkaramdam ng isolation, nang may limitadong kaalaman o koneksyon sa iba, na lalong nagpatindi sa kulturang may silo. Ang pagiging silo ay hindi lang nakakaapekto sa kultura at pagiging epektibo ng ahensya, nakakaapekto rin ito sa kakayahan naming paglingkuran ang komunidad, ayon sa inilalarawan sa **Estratehiya 4.7 Serbisyo sa Customer**.

Sa estratehiyang ito, bubuwagin ang mga silo para maging Iisang Distrito ng Hangin. Papalawakin namin ang kaalaman ng lahat ng empleyado sa Distrito ng Hangin, sa buong

organisasyon. Daragdagan namin ang mga oportunidad para sa pagbabahagi ng kaalaman sa pamamagitan ng mas maraming event at oportunidad para sa pakikipag-ugnayan, nang sa gayon ay magawa ng mga tao na magbahagi ng impormasyon at makipag-collaborate. Gagawi kami ng mga oportunidad para sa pagbuo ng ugnayan sa mga dibisyon para magawa ang kulturang Iisang Distrito ng Hangin, kung saan mararamdaman ng mga tao ang koneksyon nila sa isa't isa at sa pangkalahatang hangarin ng organisasyon.

Gagawa kami ng mga oportunidad sa "job shadowing" kung saan masusubukan ng mga empleyado ang trabaho ng kanilang mga kaopisina, para mapalawak ang kanilang pag-unawa sa mga pagsubok, oportunidad, at koneksyon sa sarili nilang trabaho. Gagawa rin kami ng internal na programa sa komunikasyon, na bubuo sa kuwento ng Iisang Distrito ng Hangin, na tutulong sa lahat na makita ang koneksyon ng indibidwal nilang ginagawa sa buong organisasyon.

## Estratehiya 3.4 Kaalaman sa Katarungan sa Kapaligiran: Papalakihin namin ang kapasidad at itataguyod namin ang pagiging epektibo ng mga empleyado, miyembro ng Lupon, at lupon ng pagpapayo para mas maisaalang-alang ang katarungan sa kapaligiran sa lahat ng aspeto ng aming ginagawa.

Ayon sa inilalarawan sa Kabanata 2, inilalarawan ng Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran ang Estados Unidos ang katarungan sa kapaligiran bilang ang "patas na pakikitungo at makabuluhang pakikibahagi ng lahat ng tao, anuman ang kanilang kita, lahi, kulay, pinagmulang bansa, Tribo, o kapansanan, sa pagpapasya at iba pang aktibidad ng ahensya na nakakaapekto sa kalusugan ng tao at sa kapaligiran, nang sa gayon ay ganap na maprotektahan ang mga tao mula sa mga hindi patas at hindi kanais-nais na epekto (kasama ang mga peligro) at panganib sa kalusugan ng tao at kapaligiran...". Kung hindi isasaalang-alang ang katarungan sa kapaligiran, puwedeng makasama sa mga komunidad at indibidwal ang mga pasya ng mga pamahalaan at pribadong entity. Nagbibigay sa mga tao ang katarungan sa kapaligiran ng higit pang kontrol sa mga pasyang nakakaapekto sa kanilang mga buhay at kalidad ng buhay.

Sa mga nakalipas na taon, lumalim ang kabatiran at pagkilala namin sa katarungan sa kapaligiran. Gayunpaman, marami pa kaming dapat gawin. Ang kaalaman sa katarungan sa kapaligiran sa ahensya ay nakatuon lang sa iilang departamento o indibidwal. Hindi naipapakalat ang kaalaman at kagalingan sa buong organisasyon sa paraang lubos na makakatulong sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin at iba pang polusyon.

Sa estratehiyang ito, papalawakin namin ang aming kaalaman, kagalingan, at kapasidad sa buong organisasyon para magawang makipagtulungan sa mga

**Mga Pangako sa Kagalingan sa Katarungan sa Kapaligiran**

- Sanayin ang mga miyembro ng Lupon at Komite sa Pagpapayo, at ang mga empleyado sa katarungan sa kapaligiran.
- Idagdag ang pagsusulong ng katarungan sa kapaligiran at ang pagkakapantay-pantay bilang pangunahing competency sa mga plano at pagsusuri sa performance.
- Mag-recruit ng mga candidate na may kagalingan sa katarungan sa kapaligiran.
- Gumawa ng mga team para sa katarungan sa kapaligiran at ipasuri sa kanila ang pagsunod sa Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964, kasama ang Pamagat VI.

komunidad. Sasanayin namin ang mga miyembro ng Lupon at Komite sa Pagpapayo, at ang mga empleyado sa lahat ng antas ng organisasyon tungkol sa mga prinsipyo at isyu sa katarungan sa kapaligiran. Sa mga programa sa pagsasanay, masisigurong tayo ay Iisang Distrito ng Hangin, ayon sa inilalarawan sa **Estratehiya 3.3 Iisang Komunidad ng Distrito ng Hangin**, na nagtutulungan para maisulong ang ating pag-unawa at competency sa katarungan sa kapaligiran. Kasama rito ang dati nang konteksto ng katarungan sa kapaligiran, mga mapandiskrimina at racist na patakaran ng pamahalaan, at kung paano magtrabaho at makipagtulungan sa mga komunidad sa sensitibo, magalang, at epektibong paraan.

Para matiyak na epektibo ang mga programa sa pagsasanay, idaragdag namin ang pagsusulong ng katarungan sa kapaligiran at ang pagkakapantay-pantay bilang pangunahing competency sa mga plano at pagsusuri sa performance ng lahat ng empleyado. Magre-recruit din kami ng mga candidate na may kagalingan sa katarungan sa kapaligiran, na may karanasang tumira o magtrabaho sa mga komunidad na napipinsala ng polusyon sa hangin. Gagawa kami ng mga team para sa katarungan sa kapaligiran, na makikipagtulungan sa buong organisasyon para maisaalang-alang ang katarungan sa kapaligiran sa aming ginagawa, kaya tiyak na magiging malalim ang koneksyon sa mga komunidad na pinaglilingkuran namin. Susuriin ng mga team para sa katarungan sa kapaligiran ang pagsunod sa mga batas sa mga karapatang sibil gaya ng Batas sa Mga Karapatang ng 1964 at Kodigo ng Pamahalaan ng California seksyon 11135.

### Estratehiya 3.5 Kilalanin ang Mga Empleyado: Mas kikilalanin namin ang mga kontribusyon ng mga empleyado para madagdagan ang morale at maging mas epektibo ang organisasyon sa pangkalahatan.

Ang pagtiyak na napapahalagahan at maayos na nakikilala ang mga kakayahan, talento, at kontribusyon ng mga empleyado ay mahalaga sa positibong lugar ng trabaho, morale ng empleyado, at pagpapanatili ng empleyado. Mahalaga ang pagpapanatili ng empleyado sa tagumpay ng organisasyon. Ang pagiging produktibo, gastusin sa pag-recruit at pagsasanay, kaalaman at pagiging eksperto ng organisasyon, at serbisyo sa customer ay puwedeng maapektuhan ng mataas na turnover rate ng employer.

Sa mga ahensya ng pamahalaan, kung saan nalilimitahan o hindi available ang pagtaas ng sahod ayon sa merit o ang iba pang benepisyo batay sa performance, puwedeng maging mahirap na kilalanin ang mga nakakamit ng mga empleyado. Ang Distrito ng Hangin ay may workforce na may matinding dedikasyon, pero dahil sa limitadong programa at aktibidad sa pagkilala, nawawalan ng gana ang ilang empleyado, at pakiramdam ng mahuhusay na empleyado ay sobra-sobra ang kanilang trabaho at hindi sila napapahalagahan.

**Mga Pangakong Kilalanin ang Mga Empleyado**

- Gumawa at magpatupad ng programa sa incentive para sa nakamit ng empleyado na puwedeng may premyo o bonus.
- Mas kilalanin ang mga empleyado na mabubuting halimbawa at nagpapakita sa mga pangunahing prinsipyo ng organisasyon.
- Kilalanin ang mga empleyado sa pamamagitan ng mga pagsusuri sa performance na nagbibigay ng reward at nanghihikayat sa mga empleyado na makibahagi sa mga oportunidad sa cross-functional na pagkatuto, pakikipag-collaborate, pagiging makabago, at paghahasa ng mga kakayahan.

Para mas maipakita ang pagpapahalaga sa mga kontribusyon ng aming mga empleyado, sa estratehiyang ito, gagawa at magpapatupad ang Distrito ng Hangin ng programa sa incentive na puwedeng may mga award o bonus batay sa nakamit. Mas kikilalanin namin ang mga empleyado na mabubuting halimbawa at nagpapakita sa mga pangunahing prinsipyo ng organisasyon. Kilalanin din namin ang mga empleyado sa pamamagitan ng mga pagsusuri sa performance na nagbibigay ng reward at nanghihikayat sa mga empleyado na makibahagi sa mga oportunidad sa cross-functional na pagkatuto, pakikipag-collaborate, pagiging makabago, at paghahasa ng mga kakayahan.

## Estratehiya 3.6 Suportahan ang Tagumpay ng Empleyado: Papalawakin namin ang mga oportunidad sa propesyonal na development para bigyang-daan ang pagtatagumpay at diversity, ma-boost ang morale ng mga empleyado, mas maraming mapanatili sa workforce, at maging mas epektibo ang organisasyon sa kabuuan.

Ang pagbibigay sa mga empleyado ng mga oportunidad na matuto at hasain ang kanilang mga kasanayan ay makaka-boost sa morale ng organisasyon at mas maraming mapapanatili sa workforce. Nakakatulong din ang pagpapanatili sa workforce na magkaroon ng positibong kultura sa organisasyon, at ng mga kaalaman at kasanayan sa institusyon na mahalaga sa pagkamit ng mga pangmatagalang layunin.

**Mga Pangakong Suportahan ang Tagumpay ng Empleyado**

- Gumawa ng pinalawak na programa sa mentoring.
- Gumawa ng mas detalyado at komprehensibong on-boarding.
- Gumawa ng komprehensibong pagsasanay at cross-training sa mga programa ng Distrito ng Hangin para sa mga empleyado.
- Isaalang-alang ang mga mas komprehensibong pagsusuri sa performance na nanghihikayat sa mga empleyado na mag-explore ng mga oportunidad sa paghahasa ng mga kakayahan.

Sa estratehiyang ito, tutulungan namin ang mga empleyadong magkaroon ng landas sa trabaho at magkaroon ng kaalaman sa institusyon. Gagawin namin ito sa pamamagitan ng pinalawak na programa sa mentoring na nanghihikayat sa mga empleyado na sumali at maghasa ng mga kakayahan bilang mga mentor at mentee. Bukod pa rito, para sa mga bagong empleyado, gagawa ang Distrito ng Hangin ng mas detalyado at komprehensibong on-boarding para matulungan silang makilala ang organisasyon, at maramdaman nilang kaya nilang ikatawan ang Distrito ng Hangin sa publiko. Gagawa rin kami ng komprehensibong pagsasanay at cross-training sa mga programa ng Distrito ng Hangin para sa mga empleyado. Bukod pa rito, isasaalang-alang namin ang mga mas komprehensibong pagsusuri sa performance na

nanghihikayat sa mga empleyado na mag-explore ng mga oportunidad sa paghahasa ng mga kakayahan, ayon sa inilalarawan sa **Estratehiya 3.2 Kilalanin ang Mga Empleyado**.

## Layunin 4: Maging Epektibo, Responsable, at Nakatuon sa Customer

Ginawa ang mga estratehiya sa Layunin 4 batay sa tatlong layunin: **pahusayin ang pagbibigay ng pahintulot, pagsubaybay, at pagpapatupad**; **bumuo ng mga ugnayan at pahusayin ang komunikasyon**; at **maging responsable**.

Ang mga gustong makamit na ito at ang mga nauugnay na estratehiya sa mga ito ay makakatulong sa amin na maging mas efficient at epektibong organisasyon, mas mabilis na tumugon, at mas responsable sa mga komunidad na pinaglilingkuran namin. Idinisenyo rin ang mga ito para mapalawak ang kabatiran at suporta sa aming mga pagsisikap na bawasan ang polusyon sa hangin at isulong ang katarungan sa kapaligiran.

### *Pahusayin ang Pagbibigay ng Permit, Pagsubaybay, at Pagpapatupad*

#### Estratehiya 4.1 Mga Napapanahong Permit: Patuloy naming gagawing mas napapanahon ang mga pasya sa pagbibigay ng permit.

**Mga Pangako na Gawing Napapanahon ang Mga Permit**

- I-update ang mga regulasyon para matiyak na efficient at napapanahong magagawa ang mga permit.
- Mas mahusay na i-track ang mga aplikasyon para sa permit, tugunan ang mga bottleneck sa proseso ng pagbibigay ng permit, at pahusayin ang internal na koordinasyon.
- Gumawa ng mga team ng proyekto para sa permit para sa mga kumplikadong permit.
- I-update ang pamamahala ng resource para umayon sa workload sa permit.

Responsibilidad ng Distrito ng Hangin na magbigay ng permit sa kalidad ng hangin para sa stationary na equipment sa Bay Area. Isinasaad ng mga permit sa kalidad ng hangin kung paano inilalapat ang mga regulasyon ng Distrito ng Hangin sa mga partikular na equipment, kung paano puwedeng i-operate ang equipment, at kung sa anong mga limitasyon sa emisyon dapat sumunod ang equipment. Maraming iba't ibang uri ng stationary na kagamitan na nag-e-emit ng isa o higit pang pollutant sa hangin ang nangangailangan ng permit ng Distrito ng Hangin.

Nakakatanggap ang Distrito ng Hangin ng mahigit sa 1,000 bagong aplikasyon para sa permit sa kalidad ng hangin bawat taon. Nangangasiwa rin kami ng humigit-kumulang 10,000 pag-renew ng permit at namamahala kami ng 78 Permit para sa Pagsusuri ng Malaking Pasilidad (na tinatawag ding “permit sa Pamagat V”) para sa malalaking pang-industriyang pasilidad sa Bay Area. Kumakalap ang bayad mula sa mga permit ng malaking halaga na makakasuporta sa mga operasyon ng Distrito ng Hangin na nauugnay sa pangangasiwa sa mga pinapahintulutang pasilidad.

Kung minsan, hindi namin naibibigay ang permit para sa kalidad ng hangin sa mga timeframe na nakabalangkas sa aming mga regulasyon. Kapag wala sa oras ang permit, puwedeng maapektuhan ang mga negosyo, pati ang maliliit na negosyo, na posibleng kailanganing

magsuspinde o mag-antala ng operasyon dahil hindi nila natanggap ang kanilang permit. Puwede ring magresulta ang mga pagkaantala sa nawalang koleksyon o koleksyon ng late fee, hindi efficient na pagsusuri ng permit, at dagdag na emisyon kung maaantala ang paglalagay ng mga kontrol ng polusyon. Puwede rin itong humantong sa hindi patas na pakikibahagi at kabatiran ng publiko kung masyadong matatagalan ang proseso.

Sa estratehiyang ito, ia-update namin ang aming mga regulasyon at iba pang patakaran para matiyak ang efficient at napapanahong proseso ng pagbibigay ng permit. Mas mahusay naming ita-track ang mga aplikasyon para sa permit, tugunan ang mga bottleneck sa proseso ng pagbibigay ng permit, at pahusayin ang aming internal na koordinasyon para matiyak na mas mabilis mapoproseso ang mga permit. Gagawa kami ng mga team ng proyekto para sa permit para sa mga kumplikadong source, at magpapatupad kami ng mga updated na system at instrumento para sa pamamahala ng resource na mas tumutugma sa mga pangangailangan ng aming workload sa permit. Gaya ng nakabalangkas sa susunod na dalawang estratehiya, titiyakin naming hindi maisasakripisyo sa pagiging mas napapanahon ang transparency, pakikibahagi ng publiko, o ang tamang aplikasyon sa mga kinakailangan sa permit.

### Estratehiya 4.2 Transparent na Proseso ng Permit: Papahusayin namin ang aming proseso sa pagbibigay ng permit para maging transparent at responsable sa mga aplikante at sa publiko.

Sa tuwing may isinusumiteng aplikasyon para sa permit sa kalidad ng hangin sa Distrito ng Hangin, detalyado naming sinusuri ang aplikasyon. Sinusuri ng Distrito ng Hangin ang mga aplikasyon para sa pagiging kumpleto, pagsunod sa mga regulasyon, kung ang ginagamit ba ay ang pinakamahusay na available na teknolohiya sa pagkontrol ng polusyon, at kung anong emisyon at mga epekto sa kalusugan ang inaasahan. Depende sa uri ng aplikasyon sa permit at sa inaasahang epekto, posibleng kailanganin ng aming mga regulasyon ng higit pang pagsusuri bago namin mapagpasyahan kung dapat magbigay ng permit, at kung ano ang dapat nasa permit. Inaabisuhan namin ang publiko sa tuwing may isinusumiteng aplikasyon, para magawa nilang magkomento.

Kadalasan, walang kasiguraduhan sa timing at status ng mga aplikasyon para sa permit. Puwedeng maging kumplikado ang mga kinakailangang pagsusuri, at hindi isaad kaagad ng aplikasyon para sa permit ang lahat ng impormasyong kailangan namin para maproseso ito. Nagsasagawa rin ng outreach ang Distrito ng Hangin para makalahok ang mga miyembro ng publiko sa proseso ng pagbibigay ng permit, at isinasaalang-alang nito ang natatanggap nitong input mula sa publiko, na puwedeng makaubos ng oras kung malaki ang interes ng publiko sa isang proyekto. Ang hindi sapat na staff, kawalan ng kaalaman sa institusyon dahil sa mga

pagreretiro, at lumang computer system ay malalaki ring salik sa mga pagkaantala sa pagbibigay ng permit.

**Mga Pangako na Gawing Transparent ang Mga Permit**

- Magbigay ng higit pang impormasyon sa mga aplikante at publiko sa kabuuan ng proseso ng pagbibigay ng permit.
- Gumawa ng mga ulat na madaling unawain at pahusayin ang mga web-based na instrumentong naa-access ng publiko para sa mga aplikasyon para sa permit, online na pag-track, at impormasyong madaling i-access sa mga pinapahintulutang source, aktibidad sa permit, at kaugnay na emisyon sa polusyon sa hangin.
- Pagbuthin ang pagpapabatid namin ng impormasyon tungkol sa mga permit at sa proseso ng pagbibigay ng permit sa mga komunidad at aplikante gamit ang mga salitang mas madaling maunawaan at hindi masyadong teknikal.

Ang pagiging kumplikado, pagkaantala, at kawalan ng kasiguraduhan sa proseso ng permit ay nakakaapekto rin sa pagkadismaya at kawalan ng tiwala ng mga aplikante at miyembro ng komunidad sa proseso. Sa palagay nila ay masyado itong mahaba, at hindi ito masyadong transparent. Dahil sa teknikal na uri ng mga pagsusuri sa permit, puwede ring mahirapan ang publiko na unawain ang resulta ng aming pagsusuri para sa aplikasyon sa permit.

Sa estratehiyang ito, gusto naming makuha ang tiwala ng komunidad at ng mga aplikante para sa permit sa pamamagitan ng pagbibigay ng higit pang impormasyon sa kabuuan ng proseso, na magsusulong ng mas makabuluhang paglahok para sa lahat. Plano naming gumawa ng mga ulat na madaling unawain at pahusayin ang mga web-based na instrumentong naa-access ng publiko para sa mga aplikasyon para sa permit, online na pag-track, at impormasyong madaling i-access sa mga pinapahintulutang source, aktibidad sa permit, at kaugnay na emisyon sa polusyon sa hangin. Pagbubutihin namin ang pagpapabatid namin ng impormasyon tungkol sa mga permit at sa proseso ng pagbibigay ng permit sa mga komunidad at aplikante gamit ang mga salitang mas madaling maunawaan at hindi masyadong teknikal.

## Estratehiya 4.3 Consistent na Permit: Titiyakin naming ang mga regulasyon ng Distrito ng Hangin at ang mga inilalabas na permit sa kalidad ng hangin ay malinaw, consistent, at naipapatupad para mabawasan ang polusyon sa hangin na nakakaapekto sa mga komunidad.

Ang mga permit para sa kalidad ng hangin ay isang mahalagang instrumento sa mga pagsisikap ng Distrito ng Hangin na bawasan ang polusyon sa hangin na mula sa mga stationay na source. Inililista ng mga permit na iniisyu ng Distrito ng Hangin ang lahat ng kinakailangan na dapat sundin ng isang negosyo o pasilidad para sa bawat equipment na sinasaklaw ng permit para masunod ang mga naaangkop na regulasyon sa kalidad ng hangin.

Para sa mga permit na hindi namin iniisyu, hindi ginagawa ng proseso ng permit ang mga kinakailangan sa kalidad ng hangin na dapat sundin ng pasilidad. Nangyayari iyon sa pamamagitan ng aming mga regulasyon o ng mga regulasyon sa ants ng estado at pederal.

Kasama sa aming proseso ng permit ang pagsusuri sa kung aling mga regulasyon ang inilalapat sa isang equipment, at ang pagsusulat ng mga kundisyon sa permit na malinaw na sumasalamin sa mga regulasyong iyo, para epektibong maipatupad ang mga ito at makamit ang lahat ng benepisyo sa kalidad ng hangin na nilalayon ng mga regulasyon. Malinaw dapat na maunawaan ng may-ari at operator ng negosyo ang permit, para mas madali nilang matugunan ang lahat ng regulasyong nalalapat sa kanila.

**Mga Pangako na Gawing Consistent ang Mga Permit**

- Suriin ang mga regulasyon habang ginagawa ang mga ito para matiyak na magiging malinaw at naipapatupad ang mga ito kapag isinama sa isang permit.
- Suriin ang mga pamantayang kundisyon sa permit at ang aming proseso para sa pagsasalin ng mga regulasyon sa mga kundisyon ng permit.
- Suriin kung paano kami nag-iisyu ng permit para matiyak na nakakasunod kami sa mga batas at regulasyon sa mga karapatang sibil.
- I-explore kung paano pa maisasaalang-alang ang mga cumulative na epekto sa aming proseso ng pagbibigay ng permit,
- Suriin kung kailan dapat magsagawa ng malawakang pagsusuri sa kapaligiran ng isang pasya sa pagbibigay ng permit.

Hindi epektibong maipapatupad ng mga permit ang aming mga regulasyon kung hindi malinaw ang pagkakasulat sa mga ito. Kung hindi malinaw ang pagkakasulat, hindi rin mauunawaan ng publiko, pasilidad, o ng mga inspektor ng Distrito ng Hangin ang nasabing permit sa pagtingin kung nakakasunod ba ang negosyo sa mga kundisyon ng permit. Puwede ring hindi maging epektibo ang mga permit kung hindi madaling maunawaan ang regulasyong binabanggit nito, o kung kailangan itong higpitan para sapat na maprotektahan ang mga komunidad, na inilalarawan sa **Estratehiya 1.2 Mas Mahihigpit na Regulasyon**.

Sa estratehiyang ito, papagandahin namin ang mga resulta ng aming proseso ng permit sa pamamagitan ng pagtiyak na consistent at malinaw ang pagkakasulat sa mga permit, at na pinoprotektahan ng mga ito ang kalusugan ng publiko hanggang sa sukdulang pinapayagan ng aming mga regulasyon. Susuriin namin ang mga regulasyon habang ginagawa ang mga ito para matiyak na magiging malinaw at naipapatupad ang mga ito kapag isinama sa isang permit. Susuriin namin ang aming hanay ng mga pamantayang kundisyon sa permit at ang aming proseso sa pagsasalin ng mga regulasyon sa mga kundisyon ng permit para matiyak na mauunawaan at maipapatupad ang mga kundisyon.

Ayon sa inilalarawan sa **Estratehiya 2.10 Sumunod sa Mga Batas sa Mga Karapatang Sibil**, susuriin namin kung paano kami nag-iisyu ng permit para matiyak na nakakasunod kami sa mga batas at regulasyon sa mga karapatang sibil. Ie-explore din namin kung paano pa maisasaalang-alang ang mga cumulative na epekto sa aming proseso ng pagbibigay ng permit, na inilalarawan sa **Estratehiya 2.11 Mga Cumulative na Epekto**. Panghuli, susuriin namin kung kailan magsasagawa ng malawakang pagsusuri sa kapaligiran ng isang pasya sa pagbibigay ng pahintulot sa ilalim ng **Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California**, na puwedeng magbigay ng mga karagdagang oportunidad para sa paglahok ng komunidad at pagpapagaan ng polusyon.

## Estratehiya 4.4 Pahusayin ang Pagsubaybay sa Hangin: Ia-update namin ang disenyo at mga operasyon ng network sa pagsubaybay sa kalidad ng hangin para maging mas maaasahan, efficient, mapaganda ang kalidad ng data, at maging mas accessible para mas matugunan ang mga gustong makamit sa pagsubaybay at masuportahan ang mga pagsisikap na maunawaan ang lokal na pagkakalantad sa polusyon sa hangin.

Ang Distrito ng Hangin ay may komprehensibong network sa pagsubaybay sa kalidad ng hangin na may mahigit 30 istasyon sa pagsubaybay sa siyam na county ng Bay Area. Ang pangunahing layunin ng aming mga monitor ng hangin ay sukatin ang polusyon sa hangin para matukoy kung nakakasunod ang rehiyon sa mga pamantayan sa kalidad ng hangin ng bansa at estado. Ginagamit din namin ang data ng pagsubaybay ng hangin para magbigay ng tinatayang kalidad ng hangin at mga trend. Nakakatulong ang data ng pagsubaybay ng hangin sa aming mga estratehiya na pagandahin ang kalidad ng hangin at ang aming mga pananaliksik na pag-aaral sa kalusugan. Nagsasagawa rin kami ng mga espesyal na proyekto sa pagsubaybay para mapalawak pa ang aming kaalaman sa mga partikular na pollutant at mga problema sa lokal na polusyon sa hangin na inilalarawan sa **Estratehiya 1.1 Baguhin ang Pamamaraan sa Kalidad ng Hangin** at **Estratehiya 2.7 Unawain ang Lokal na Polusyon sa Hangin**.

Napakakumplikado i-operate ang network sa pagsubaybay ng hangin. Kasama sa gawain ang disenyo ng network, pagtukoy ng mga site para mahanap ang mga monitor, at pag-set up sa mga monitor. Pagkatapos ay nangongolekta kami ng data ng polusyon sa hangin, sinusuri at pinapamahalaan namin ang data, at minementina at kina-calibrate namin ang mga monitor. Mayroon ding pagtiyak sa kalidad, pag-uulat, at mga pamamaraan sa pag-audit at kinakailangan ng estado at pederal na kailangan naming sundin.

Kailangan ng kaunting pagpapahusay sa network sa pagsubaybay ng hangin. Nagbago na sa paglipas ng panahon ang mga demand sa network sa pagsubaybay, at may mga gap at redundancy sa network. Kailangan din nating i-update ang ating mga data system, dahil hindi na nakasabay ang mga kasalukuyang system sa pagtaas ng volume at pagiging mas kumplikado ng data na kinakalap natin, pati sa mga advancement sa data science at teknolohiya. Sa pag-upgrade, mas maa-access ang mas malawak na hanay ng data para sa internal na paggamit at para sa publiko, lalo na para sa mga taong nakatira sa mga lugar na may mataas na antas ng polusyon sa hangin.

**Mga Pangakong Pahusayin ang Pagsubaybay sa Hangin**

- I-update ang mga data system sa pagsubaybay ng hangin.
- Pahusayin ang mga system sa pagkontrol ng kalidad.
- Suriin ang sumusubaybay na network para sa mga posibleng pagbabago at pagpapahusay.
- Pag-isipang gumawa ng mga pagbabago sa network sa pagsubaybay ng hangin.

Sa estratehiyang ito, ia-update namin ang aming data system sa pagsubaybay ng hangin, at isasapriyoridad namin ang mga pagpapahusay na susuporta sa mas efficient na pangongolekta ng data, pagsusuri, pag-uulat, accessibility, at seguridad. Papahusayin namin ang mga system para sa pagkontrol ng kalidad, pati ang pag-update ng dokumentasyon sa pagtiyak ng kalidad at ang pag-standardize ng mga pamamaraan, komunikasyon, pagsasanay, pag-track, at pamamahala ng proyekto. Susuriin din namin ang sumusubaybay na network para sa mga

posibleng pagbabago at pagpapahusay. Isasaalang-alang ng update na ito ang input ng komunidad. Sa partikular, isasaalang-alang namin ang lokasyon ng mga monitor depende sa lokasyon ng mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin. Gagamitin namin ang pagsusuring ito sa pagsasaalang-alang ng mga pagbabago sa network sa pagsubaybay ng hangin, gaya ng pag-relocate at pag-decommission sa ilang site ng pagsubaybay, at pagpapalit sa kung aling mga pollutant ang sinusukat.

## Estratehiya 4.5. Pahusayin ang Mga Imbestigasyon sa Pagsunod: Gagawin

naming mas efficient at epektibo ang mga resource sa pag-iinspeksyon at pag-iimbestiga para mapahusay ang pagsunod at mapalaki ang epekto ng aming programa sa pagpapatupad.

Binabawasan ng Distrito ng Hangin ang polusyon sa hangin sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagtiyak na nakakasunod ang isang pang-industriyang pasilidad, negosyo, o aktibidad na pinapangasiwaan namin sa mga regulasyon at naaangkop na permit. Nagsasagawa ang Distrito ng Hangin ng mga regular na inspeksyon, pagsubaybay ng hangin, at pagsusuri ng mga partikular na source para makapagpasya sa pagsunod. Nagsasagawa rin kami ng mga inspeksyon batay sa mga reklamong natatanggap namin mula sa publiko.

Kung mapag-aalaman namin sa aming mga inspeksyon na posibleng lumalabag ang isang negosyo o industriya sa aming mga regulasyon, mag-iimbestiga kami. Kung makikita sa imbestigasyon na ang may-ari ng industriya o negosyo ay hindi nakakatugon sa mga kinakailangan nito sa permit o hindi nakakasunod sa mga regulasyon, magsasagawa ang Distrito ng Hangin ng pagkilos sa pagpapatupad sa pamamagitan ng pag-iisyu ng mga abiso ng paglabag at pag-follow up nang may legal na pagkilos na inaasahan para matiyak na makakasunod ito ulit. Kailangan ng mga resource sa prosesong ito. Kung masusulit natin ang mga resource sa pag-iinspeksyon at pag-iimbestiga ng Distrito ng Hangin, tutulong kaming tiyakin na ang lahat ng industriya at negosyo sa Bay Area ay nagbabawas ng polusyon sa hangin at sumusunod sa batas, lalo na ang mga nasa komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin. Bukod pa rito, ang mga negosyong sumusunod sa aming mga regulasyon ay nakikinabang sa isang mahusay na programa sa pag-iinspeksyon, na patas at nagpapataw ng multa sa mga kakumpitensyang hindi nakakatugon sa mga kinakailangan ng Distrito ng Hangin.

**Mga Pangakong Pahusayin ang Mga Imbestigasyon sa Pagsunod**

- I-target ang mga inspeksyon at iba pang aktibidad sa pagsunod sa kung saan pinakakinakailangan ang mga ito.
- Padaliin ang prosesong ginagamit ng mga inspektor sa pagdodokumento ng mga paglabag.
- Pahusayin ang aming programa sa tulong sa pagsunod sa pamamagitan ng mga pinahusay na instrumento sa information technology at pinadaling access sa mga resource sa pagsunod.

**Bagama't nakatuon ang Estratehiya 1.5 Pahusayin ang Mga Imbestigasyon sa Paglabag** at **Estratehiya 1.6 Bagong Patakaran sa Pagpapatupad** sa pagpapahusay ng aming mga imbestigasyon at paggawa ng patakaran sa pagpapatupad sa mga komunidad, nakatuon ang estratehiyang ito sa pagiging efficient at epektibo ng aming pag-

iinspeksyon at mga proseso at kasanayan sa pagsunod. Sa estratehiyang ito, sisikapin naming i-target ang aming mga inspeksyon at iba pang aktibidad sa pagsunod sa kung saan pinakakinakailangan ang mga ito para sa pagtiyak ng pagsunod sa mga permit at regulasyon. Papadaliin din namin ang prosesong ginagamit ng mga inspektor sa pagdodokumento ng mga paglabag at papahusayin namin ang aming programa ng tulong sa pagsunod sa pamamagitan ng mga pinahusay na instrumento sa information technology at pinadaling access sa mga resource sa pagsunod.

Ang pag-target ng aming mga resource sa pagsunod at pagpapatupad kung saan pinakakinakailangan ang mga ito ay ibabatay sa aming mga pagsisikap sa **Estratehiya 2.2 Mangolekta ng Data ng Komunidad** at **Estratehiya 2.7 Unawain ang Lokal na Polusyon sa Hangin**. Sa dalawang estratehiyang ito, makakatulong sa amin ang impormasyon mula sa mga taong nakatira sa mga lugar na lubos na apektado ng polusyon sa hangin na mas maunawaan kung aling mga source ng polusyon ang nagdudulot ng pinakamatinding pinsala sa mga miyembro ng komunidad. Sa impormasyong iyon, mas maitutuon namin ang aming mga resource sa inspeksyon sa kung saan pinakamalaki ang magiging epekto nito sa pagsunod, at makakapagbigay ng pinakamagagandang benepisyo sa kalidad ng hangin at kalusugan ng komunidad.

## *Bumuo ng Mga Ugnayan at Pagbutihin ang Komunikasyon*

### Estratehiya 4.6 Magpasimula ng Pagkilos: Papalawakin namin ang aming komunikasyon sa publiko para mahikayat ang publiko na suportahan ang mga pagsisikap sa pagbabawas ng polusyon sa hangin at pagpapagaan sa pagbabago ng klima.

Kilala ng publiko ang Distrito ng Hangin para sa aming premyadong programa na Iligtas ang Hangin. Libu-libo na ang nahimok ng programang ito na pag-isipan kung paano nakakaapekto ang kanilang mga indibidwal na pagkilos sa mas magandang kalidad ng hangin. Mapipili nila kung gaano kadalas silang magmamaneho sa pamamagitan ng carpooling, paggamit ng pampublikong transportasyon, pagbibisikleta, o paglalakad-lakad. Umiiwas sila sa paggamit ng gas-powered lawn at equipment para sa hardin, at hindi sila nagsisiga sa mga araw kung kailan partikular na mataas ang antas ng polusyon sa hangin. Bagama't nagtagumpay ang kampanyang ito, gusto naming mas mahimok pa ang mga tao na limitahan ang polusyon sa hangin at labanan ang pagbabago ng klima.

**Mga Pangakong Nagpapasimula ng Pagkilos**

- Gumawa ng pinalawak na kampanya para sa impormasyon ng publiko.
- Dagdagan ang presensya sa social media para mapalawak ang outreach sa kabataan at makaugnayan ang mga teenager.
- Dagdagan ang advertising para mas maraming maibahaging impormasyon tungkol sa mga paraan ng pagbabawas ng polusyon at sa mga nauugnay na benepisyo sa kalusugan ng mas malinis na hangin, lalo na sa lokal na antas.

Sa estratehiyang ito, gagawa kami ng kampanya sa pinalawak na pampublikong impormasyon para maipabatid ang mga pagkilos ng mga taong puwedeng makabawas sa polusyon. Daragdagan din namin ang aming presensya sa social media para mapalawak ang aming outreach sa kabataan

at makaugnayan ang mga teenager sa aming hangarin at ginagawa. Daragdagan namin ang aming advertising para mas maraming maibahaging impormasyon tungkol sa mga paraan ng pagbabawas ng polusyon at sa mga nauugnay na benepisyo sa kalusugan ng mas malinis na hangin, lalo na sa lokal na antas.

Makikipagtulungan din kami sa aming mga partner sa lokal na pamahalaan at sa Lupon ng Mga Direktor na dagdagan ang presensya sa lahat ng siyam na county ng Bay Area. Ibabahagi namin ang aming mga pagsisikap na bawasan ang polusyon sa hangin sa mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon, mga epekto sa kalusugan ng pagkakalantad sa polusyon, at ang mga puwedeng gawin ng mga lokal na pamahalaan at iba pang partner par mabawasan ang polusyon sa hangin, gaya ng inilalarawan sa **Estratehiya 4.9 Mga Epekto sa Paggamit ng Lupa**.

## Estratehiya 4.7 Serbisyo sa Customer: Papalawakin namin ang kaalaman sa organisasyon ng mga empleyado at hahasain namin ang kanilang mga kakayahan sa komunikasyon, para maranasan ng mga tao ang pinakamataas na antas ng serbisyo mula sa Distrito ng Hangin.

Umaasa ang publiko sa Distrito ng Hangin para sa mahalagang impormasyon sa kalidad ng hangin. Mataas na antas ng serbisyo ang inaasahan nila sa pakikipag-ugnayan sa amin para sa tulong o impormasyon. Ang pagtulong sa mga customer at komunidad na lumutas ng mga isyu o magbigay ng impormasyon nang nasa oras ay nagbibigay ng higit pang transparency, tiwala, at tumutulong sa ahensya na maging mas epektibo. Mahalaga ito lalo na sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin.

Ang mga empleyado ng Distrito ng Hangin ay mga propesyonal na maraming kakayahan at malawak ang kaalaman sa kanilang larangan at ginagawa. Gayunpaman, posibleng maraming empleyado ang walang kaalaman sa ginagawa ng ibang tao sa organisasyon, at hindi lahat ng empleyado ay mayroon ng kasanayan sa komunikasyon na nakatuon sa customer. Sa katulad na paraan, sa pakikipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin, posibleng hindi alam ng mga customer at komunidad kung sino ang pinakamainam na resource para sa kanilang mga tanong o alalahanin. Para maging isang organisasyon na may mahusay na serbisyo sa customer at epektibong nakakapaglingkod sa ating mga komunidad, kailangan ay maraming alam sa organisasyon ang lahat ng empleyado. Sa nasabing kaalaman, tiyak na maibibigay natin ang pinakamahusay na serbisyo sa customer.

**Mga Pangako sa Serbisyo sa Customer**

- Palawakin ang internal na kaalaman sa organisasyon at hahasain namin ang mga kakayahan sa komunikasyon.
- Gumawa ng pambuong-estadong curriculum para sa mga dati na at bagong empleyado.

Sa estratehiyang ito, papalawakin namin ang kaalaman sa organisasyon at hahasain namin ang mga kakayahan sa komunikasyon. Gagawa tayo ng pambuong-estadong curriculum para sa mga dati na at bagong empleyado para matuto ang lahat tungkol sa lahat ng programa sa Distrito ng Hangin. Makakatulong din ito sa pagkakaisa ng mga empleyado ng Distrito ng Hangin sa pagsuporta ng mga customer at komunidad, na makakatulong sa aming mga

pagsisikap na maging Iisang Distrito ng Hangin, na inilalarawan sa **Estratehiya 3.3: Komunidad ng Iisang Distrito ng Hangin**.

## Estratehiya 4.8 Mga Insidente sa Kalidad ng Hangin: Papahusayin din namin ang aming programa ng pagtugon sa insidente, sa pakikipagtulungan sa mga partner sa pamahalaan.

Kapag nakakaranas ang isang negosyo ng insidenteng nauugnay sa polusyon sa hangin, o ng anumang hindi routine na pag-release ng polusyon sa hangin, umaasa ang nakapaligid na komunidad sa maraming ahensya ng pamahalaan na magsaayos ng tugon. Kasama sa mga ahensya ng pamahalaan na puwedeng tumugon ang departamento ng bumbero, lokal na departamento ng pampublikong kalusugan, unit para sa pagtugon sa mga mapanganib na materyales, at specialized na ahensya para sa pagkontrol ng polusyon gaya ng Distrito ng Hangin. Bagama't hindi awtorisado o nagsanay ang mga empleyado ng Distrito ng Hangin na gumanap bilang mga unang tagaresponde, mabilisan kaming nakikipagtulungan sa mga nasa lugar para masuri ang mga posibleng epekto sa kalidad ng hangin at maipabatid sa publiko kung paano puwedeng makaapekto ang insidente sa kanilang kalusugan. Iniimbestigahan din namin ang sanhi ng insidente at kung may nalabag bang anumang regulasyon sa kalidad ng hangin.

Sa pagbibigay ng mas detalyadong impormasyon sa mga komunidad kapag may insidente, kailangan ng mga karagdagang kakayahan, kasama ang impormasyon sa polusyon sa hangin at ang mga posibleng epekto sa kalusugan para sa mga miyembro ng komunidad. Makakatulong din sa amin ang nasabing impormasyon na tukuyin ang lawak at indi ng insidente para sa layunin ng anumang pagkilos sa pagpapatupad na puwede naming isagawa. Kailangan din natin ng pinaganda at pinadaling koordinasyon sa iba pang ahensya ng pamahalaan na tumutugon sa insidente, pinahusay na pagtukoy ng insidente na batay sa teknolohiya, at aktibong pag-abiso sa komunidad.

Bukod pa rito, kailangan nating gumawa ng mas mahuhusay na paraan ng pagsasama at pag-aksyon sa impormasyon mula sa mga miyembro ng komunidad bilang bahagi ng ating tugon sa insidente. Kadalasan, ang mga komuidad na malapit sa isang insidente ang unang nakakaalam nito at nakakaranas sa mga epekto.

**Mga Pangako sa Mga Insidente sa Kalidad ng Hangin**

- Makipagtulungan sa industriya, komunidad, at iba pang lokal na ahensya para makagawa ng mas mahuhusay na system sa pagtukoy at pagtatasa ng mga emisyon mula sa mga insidente.
- I-explore ang mga solution sa teknolohiya na aktibong nag-aabiso sa mga komunidad tungkol sa mga insidente, pati tungkol sa konteksto sa mga posibleng alalahanin sa kalusugan.
- Makipagtulungan sa mga komunidad malapit sa mga pasilidad na may mga umuulit na insidente para makapagbigay ng pinahusay na pagsubaybay na pinangungunahan ng komunidad.
- Maghatid ng maiikli, madaling maunawaan, at naaaksyunang alerto sa panahon ng mga insidente, at ng mas mahusay at transparent na paglutas at mga imbestigasyon pagkatapos ng insidente.

Sa estratehiyang ito, makikipagtulungan kami sa industriya, komunidad, at iba pang lokal na ahensya para makagawa ng mas mahuhusay na system sa pagtukoy at pagtatasa ng mga emisyon mula sa mga insidente. I-e-explore namin ang mga solution sa teknolohiya na aktibong nag-aabiso sa mga komunidad tungkol sa mga insidente, pati tungkol sa impormasyon sa kalusugan.

Makikipagtulungan din kami sa mga komunidad malapit sa mga pasilidad na may mga umuulit na insidente para makapagbigay ng pinahusay na pagsubaybay na pinangungunahan ng komunidad para mas malalim at mabilis na maunawaan ang pagkakalantad sa polusyon sa hangin na nararanasan ng mga miyembro ng komunidad. Panghuli, gagamitin namin ang mga instrumento at pakikipagtulungang ito para maghatid ng maiikli, madaling maunawaan, at naaaksyunang alerto sa panahon ng mga insidente, at ng mas mahusay at transparent na paglutas at mga imbestigasyon pagkatapos ng insidente.

## Estratehiya 4.9 Mga Epekto sa Paggamit ng Lupa: Magbibigay kami ng mga instrumento para maisaalang-alang ang katarungan sa kapaligiran, kalidad ng hangin, at mga priyoridad sa klima sa mga plano, patakaran, proyekto, at pasya sa pagbibigay ng permit sa lokal na paggamit ng lupa.

Sa pagsasaalang-alang ng kalidad ng hangin sa mga epekto sa klima sa lokal na antas sa mga pasya sa paggamit ng lupa at paggamit ng mga diskarte para maalis ang kawalan ng katarungan sa kapaligiran at maiwasan ang higit pang pinsala, makakatulong ang mga nagpapasya sa lokal na paggamit ng lupa na bawasan ang pagkakalantad sa polusyon sa hangin at pabutihin ang kalusugan ng publiko.

Bagama't pinagbabawalan ng batas ang mga distrito ng hangin na magpasya sa lokal na paggamit ng lupa, ang mga plano, patakaran, at pasya sa pagbibigay ng permit sa lokal na paggamit ng lupa ang nangunguna sa pagpapaganda sa kalidad ng hangin. Hinuhubog ng mga ito ang kapaligiran, at puwedeng makatulong ang mga ito sa pagsusulong ng katarungan sa kapaligiran, pagiging matatag ng komunidad, at pagdudulog sa mga priyoridad sa lokal na klima. Sa mga pasya sa paggamit ng lupa, natutukoy kung nasaan at kung paano itinayo ang mga bagong proyekto ng development – na kung minsan ay isang bagong source ng polusyon sa hangin. Halimbawa, makakatulong sa pagprotekta ng kalusugan ang mga regulasyon sa zoning na nag-aatas ng sapat na buffer sa pagitan ng tinitirhan, pinapasyalan, at pinagtatrabahuhan ng mga tao, at ng mga paggamit ng lupa na nagdudulot ng polusyon gaya ng mga freeway. Ang mga pamantayan sa development ng site at kundisyon ng pag-apruba ay puwedeng magpaliit sa epekto ng mga bagong paggamit ng lupa at makatulong sa pagpigil na maglagay ng mga bagong paggamit ng lupa na nagdudulot ng polusyon malapit sa mga taong pinakasensitibo sa polusyon sa hangin.

**Mga Pangako sa Mga Epekto ng Paggamit ng Lupa**

- Gumawa, magbahagi, at suportahan ang paggamit ng mga teknikal na resource, data instrumento, at pinakamahuhusay na kasanayan.
- Magbigay ng gabay sa kung paano madiskarteng magagamit ang mga regulasyon sa paggamit ng lupa para matugunan at maiwasan ang hindi tugmang paggamit ng lupa.

Sa estratehiyang ito, gagawin, ibabahagi, at susuportahan namin ang paggamit ng mga teknikal na resource, data instrumento, at pinakamahuhusay na kasanayan. Ang mga nasabing kasanayan ay magbibigay-daan sa mga lokal na pamahalaan na mas epektibong isaalang-alang ang kalidad ng hangin, klima, at

mga pagsusuri at solusyon sa katarungan sa kapaligiran sa pagpaplano, mga patakaran, at kasanayan sa pagbibigay ng permit ng lokal na paggamit ng lupa. Magbibigay kami ng gabay sa kung paano madiskarteng magagamit ang mga regulasyon sa paggamit ng lupa para matugunan at maiwasan ang mga hindi tugmang paggamit ng lupa, ibig sabihin, ang paghihiwalay ng mga source ng polusyon sa mga lugar na tinitirhan at pinupuntahan ng mga tao, na magpapagaan sa mga problema sa kapaligiran, at pipigil sa concentration ng mga industriyang nagdudulot ng polusyon malapit sa mga komunidad. Sa gabay na ito, pagtutuunan namin ang mga makabagong instrumento sa paggamit ng lupa, gaya ng mga diskarte para ma-phase out ang mga negosyong nagdudulot ng pinakamatinding polusyon na malapit sa mga taong pinakasensitibo sa polusyon sa hangin, kasama ng paggamit ng mga overlay ng zoning, pamantayang kundisyon sa pag-apruba, at iba pang pamamaraan sa pagbibigay ng permit.

### *Maging Responsable*

**Estratehiya 4.10 Tiyakin ang Tagumpay:** Titiyakin natin na mayroon tayo ng mga resource at kapasidad para matugunan ang mga inaasahan ng Lupon at komunidad at matupad ang ating mga pangako, nang sa gayon ay magkaroon ng tiwala sa kapasidad ng Distrito ng Hangin na magtagumpay.

Sa hangarin ng Distrito ng Hangin na pabutihin ang pampublikong kalusugan, kadalasan, tumatanggap tayo nang higit pa sa ating kapasidad. Para matiyak na natutugunan natin ang mga inaasahan ng komunidad, at hindi napapako ang ating mga pangako, kailangan ay mahusay nating tasahin ang kapasidad nating tumanggap ng higit pang trabaho, at maayos nating i-resource ang mga dati na nating pangako. Kailangan nating maging mas handa para mabawasan ang mga hindi inaasahang gastusin at magtagumpay sa ating mga ginagawa. Kailangan nating pahusayin ang ating kakayahang magsapriyoridad ng mga pagsisikap at tiyaking cohesive na nagtutulungan ang lahat ng dibisyon sa Distrito ng Hangin tungo sa iisang layunin, at iugnay ang mga layuning ito sa mga resource na kinakailangan para sa pangmatagalang tagumpay. Sa pagtiyak na mayroon tayo ng mga resource at kapasidad na humarap sa mga bagong gawain, pati sa mga nakasaad sa 2024-2029 Estratehikong Plano, makukuha natin ang tiwala ng at magiging responsable tayo sa Distrito ng Hangin at sa mga komunidad na ating pinaglilingkuran.

Sa kasalukuyan, walang sistematikong pamamaraan ang Distrito ng Hangin sa mabusising pagsusuri at pagpaplano ng mga bagong inisyatiba. Kung walang malinaw na proseso sa pagsusuri sa mga kinakailangang resource at collaborative na proseso para matiyak ang malawakang internal at external na suporta, mahihirapan tayong tugunan ang mga layunin ng mga proyekto.

Sa estratehiyang ito, may mga isasagawa tayong proseso para matiyak ang matagumpay na paglulunsad at pagpapatupad ng mga bagong regulasyon, pagbabago sa patakaran at programa, bagong inisyatiba, at modipikasyon sa estratehikong plano. Bubuo tayo ng mga

detalyadong plano ng operasyon at proseso ng negosyo na nagtatantya sa mga kinakailangang resource at timeline, at nagtatakda ng malilinaw na responsibilidad. Makikibahagi sa mga plano at prosesong ito ang lahat ng nauugnay na dibisyon ng Distrito ng Hangin, at sisiguruhin nito ang dedikasyon at pag-ayon ng pamunuan sa buong organisasyon.

**Mga Pangako sa Pagtiyak ng Tagumpay**

- Magsagawa ng mga proseso para matiyak ang matagumpay na paglulunsad at pagpapatupad ng mga bagong panuntunan at regulasyon, pagbabago sa patakaran at programa, bagong inisyatiba, at modipikasyon sa estratehikong plano.
- Bumuo ng mga detalyadong plano ng operasyon at proseso ng negosyo na nagtatantya sa mga kinakailangang resource at timeline, at nagtatakda ng malilinaw na responsibilidad.
- Gawin at ilapat ang mga pamantayan at pinakamahusay na pamamaraan sa operasyon sa buong organisasyon.
- Maglapat ng mga modelo ng tuluy-tuloy na pagpapahusay sa proseso sa mga operasyon at pamamaraan.

Patuloy nating titiyakin na ang pinakamahuhusay na kasanayan ang ginagamit natin sa lahat ng ating operasyon at inisyatiba. Gagawa at maglalapat tayo ng mga pamantayang pamamaraan sa operasyon sa buong organisasyon, mula sa ating mga information technology system hanggang sa pakikipagkontrata sa mga supplier. Titiyakin din nating maayos na nakakonekta ang mga system na ito sa isa't isa para mapadali ang pagpapabatid ng impormasyon sa loob ng organisasyon at sa mga komunidad. Gagamit din tayo ng modelo para sa tuluy-tuloy na pagpapahusay ng proseso sa ating mga operasyon at pamamaraan para sa pinahusay na efficiency at pinagandang kalidad sa paglipas ng panahon. Sa pangakong ito, mapapahusay ang serbisyo sa customer, magiging mas produktibo, at madaragdagan ang kapasidad nating magtagumpay.

## Estratehiya 4.11 Iayon ang Mga Resource: Sisikapin naming tiyakin na ang mga resource at taunang badyet ng Distrito ng Hangin ay naaayon sa mga priyoridad ng organisasyon at komunidad, gaya ng inilalarawan sa*2024-2029 Estratehikong Plano.*

**Mga Pangakong Iayon ang Mga Resource**

- Tiyaking ire-resource namin ang mga layuning nakasaad sa *2024-2029 Estratehikong Plano*.
- Baguhin ang priyoridad sa proseso ng taunang badyet, pati sa paglalaan ng pondo, sa mga partikular na gustong makamit, estratehiya, at pagkilos sa plano.
- Sadyang itugma ang paggasta sa pagkamit ng tunay na makabuluhang epekto sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga bagong pamamaraan sa pamamahala ng kalidad ng hangin na nakatuon sa pag-unawa at pag-aalis ng mga hindi patas na pagkakaiba sa lokal na polusyon sa hangin.

Para magtagumpay ang anumang plano, maayos dapat ang resource ng mga layunin at priyoridad. Kasama sa mga resource ang oras, mga tauhan, focus ng pamunuan, at pera. Kadalasan, hindi maayos ang resource ng malalaking plano para sa pagbabago, mga bagong ideya, programa, o priyoridad.

Sa estratehiyang ito, titiyakin ng Distrito ng Hangin na ire-resource namin ang mga layuning nakasaad sa *2024-2029 Estratehikong Plano*. Babaguhin namin ang ang priyoridad sa proseso ng taunang badyet, pati sa paglalaan ng pondo, sa mga

partikular na gustong makamit, estratehiya, at pagkilos sa plano. Sadya naming itutugma ang aming paggasta sa pagkamit ng tunay na makabuluhang epekto sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga bagong pamamaraan sa pamamahala ng kalidad ng hangin na nakatuon sa pag-unawa at pag-aalis ng mga hindi patas na pagkakaiba sa lokal na polusyon sa hangin. Gagamitin din ang paggasta para suportahan ang aming mga pagsisikap sa katarungan sa kapaligiran, pagiging mas cohesive at inclusive, at pagiging isang organisasyong mas epektibo, responsable, at nakatuon sa customer.

Bukod sa pag-ayon ng ating mga layunin at priyoridad, ang mga taunang ulat ng pag-usad sa estratehikong plano, na inilalarawan sa **Estratehiya 4.12 Ulat ng Pag-usad**, ay iaayon sa development ng ating taunang badyet. Ang bawat cycle ng taunang badyet at kaakibat na ulat ng pag-usad sa estratehikong plano ay magsisilbing oportunidad para sa Distrito ng Hangin at mga komunidad na tasahin at kumpirmahin ulit aming ang mga priyoridad.

## Estratehiya 4.12 Ulat ng Pag-usad: Transparent kaming mag-uulat sa pag-usad sa pagtugon sa mga layunin at estratehiya ng *2024-2029 Estratehikong Plano* para maging responsable para sa aming mga pangako at pagtugon sa mga inaasahan.

Napakahalaga ng pagbuo at pagpapatupad ng estratehikong plano ng organisasyon sa pagbibigay ng linaw sa hangarin, mithiin, mga layunin, at estratehikong priyoridad ng organisasyon. Idinisenyo ang *2024- 2029 Estratehikong Plano* para ibigay sa Distrito ng Hangin ang linaw na matagal na naming kinakailangan sa mga iisang layunin at priyoridad. At bagama't mahalaga ang plano sa pagtatakda ng malilinaw na priyoridad, mas mahalaga pang ipatupad ang plano. Kailangan nating gumawa ng mga pagkilos na makakabawas sa hindi patas na pagkakalantad sa polusyon sa hangin, bubuo ng kapasidad at pakikipagtulungan sa komunidad, at magbibigay ng pinahusay at cohesive na organisasyon. Sa estratehiyang ito, at gaya ng inilalarawan sa **Kabanata 4**, ita-track namin ang aming pag-usad sa pagpapatupad sa *2024- 2029 Estratehikong Plano*. Magiging mabilis ang aming sagot at magiging responsable kami sa aming Lupon ng Mga Direktor at komunidad sa pamamagitan ng pagsasagawa ng taunang pagsusuri sa aming pag-usad. Gagawa kami ng mga nasusukat na sukatan ng performance para sa bawat diskarte at nauugnay na pagkilos. Sa aming taunang pag-uulat, tutukuyin din namin ang mga pagsubok o resource na kinakailangan para magawa ang bawat estratehiya.

**Mga Pangakong Iulat ang Pag-usad**

- I-track ang pag-usad sa pagpapatupad sa *2024-2029 Estratehikong Plano*.
- Magsagawa ng taunang pagsusuri sa pag-usad.
- Gumawa ng mga nasusukat na sukatan ng performance para sa bawat diskarte at nauugnay na pagkilos.
- Tukuyin ang mga pagsubok o resource na kinakailangan para magawa ang bawat estratehiya, bilang bahagi ng taunang pagsusuri.

# Kabanata 4: Pananagutan sa Pagkilos

Inihanda ng Distrito ng Hangin ang *2024-2029 Estratehikong Plano* para gabayan ang aming ginagawa at, higit sa lahat, papanagutin ang aming mga sarili. Tinalakay namin sa Lupon ng Mga Direktor, mga lider sa komunidad, industriya, at lokal na pamahalaan ang mga inilalarawan sa planong ito. Nagsimula na rin kaming umusad. Gayunpaman, kinakailangan naming maging malinaw at transparent tungkol sa aming mga priyoridad at pangako.

Ang *2024-2029 Estratehikong Plano* ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga komunidad, Lupon ng Mga Direktor, at mga empleyado ng Distrito ng Hangin na malinaw na makita at maunawaan ang aming mga ipinangako. Sa pamamagitan pa nito, natatasa namin kung naaayon ang aming mga pagkilos sa mga pangakong ito, at sa mga pangangailangan ng mga komunidad na aming pinaglilingkuran. Nagbibigay-daan din ito sa aming masubaybayan ang pag-usad namin sa pagtupad sa aming mga pangako. Ang planong ito ay isang mekanismo ng pananagutan para sa amin.

## Mga Inaaksyunang Pangako

Ang paggawa ng mga pangakong naaayon sa aming Lupon ng Mga Direktor, komunidad, at pangunahing prinsipyo ay isang mahalagang hakbang sa pagkamit sa aming misyon, mithiin, at mga layunin. Higit pang mahalaga ang pag-aksyon sa mga pangakong iyon. Walang makakamit kung walang aksyon.

Para matiyak na tutupad kami sa aming mga pangako, sinimulan na naming gumawa ng mga plano ng pagkilos, inisyatiba, at programa para maisulong ang mga estratehiya sa *2024-2029 Estratehikong Plano*. Gagawa rin kami ng mga timeline ng performance, milestone, sukatan, at target. Sa aming taunang proseso ng pagbabadyet, titiyakin naming may mga available na resource para makumpleto ang mga pagkilos sa mga plano ng pagkilos. Taun-taon kaming mag-uulat sa pag-usad at transparent naming sasabihin ang mga nakamit namin. Bawat limang taon, magsasagawa kami ng kumpletong pagsusuri sa estratehikong plano at ia-update namin ito batay sa mga kasalukuyang kundisyon at priyoridad.

**Pagbibigay ng Feedback ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad**

Dati nang nakatuon ang Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad sa mga aspetong para sa kanila ay mahalaga sa pagsusulong ng katarungan sa kapaligiran. Pinahusay ang koleksyon at paggamit ng data sa kalidad ng hangin, pagbibigay ng permit, at pagpapatupad sa mga lugar. Sa loob ng ilang buwan, nakipag-usap kami sa mga miyembro ng konseho tungkol sa mga posibleng pagkilos sa mga paksang ito. Ang mga pagkilos na iyon ay sumasaklaw na ngayon ng 20 estratehiya sa *2024-2029 Estratehikong Plano*.

### Mga Plano ng Pagkilos

Sa susunod na ilang buwan, patuloy naming ide-develop ang pagpapatupad, o ang mga plano ng "pagkilos" para matugunan ang isa o higit pa sa mga estratehiya sa *2024-2029 Estratehikong Plano*. Sa pakikipag-usap sa mga miyembro ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad, may mga natukoy kaming pagkilos na sumusuporta sa marami sa mga estratehiya sa plano. Sa pagkonsulta sa aming Lupon ng Mga Direktor at sa pamamagitan ng iba pang pagsisikap na pinangungunahan ng mga empleyado, may

DRAFT

mga natukoy din kaming pagkilos na puwede nating gamitin sa pagpapatupad ng mga estratehiya at, sa ilang kaso, simulang kumilos.

**Mga Sukatan ng Performance**

Gagawa kami ng mga sukatan ng performance para sa bawat estratehiya at mga nauugnay na pagkilos para sa pinahusay na pag-uulat ng pag-usad. Partikular at tangible ang mga sukatan. Gagamitin ng quantitative na sukatan kung posible, kasama ng mga qualitative na hakbang at milestone. Ita-track at taunan naming iuulat ang pag-usad sa bawat sukatan sa ating Lupon at mga komunidad.

**Pag-ayon ng Resource**

Gaya ng inilarawan sa **Estratehiya 4.11 Iayon ang Mga Resource**, titiyakin naming maayos naming ire-resource ang mga estratehiya at pansuportang plano ng pagkilos sa *2024-2029 Estratehikong Plano*. Babaguhin namin ang priyoridad namin sa taunang proseso ng pagbabadyet, pati ang paglalaan ng pondo, para suportahan ang pagpapatupad ng plano. Ang bawat taunang cycle ng badyet ay isang oportunidad para tasahin kung sapat na nare-resource ang aming mga pangako sa plano, at para mag-adjust kung kinakailangan.

**Mga Ulat ng Progreso**

Bawat taon, iuulat namin ang pag-usad sa aming mga pagsisikap na ipatupad ang *2024- 2029 Estratehikong Plano* na inilalarawan sa **Estratehiya 4.12 Iulat ang Pag-usad**. Sa taunang ulat ng pag-usad, magsasama kami ng buod ng lahat ng pagkilos na ginawa namin, kasama ng mga nauugnay na sukatan ng performance. Ilalarawan namin ang mga pagkilos na hindi ginawa at kung bakit. Gagamitin ang mga ulat ng pag-usad para matukoy kung kailangan naming baguhin ang aming mga plano ng pagkilos para maging mas epektibo.

Gaya ng inilarawan sa itaas, iaayon namin ang mga taunang ulat ng pag-usad sa paggawa ng aming taunang badyet, para matasa ang mga karagdagang pangangailangan sa resource, o ang muling paglalaan sa mga dati nang resource.

Ang mga taunang ulat ng pag-usad ay magsisilbing oportunidad para malaman ang feedback ng aming mga partner sa komunidad sa performance namin, at kung patuloy naming natutugunan ang kanilang mga pangangailangan at inaasahan. Sa bawat cycle ng taunang badyet at sa kaakibat na ulat ng pag-usad, magagawa ng Distrito ng Hangin at mga komunidad na tasahin at kumpirmahin ulit ang mga priyoridad. At gaya ng natutunan namin sa aming mga talakayan sa mga miyembro ng Konseho sa Pagpapayo ng Lungsod para matukoy ang mga pagkilos sa pagsusulong ng katarungan sa kapaligiran, napakahalaga ng nasabing pakikipagtulungan para matiyak ang pag-ayon.

DRAFT

**Pag-update sa Estratehikong Plano**

Bawat limang taon, magsasagawa kami ng komprehensibong update sa estratehikong plano. Ang limang taong update ay magsisilbing oportunidad para matasa ulit ang aming mga priyoridad, nang isinasaalang-alang ang mga kasalukuyang kundisyon at resource. Tulad sa paggawa sa 2024-2029 Estratehikong Plano, kokonsulta kami sa mga komunidad, empleyado, aming mga partner, at sa Lupon ng Mga Direktor tungkol sa update sa plano.

## Mga Isinasagawang Pagkilos

Aktibo na naming pinagsisikapang ipatupad ang *2024-2029 Estratehikong Plano*. Makakakita sa ibaba ng snapshot ng ilan sa mga pagkilos na isinagawa o isinasagawa namin para isabuhay ang mithiin at mga layunin ng plano sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga partikular na estratehiya ng plano.

***Pagbabago sa Pamamaraan sa Kalidad ng Hangin***

Nakikipagtulungan kami sa mga komunidad sa West Oakland, Richmond, North Richmond, at San Pablo na tukuyin ang mga ikinakabahala nilang source ng polusyon sa kanilang mga komunidad. Gumagawa kami ng mga paraan para mas maunawaan ang mga lokal na panganib mula sa fine particulate matter, gaya sa ginagamit para maunawaan ang mga panganib sa kalusugan ng mga nakakalasong contaminant sa hangin. Kamakailan din ay natapos namin ang modeling sa computer ng buong estado ng lahat ng alam na source ng polusyon sa hangin sa West Oakland at Richmond-North Richmond-San Pablo para matukoy kung aling mga source ang nagpapalaki ng pagkakalantad sa polusyon sa hangin sa bawat komunidad. Sinusuportahan ng mga pagsisikap na ito ang pagpapatupad sa **Estratehiya 1.1 Baguhin ang Pamamaraan sa Kalidad ng Hangin**.

***Mas Mahusay na Pagtugon sa Mga Insidente sa Kalidad ng Hangin***

Kamakailan ay may mga inaprubahan ang Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin na bagong pamamaraan at pagpapahusay sa pagtugon namin sa mga insidente sa kalidad ng hangin. Papahusayin ng mga pagbabago ang pakikipag-ugnayan namin tungkol sa mga insidente at kung paano kami nakikipag-usap sa mga ahensya ng pamahalaan sa aming tugon. Papadaliin namin ang pag-access ng impormasyon kaugnay ng aming tugon at imbestigasyon sa insidente sa kalidad ng hangin. Sa pamamagitan ng mga pagbago, mapapahusay rin ang pangongolekta natin ng impormasyon tungkol sa epekto ng insidente sa nakapaligid na komunidad. Bilang unang hakbang, makikipagtulungan kami sa mga miyembro ng komunidad malapit sa mga refinery na gumawa ng programa para sa pag-sample at pagsusuri ng particulate matter na na-emit sa panahon ng mga insidente at ipabatid ang mga resulta.

Nakikipagtulungan kami sa mga industriya, gaya ng mga oil refinery, na maglagay ng tuluy-tuloy na monitor malapit sa kanilang equipment para mas mahusay na matantya ang mga emisyon mula sa mga flaring.

Makakatulong sa amin ang mga pagkilos na ito na magbigay ng mas napapanahon at nauugnay na impormasyon sa mga komunidad na posibleng apektado ng insidente.

Sinusuportahan ng mga pagkilos na ito ang **Estratehiya 4.8 Mga Insidente sa Kalidad ng Hangin** at **2.2 Mangolekta ng Data sa Komunidad**. Maraming consistent din sa mga pagkilos sa sa *Daan Tungo sa Malinis na Hangin* ng Richmond-North Richmond-San Pablo.

***Mas Mahihigpit na Regulasyon***

Dalawang pinagtibay na plano ng komunidad, ang, *Pagmamay-ari sa Ating Hangin* at *Daan Tungo sa Malinis na Hangin,* na para sa pagbabawas ng lokal na polusyon sa hangin sa West Oakland at Richmond-North Richmond-San Pablo ang naglalaman ng mga pangako para sa mas mahihigpit na regulasyon. Ang ilan sa mga priyoridad para sa parehong komunidad ay ang pagbabawas ng alikabok, mga emisyong nauugnay sa restaurant, emisyon mula sa metal recycling at operasyon ng foundry, usok mula sa siga sa bakuran, open burning, recreational na sunog at fireplace, emisyon sa karagatan at tren, at polusyon sa hangin mula sa mga oil refinery. Para matugunan ang mga pangakong ito, at masuportahan ang **Estratehiya 1.2 Mas Mahihigpit na Regulasyon**, gumawa kami ng listahan ng priyoridad ng mga regulasyon para maidirekta ang aming mga pagsisikap sa regulasyon sa susunod na ilang taon.

Kamakailan din ay na-update namin ang mga regulasyon sa pagbibigay ng permit para magtakda ng mas mahihigpit na kinakailangan sa polusyon sa hangin at humingi ng pinalawak na abiso sa publiko para sa mga bago at binagong source ng nakakalasong polusyon sa hangin sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin. Gumagawa rin kami ng mas mahihigpit na regulasyon sa mga source ng alikabok gaya ng mga site ng konstruksyon, batch plant, at pasilidad sa pangangasiwa ng mga materyales.

***Pag-minimize sa Flaring***

Sinusuri namin ang data mula sa mga insidente ng flaring para maunawaan ang materyales na nagfe-flare at kung gaano ito kadalas mangyari. Nakikipag-usap din kami sa mga komunidad malapit sa mga refinery para maunawaan ang kanilang mga alalahanin tungkol sa flaring, pati sa pag-abiso sa kanila at sa mga posibleng epekto sa kalusugan. Tutulong sa amin ang mga pagkilos na ito na pagpasyahan ang mga dapat pang gawin para mabawasan ang flaring.

Bukod pa rito, ang *Daan Tungo sa Malinis na Hangin* ng Richmond-North Richmond San Pablo na pinagtibay kamakailan ay may estratehiya para mabawasan ang “persistent” na flaring mula sa mga oil refinery. May anim na pagkilos ang estratehiya. Kasama sa mga pagkilos ang pakikipagtulungan sa komunidad at sa Lungsod ng Richmond na paigtingin ang kanilang lokal na ordinansa sa pang-industriyang kaligtasan, pakikipagtulungan sa komunidad na pahusayin at palawakin ang komunikasyon tungkol sa flaring, pakikipag-collaborate sa County ng Contra Costa para mapahusay ang kanilang System para sa Babala sa Komunidad, at pagsusuri ng mga posibleng update sa mga regulasyon sa flaring ng Distrito ng Hangin. Ang mga pagkilos na ito ang pagsisimulan ng detalyadong plano ng pagkilos para sa **Estratehiya 1.3 Bawasan ang Flaring**.

***Mga Solusyon sa Klima***

Nakikipagtulungan kami sa mga lokal na pamahalaan, organisasyon sa komunidad, at tagapagsulong komunidad na simulang gumawa ng panrehiyong plano sa klima. Aayon ang planong ito sa pambuong-estadong plano sa klima, at bibigyang-daan nito ang mga pagkilos sa lokal at rehiyon para mabawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas, na inilalarawan sa **Estratehiya 1.7 Mga Bagong Solusyon sa Klima**. Tumutulong din kami sa isang network ng mga lokal na pamahalaan sa mga pagsisikap nitong bigyan ng kuryente ang mga bahay ng libu-libong pamilyang may mababang kita, at gumawa ng mga bagong patakaran para masiulong ang paggawa ng electrification, na sumusuporta din sa **Estratehiya 1.7**.

***Pag-unawa sa Lokal na Polusyon sa Hangin***

Sinusuri namin ang limang taong data ng kalidad ng hangin mula sa network sa pagsubaybay ng Purple Air, na nagbibigay sa amin ng impormasyon tungkol sa kalidad ng hangin sa mga partikular na lokasyon sa Bay Area. Sa Richmond, nagpadala kami ng van na may equipment sa pagsubaybay ng hangin para magsagawa ng mga mas detalyadong pag-aaral ng nakakalasong polusyon sa hangin at particulate matter, na may direksyon mula sa mga miyembro ng komunidad. May pinaplano kaming katulad na pagsisikap sa East Oakland, sa pakikipagtulungan sa Mga Komunidad para sa Pinagandang Kapaligiran. Sinusuportahan ng mga pagkilos na ito ang **Estratehiya 2.7 Pag-unawa sa Lokal na Polusyon sa Hangin**.

***Pagpapahusay sa Proseso ng Pagbibigay ng Permit***

Para maging mas napapanahon ang mga permit, tinukoy namin ang lahat ng naka-backlog na permit at sa kung saan sa proseso ng permit nagkakaroon ng pagkaantala. Gumagawa kami ng mga plano para matugunan ang mga sticking point na ito. Nagsasagawa rin kami ng mga hakbang para maging mas efficient sa aming mga kinakailangan sa permit para sa malalaking kumplikadyong industriya, back-up na generator, at composting. Kasama sa mga ito ang pagpapahusay sa aming proseso para sa pagsusuri sa mga antas ng emisyon sa mga partikular na komunidad, na kadalasan ay bahagi ng proseso ng permit sa mga kumplikadong pasilidad. Bukod pa rito, nag-iisip kami ng mga paraan ng kung paano namin mababago ang mga regulasyon para mapadali ang proseso ng pagbibigay ng permit.

Para maging mas consistent sa permit, kamakailan ay binago namin ang aming handbook ng permit, na nagbibigay ng mga kalkulasyon sa emisyon, naaangkop na regulasyon, at pamantayang kundisyon sa permit. Internal na ipa-pilot ang bagong handbook na ito para malaman kung talagang magagawa nitong mas consistent at napapanahon ang pagbibigay ng permit. Para maging mas transparent ang proseso ng pagbibigay ng permit, gumagawa kami ng pampublikong dashboard tungkol sa status ng aplikasyon sa permit, kung saan matitingnan ng mga aplikante at miyembro ng publiko ang status ng mga aplikasyon sa permit. Sinusuportahan ng mga pagkilos na ito ang **Estratehiya 4.1 Mga Napapanahong Permit, 4.2 Transparent na Proseso ng Permit,** at 4**.3 Mga Consistent na Permit.**

***Pagpapahusay sa Pagsubaybay sa Kalidad ng Hangin***

Sinusuri namin ang aming network ng mga monitor ng hangin para malaman kung kailangan naming baguhin ang mga lokasyon ng anumang monitor para mas mahusay na masukat ang kalidad ng hangin sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin. Nagsasagawa rin kami ng mga hakbang para mapahusay ang aming data system sa kalidad ng data, para makumpiyansa ang publiko na maaasahan at secure ang data. Ang mga pagkilos na ito ang mga unang hakbang para maipatupad ang **Estratehiya 4.4 Pahusayin ang Pagsubaybay sa Hangin**.

***Bagong Patakaran para sa Pagdirekta sa Komunidad ng Pondo mula sa Multa***

May pinagtibay ang Lupon ng Mga Direktor na patakaran noong Mayo 2024 para ilaan ang malaking bahagi ng pondo mula sa multa para makatulong sa mga apektadong komunidad. Para sa pinakamalalaking multa, 80 porsyento ng multa ang mapupunta sa komunidad na apektado ng paglabag sa kalidad ng hangin. Makikinabang din ang mas malawak na rehiyon sa mga multa. Kasalukuyan nang ipinapatupad ang makabagong patakaran na ito. Sinusuportahan ng pagkilos na ito ang **Estratehiya 2.8 Pondong Nakadirekta sa Komunidad** at **1.4 Baguhin ang Priyoridad sa Pagpopondo**.

***Pagkilala sa Mga Empleyado at Pagsuporta sa Kanilang Development***

May mga ginawa kaming plano ng pagkilos para kilalanin ang aming mga empleyado para sa kanilang napakahusay na performance at suportahan ang propesyonal na development at pag-unlad ng aming mga empleyado sa kanilang karera. Isinagawa na namin ang mga unang hakbang, pati ang paggawa ng mga paraan para mabigyang-pansin ang mga tagumpay ng mga empleyado, paglulunsad ng programa sa pagkatuto para sa mga supervisor, at pagpapalawak sa aming programa sa mentoring. Sinusuportahan ng mga pagkilos na ito ang **Estratehiya 3.5 Kilalanin ang Mga Empleyado**at **3.6 Suportahan ang Tagumpay ng Mga Empleyado.**

## Naaayon ang Estratehikong Plano sa Mga Plano ng Komunidad

Ayon sa inilarawan sa **Kabanata 1**, inaatasan ng Panukalang-batas ng Asembleya 617 ang estado na piliin ang mga komunidad na makikipagtulungan sa mga lokal na distrito ng hangin na gumawa ng mga plano sa pagsubaybay ng komunidad para sa pagbabawas ng polusyon sa mga komunidad. Mula nang ipasa ang batas, nakipagtulungan na kami sa dalawang komunidad, sa West Oakland at Richmond-North Richmond-San Pablo, na gumawa at magpatibay ng plano sa pagsubaybay ng komunidad at ng mga plano sa pagbabawas ng emisyon. Nakikipagtulungan kami ngayon sa East Oakland at Bayview Hunters Point-Southeast San Francisco sa mga katulad na plano.

Ang mga plano at pakikipagtulungan na ito sa komunidad ang nagbigay ng inspirasyon sa pagtutuunan ng transformation ng *2024-2029 Estratehikong Plano*. Marami na ring ibinatay na estratehiya ng plano sa mga ito; naaayon ang mga estratehiya ng plano o sinusuportahan nito ang mga estratehiya at pagkilos sa plano sa West Oakland at Richmond-North Richmond-San Pablo.

Sa plano sa West Oakland na *Pagmamay-ari sa Ating Hangin*, ipinangako naming iulat ang mga aktibidad sa pagpapatupad at higpitan ang iba't ibang regulasyon. Sa plano sa Richmond na *Daan Tungo sa Malinis na Hangin,* may mga estratehiyang nagpapanawagan ng mas mahihigpit na regulasyon para makontrol ang alikabok, polusyon mula sa siga sa bakuran at pagluluto sa mga restaurant, at aktibidad sa karagatan at tren. Mayroon ding mga estratehiya tungkol sa higit pang imaginative na incentive, pagsasaalang-alang ng paggamit ng lupa at mga cumulative na epekto, pagpapahusay sa pagbibigay ng permit para sa pinahusay na

proteksyon sa kalusugan, pag-minimize ng flaring, pagpapanagot sa mga lumalabag, at pagtiyak na naaayon ang mga resource para matupad ang mga pangako sa komunidad.

Ang marami sa mga pagkilos na kailangan nating gawin para matapos na ipatupad ang *Pagmamay-ari sa Ating Hangin* ng West Oakland at masimulang ipatupad ang *Daan Tungo sa Malinis na Hangin* ay makakatulong sa iba pang komunidad at sa mas malawak na rehiyon. Ang mga ideyang ginawa sa mga pinagtibay na plano ng komunidad ang mga magsisilbi ring building block ng mga plano ng pagkilos para maisulong ang mga estratehiya sa *2024-2029 Estratehikong Plano*.

DRAFT